



Nasaan ang Tunay na Simbahan?



Ang mga Aparisyon ng Pinakabanal na Birheng Maria

Ang El Palmar de Troya ay ang pinakaimportante sa lahat ng lugar ng mga Aparisyon sa simula't simula. Ang mga Aparisyon o Pagpapakita ng Pinakabanal na Birheng Maria sa La Salette, Lourdes, Fatima, Garabandal, at sa iba pang mga lugar, ay para humingi ng panalangin, pagtitika, mga sakripisyo at upang ang tao ay tumigil sa pagkakasala sa Diyos. Sa karagdagan, sa El Palmar, ay ninais ng Panginoon na itayo ang Bagong Banal na Pamunuan ng Simbahan matapos na bumagsak ang pamunuan sa Roma.

Sa La Salette (1846), ang Pinakabanal na Birhen ay umiyak at ipinahayag ang maraming kasamaan na magaganap sa Simbahan at sa mundo, at ang mga parusa sa mga nangungutya at hindi iginagalang ang araw ng Linggo at iba pa: "Nakalulungkot para sa mga Pari at para sa mga taong konsagrado sa Diyos, na kung saan, sa pamamagitan ng kanilang kataksilan at masamang asal, ay muli nilang ipinapako ang Aking Anak! Ang mga namumuno, ang mga umaakay sa mga tao ng Diyos, ay pinabayaan na ang pagdarasal at pagtitika, at ang demonyo ay pinagdilig na ang kanilang isipan: sila ay naging mga lagalag na bituin na kung saan ang demonyo ay hinihila sila pababa sa pamamagitan ng kanyang buntot at nagiging dahilan para sila ay mapahamak. Papayagan ng Diyos ang matandang ahas upang maghasik ng pagkakahati-hati sa mga namumuno; sa bawat sosyedad at sa bawat pamilya ay magkakaroon ng pisikal at moral na paghihirap: Pababayaan ng Diyos ang mga tao sa kanilang sarili at lilinis sila sa pamamagitan ng mga parusa. Ang sosyedad ay magdurusa ng pinakateribleng parusa at nasa gitna na ng nakamamanghang mga pangyayari; huwag umasa na pasusundin sa ibang paraan kundi sa pamamagitan ng pamalong bakal at inumin ang kalis ng galit ng Diyos. Ang masasamang aklat ay nagkalat sa mundo at ang espiritu ng kadiliman ay magkakatatag ng pang-unibersal na pagwawalang-bahala sa mundo sa lahat ng bagay na may kinalaman sa pagsilbi sa Diyos, at makakakuha ng hindi pangkaraniwang kapangyarihan sa kalikasan: magkakaroon ng mga simbahang nakatalaga para pagsilbihan ang mga espiritong ito... Ang tunay na Pananampalataya ay maglalaho at ang huwad na liwanag ay iilawan ang mundo."

Sa Lourdes (1858) Ang Pinakabanal na Maria ay humiling ng panalangin at pagtitika para sa mga makasalanan.

Sa Fatima (1917) noong Unang Digmaang Pandaigdig, ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita sa tatlong mga pastol, nagbigay ng matibay na mga katibayan, sa paraan ng pagpapakita ng dramatikong himala, sa katotohanan ng mga Aparisyon at mga Apokaliptikong Mensahe na Kanyang ibinigay. Ang himalang ito ay nasaksihan ng napakaraming tao na mga peregrino at iba pang nanood na nagtipon sa Fatima noong ika-13 ng Oktobre. Sa mga Mensaheng ibinigay sa Fatima, Ang Pinakabanal na Birheng Maria ay: may kalungkutang nanawagan para sa pagdarasal at pagtitika sa harap ng napakagulong sitwasyon ng mundo, na nalulublob sa imoralidad at sa gitna ng pananalasa ng Unang Digmaang Pandaigdig; hiniling Niya na ikonsagra ang Russia sa Kanyang Imakuladang Puso, at reparasyon sa Kanyang Imakuladang Puso sa bawat unang Sabado ng buwan; Nagbabala Siya na kung hindi masusunod ang Kanyang mga kahilingan bilang ina, ang kamalian ng Russia ay kakalat, at ang Russia kung ganoon ay magiging pasakit o tormento ng mundo, na kung saan ang Diyos ay gagamitin ito upang parusahan ang mundo; maliban dito, inihayag Niya rin na pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig ay may isa pang mas terible. Ang Pinakabanal na Birheng Maria ay naghayag din na, sa bandang huli, ang Russia ay makokonbert tungo sa tunay Pananampalataya. Ang Pinakabanal na Birheng Maria ay naghayag ng ekstra-ordinaryong mensahe, na kilala sa tawag na Secret of Fatima o ang Sekreto ng Fatima, na kung saan ay tinutukoy ang teribleng mga pangyayaring magaganap sa Katolikong Simbahan, na brutal na sasalaulain

ng kanyang sariling mga obispo, hanggang sa puntong ang “freemasonry” o organisasyong kontra sa tunay na Pananampalataya at komunismo ay umakyat sa pinakatuktok at iba pang pinakamataas na puwesto sa Batikano (Vatican); sa ganitong paraan inihayag Niya matagal pang panahon na pagkatapos ng pagiging Papa ni San Pablo VI (Pope Saint Paul VI), ang huling Papa na may Pamunuan sa Roma, ay magkakaroon ng malaking separasyong apokaliptiko sa huling panahon na kung saan ang Roma ay pamumunuan ng mga antipapa, ang nakikitang namumuno ng hudyo-batikanong (judeo-vatican) freemasonry at mga tagapaghanda o prekursor ng antikristo. Nakalulungkot, na ang tunay na Sekretong Mensahe ng Fatima ay kailanman hindi inihayag sa mundo.

Sa Garabandal (1961), bago ang Vatican II conciliabulum, ang Pinakabanal na si Maria ay nagbabala na maraming mga kardinal, mga obispo at mga pari ay nasa daan na patungo sa impiyerno at kasama nila ang maraming mga kaluluwa.

Pagkatapos magkasala ang ating unang mga magulang na sina Adan at Eba, ang Diyos, sa kanilang harapan, ay isinumpa ang infernal na ahas at inihayag na ang Babae, ang Bagong Eba, na ang Pinakabanal na Birheng Maria, ay dudurugin ang mapagmataas niyang ulo, at sinabihan ang demonyo: *“Maglalagay Ako ng mas malaking hadlang sa pagitan mo at ng Babae, sa pagitan ng Kanyang Salinglahi at iyong salinglahi. Dudurugin Niya ang iyong ulo, at ilalagay mo ang patibong para sa Kanyang sakong. Ibig sabihin, ang ulo ng infernal na ahas ay dudurugin ng Babae at ng Kanyang Salinglahi, na si Kristo at ang Kanyang Mistikal na Katawan; at ang infernal na dragon ay ililigaw ang sakong ng Babae, na ang Militanteng Simbahan sa Lupa, sa pamamagitan ng panlilinlang, tukso at panghahalina o pang-aakit.*

Ang mga kaaway ng Simbahan

Ang salinglahi ni Satanas ay inatake ang Simbahan, ang salinglahi ng Pinakabanal na Birheng Maria, sa bawat henerasyon, sa pamamagitan ng paggamit ng mga kamalian at sandatahang lakas; ganoon din ang nangyayari sa modernong panahon. Ang salinglahi ni Satanas ay may doktrinang salungat sa Ebanghelyo; ito ay ang doktrinang tinatawag na rasyonalismo o naturalismo kasama ang lahat na kaakibat nitong mga mali na natatakpan sa ilalim ng mas modernong pangalan ng liberalismo. Ang salinglahing ito ni Satanas ay may sinusundang panuntunan laban sa Katolikong Pagpari, na kung saan ay kinontra ito sa pamamagitan ng naturalismo: na mga sekretong sosyedad o samahan sa ilalim ng pangkalahatang pangalan ng “freemasonry”, ang prinsipal na kaaway ng Simbahan. Sila ay nakamaskara sa ilalim ng mapanlinlang na pagkukunwari sa pamamagitan ng mga samahang pangkawanggawa, itong sosyedad o samahan ng kadiliman ay ang tagpuan o sentro ng lahat ng kontra sa Diyos, ng lahat ng masasama at lahat ng iskandalo ng naturang mga sekta. Ang Freemasonry, ayon kay Papa San Pius IX, ang Dakila ay ang Sinagoga ni Satanas. Ang lihim na samahang ito, ay inorganisa sa ilalim ng pamamahala ng mga hindi nakikitang namumuno, ay may layuning sirain ang Simbahang Katoliko, ang pamilya at ang Kristiyanong sosyedad, upang magtayo ng bagong sosyedad base sa prinsipyo ng naturalismo. Upang maisakatuparan ang kanilang layunin, gumagamit sila ng ipokrisiya, kasinungalingan, korupsiyon at bayolensya. Ang Freemasonry, kriminal sa kanyang layunin at sa kanyang mga pamamaraan, ay kinondena ng lahat ng mga Santo Papa mula kay Clemente XII noong 1738 hanggang sa kasalukuyan. Ang mga Papa ay naghayag ng parusang ekskomunyon laban sa mga miyembro ng lihim na sosyedad at laban sa lahat ng pumapabor sa kanila.

Ang tunay na layunin ng freemasonry o masonry ay sirain ang Relihiyon ni Hesukristo, ang Simbahang Katoliko, upang makapagtayo ng malayang kaisipan sa lahat ng dako, kaakibat ang malayang moralidad,

ganap na naturalismo sa pamilya at sa sosyedad, na tinatawag ng Freemasonry na kalayaan, pagkakapantay-pantay, pagkakapatiran at bagong order ng mundo.

Ang pangunahing sandatang ginagamit ng freemasonry upang sirain ang Simbahan ay ang korupsiyon ng moralidad, kung kaya't ang masasamang aklat ay lumaganap, ganoon din ang malalaswang pelikula, telebisyon at iba pang media, upang malublob ang tao sa kalayaan at bisyo. Sa pamamagitan ng kasinungalingan, ang masamang media sa panulat ay ginagawang korapto ang espiritu at sinisira ang puso. Sa ilalim ng tabing ng siyensya, inaatake nito ang mga turo ng Simbahan nang walang humpay, sa paraang pagpapasinungaling o sa pagtrato dito bilang katatawanan. Sa ganitong paraan patuloy nitong sinisira ang buong edipisyo ng Katolikong Pananampalataya paunti-unti, at umaasang matatamo ang kamatayan ng Kristiyanidad; kung kaya't ang freemasonry sa katotohanan ay nagpapalaganap ng: *pagkasira ng Relihiyon*, pagkawala ng Pananampalataya at supernatural na buhay sa milyones na mga kaluluwa; *pagkasira ng moralidad*, na konsekwensya ng pagdami ng kawalan ng relihiyon, sa pamamagitan ng nakahahawang gawain ng mga sosyedad, sa pamamagitan ng kanilang maruruming pahayagan, ng mga masonikong batas ng mga sekular o organisadong mga paaralan.

Ang taktika ng mga sekta ay gumapang papasok sa lahat ng uri ng bawat sosyedad, abusuhin ang espiritu nito at gawin itong instrumento para sa kanilang mga plano. Dahil sa ang kanilang prinsipal na layunin ay wasakin ang Simbahang Katoliko, ay napag-aralan na nila ng masusi ang paraan para sila ay makapasok sa herarkiya ng Simbahan nang sa gayon ay wasakin ito.

Ang “masterplan” upang wasakin ang Banal na Simbahan

Ang unang hakbang ng Freemasonry ay ipakilala ang mga kasapi nito sa kandungan ng Banal na Simbahan upang masabotahe ito galing sa loob. Sila nga ay nagtagumpay na magkaroon ng libong mga freemasons, komunista at hudyo na naordinan bilang mga paring romano katoliko at sila'y namahala sa mga parokya, episkopal sekretaryat, buong diyosisis, at nakarating sa pagiging Obispo. Ang iba ay nagtagumpay na maitalaga bilang mga kardinal. Nang mawasak na ang Simbahang Katoliko ng kawan ng mga nakamaskarang mga kaaway sa loob, ang pundasyon ay inilatag upang maisagawa ang isa sa mga pinaka-makademong plano, hindi kapani-paniwalang panlilinlang at walang kinatatakutan, na tinawag ng mga freemasons na “ang masterplan” o pangunahing plano. Ito ay pangmatagalang panahong plano, na umabot ng maraming taon ng masusing trabaho, at hindi kapani-paniwalang naging matagumpay: nagtagumpay itong wasakin ang Romano Katolikong Simbahan, na noon ay ang tunay pang Simbahan, ang Simbahan ng Diyos. Ang mga nakapasok na kaaway ay naghasik ng huwad na kabanalan na kung saan ay nagkaisa ang mga Katoliko at mga protestante sa isang huwad na paniniwala sa pag-ibig, kung kaya nahawa ang magagandang mansanas sa mga dati nang puno ng pagkabulok. Ano ang natamo nila? Ang pagkawala sa kaisipan tungkol sa kasalanan, ang materyalistikong mundo, walang pananampalataya, walang pag-asa, walang pag-ibig sa Diyos, ang mundo na nakatalikod sa kanyang Diyos at Tagapaglikha, at tumatanggi na pagsilbihan Siya.

Ang mahirap na plano upang wasakin ang Simbahan ni Kristo ay isang “masterpiece” o klasikong plano upang durugin ang Katolikong Simbahan mula sa pundasyon nito hanggang sa itaas. Marami ang nag-ingay upang makaalarma, subalit ang mga mabuting Kristiyano ay nabigong buksan ang kanilang mga mata sa tamang panahon.

Tunay na totoo, sa nakaraang mga siglo, ang mga kalaban ay nakapasok sa Simbahan at nakagawa ng pagkasira. Subalit, salamat sa mapagmatyag na mga banal na Obispo, sila ay natalo. Datapwa't sa ika

dalawampung siglo, dahil sa ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagbabala sa La Salette, “ang mga namumuno, ang mga umaakay sa tao ng Diyos, ay pinabayaan na ang pagdarasal at pagtitika, at ang demonyo ay pinagdilig na ang kanilang isipan: sila ay naging mga lagalag na bituin na kung saan ang demonyo ay hinihila sila pababa sa pamamagitan ng kanyang buntot at nagiging dahilan para sila ay mapahamak”. Sa aktibo o hindi aktibong kooperasyon ng pabayang herarkiya at sa harap ng paningin ng imoral at pabayang mga Kristiyano, ang freemasons na nakapasok na sa Simbahan ay nagagawa nila ang kanilang nais at nakakawala nang hindi napaparusahan.

Ang Vatican II Council ay ipinatawag ni Papa San Juan XXIII sa harap ng teribleng mga pangyayari na inihayag sa Sekreto ng Fatima at gayundin dahil ang Norte Amerikanong FBI director na si J. Edgar Hoover, ay binalaan ang Papa na marami nang komunistang ahente ang nakapasok na pari sa Katoliko na umaabot na ng mga sampung libo at humigit pa sa buong mundo. Ang Papa, ay naalaala ang Mensahe sa Fatima, ay naramdaman niya ang inspirasyon ng Espiritu Santo ay nagpatawag ng Konseho (Council) at umasang sa pamamagitan nito ay mailantad at maremedyohan ang kasamaan. Kahit ang Konseho ay ipinatawag ni Papa San Juan XXIII na inspirasyon ng Espiritu Santo, sa sandaling panahon ang positibong mga layunin nito ay nakurapto o nabahiran ng kasamaan sa ilalim ng mapang-aping impluwensya ng malaking proporsyon ng mga freemason at mga progresibong mga pari sa konseho at dahil sa kaduwagan at respeto umano sa tao ng ilang mga tradisyonal, hanggang sa umabot sa hayagang pagkakamali at nakalilitong kongklusyon; sa paraang ito ay nagpapakita na ang Espiritu Santo ay pinatalsik sa bulwagan ng Konseho upang bigyang daan si Satanas.

Kung kaya’t ang vatican council II, kung ang pagbabasehan ay ang progreso at kongklusyon nito ay hindi gawa ng Espiritu Santo, kundi ng demonyo. Subalit sa ibang nilalaman ng konseho ay may ilang bagay na may magandang turo, ito ay lahat nahahaluan ng nakakatakot na heresiya at walang katiyakan; sapagkat sa pagtatakip sa masama sa paraang ito, ang freemasonry ay ginawa itong mas madali para sa linalaman ng konseho upang tanggapin, at sa paraang ito ay nakuha nila ang hindi makatwirang layunin nang mas madali. Ang vatican council II, sa mga kasulatan, sa kanyang heresiya, nakalilito at magkakasalungat na layunin nito na pinangunahan ng mga freemasons at progresibista, ay hindi makatarungan, nakasisira at kasumpa-sumpa, at kung kaya ito ay idineklarang isang conciliabulum, walang anumang awtoridad o kinalaman galing sa Simbahan.

Dapat nating isaisip na kung mayroon mang isang pagkakamali sa doktrina ng Simbahan, kung ganoon ang Simbahan na iyon ay hindi na ang tunay. Sa mga nasabi na, tayo ay walang anumang balak na dungisan ang prominente at perpektong kapangyarihan o mabuting pananampalataya nina Papa San Juan XXIII at Papa San Pablo VI, na namuno sa Simbahan sa panahon ng conciliabulum na ito; sapagkat, sa panig ng naunang Papa, Juan XXIII, ang kanyang mga kalaban ay sinamantala ang kanyang sobrang katangian bilang ama, kabaitan at positibong pananaw sa halip na samantalain ito para sa kanilang konbersyon; at para sa pangalawa, Pablo VI, alam na natin na siya ay naging biktima sa Batikano ng freemasonry, na ipinasailalim siya sa madalas na pagkawala sa katinuan sa paraan ng mga droga, at nagtagumpay sila na makuha ang kanyang inosenteng kamay upang lumagda sa mga panahong hindi nararapat, subalit sa karamihang kaso ay pinapalsipika nila ang kanyang lagda. Ang kaunting mga pahina sa mga dokumento ng vatican II na naglalaman ng tunay na tradisyonal na doktrina ay walang alinlangang gawa ng ilang matapang na mga pari sa konseho. Ang Banal, Dakila at Dogmatikong Unang Konseho ng Palmarian (Holy, Great and Dogmatic First Palmarian Council) ay idineklarang walang bisa at imbalido ang vatican council II, at binura ito sa listahan ng mga Banal na Konseho ng Simbahan, sapagkat ito ay maibibilang na isa sa mga tinatawag na conciliabulum o gawa ng demonyo.

Ang mga nakapasok na kaaway ay nanguna sa lahat ng mga pagbabago sa liturhiya at tradisyon. Sa ilalim ng pagkukunwari na alisin ang mga lumang kinagawian at ibagay sa kasalukuyang panahon ang Simbahan, sinikap nilang maging moderno siya upang maakit ang mga “nahiwalay na mga kapatid”. Inalis nila at pinalitan ang Katolikong Simbahan para sa tinatawag na unibersal na simbahan kasama ang lahat ng mga simbahan, pinag-isa, na kung saan ang mga hudyo, mga muslim, mga hindu at iba pa ay magiging kasama. Ang una at tanging kautusan nitong “Unibersal na Simbahan” ay “mahalin mo ang iyong kapwa tulad ng iyong sarili”. Ang Diyos ng lahat ng kabutihan ay magpapatuloy at mamalagi, subalit ang Diyos na napakabuti kaya hindi Siya nagpaparusa; at dahil hindi Siya makapagparusa, sa madaling panahon Siya ay makakalimutan ng lahat; Dahil ang Diyos na hindi nirerespeto, na hindi kinatatakutan, ay nakakalimutan. Subalit ito ang kabuohang layunin ng plano. Ang plano ay simple: maghasik ng maling kabanalan ng pagkakaunawa sa mga hindi katoliko, lumapit sa mga hindi katoliko, buksan ang pintuan ng Simbahan sa mga hindi Katoliko, alisin ang mga bagay “na hindi importante” na maaaring makasakit sa kanila, alisin ang kamalayan ng misteryo sa pagsamba sa Diyos at kay Kristo, sa pagmamahal sa Pinakabanal na Maria, at sa lahat ng bagay na kaakibat ang titulong ‘Katoliko’.

Sa masonik na plano na sirain ang Simbahan, kailangan nilang magsimula sa kaunti, mas simple, mga bagay. Ito ay planong dumaan sa mahabang mga taon, gumagawa nang may kadalasan at, higit sa lahat, ang paghingi ng pakikipagtulungan ng mga Obispo, mga Pari at mabubuting mga Katoliko. Laging sa ngalan ng ‘pagmamahal’ o love”, ng ‘pagkakawanggawa’. Kahit ang salitang ‘love’ o ‘pagmamahal’ ay paulit-ulit na rin, dahil, natural, ito ay tumutukoy sa kapwa, subalit ito ay may kinalaman sa pagmamahal sa Diyos, kay Kristo at pagmamahal sa Birhen at sa mga Banal. Kung kaya pinili nila ang salitang ‘love’ o ‘pagmamahal’, dahil sinasabi nila na ito ay pareho, at maliban dito, ang salitang pagmamahal o ‘love’ ay mas moderno, madaling maintindihan ng mga tao at maaaring mapag-isa ang lahat na mas malapit sa isa’t-isa. Bigyang pansin ang hindi mabilang, perpekto at pagka -ekstraordinaryo ng planong ito, simpleng makaimpiyerno, na humantong sa pagkakaalis sa trono ni Kristo at ang pagkawasak ng Simbahan ni Kristo, sapagka’t ang pag-ibig o pagmamahal sa kapwa ay hindi maaaring manatili kung wala ang esensyal na pundasyon ng pag-ibig sa Diyos, tulad ng masusing pagkakaalam ng mga pumasok na kalaban.

Para sa salitang ‘kabanalan’ pinalitan nila ito ng ‘pagkakaunawaan’, na nangangahulugang pareho tungkol sa iba, ang mga kapatid, subalit hindi isinama ang kahulugang pakikiisa sa Diyos, kay Kristo, sa Birhen, at iba pa. Sinabi nila na ang kabanalan ay kasintunog ng pagmamahal, na ang mga *beata* ay mga walang magawa kundi pumunta sa simbahan para magpalipas ng oras. Ang lumang Katolikong mga Himno ay nangawala, nagdala sila ng mga himno ng mga protestante at mga nakatutuyang mga kanta, dahil ang sabi nila ang mga tradisyonal na himno ay masyadong ‘sentimental’.

Ang kanilang plano ay binubuo ng simpleng pagpapatupad ng pagmamahal at pagsamba sa tao at pag-aalis ng pagmamahal at pagsamba sa Diyos. Ito ang kanilang dahilan: ‘Sa sandaling mawala ang pagmamahal sa Diyos, hindi na maaaring magmahalan ang mga tao, sa halip ay kasusuklaman ang bawa’t isa’. Sa paraang ito ang kanilang layunin ay upang mabago ang una at pinakadakilang Kautusan sa Batas ng Diyos, na nagsasabing “Mahalin mo ang Panginoon mong Diyos ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, at ng iyong buong isip, at ng iyong buong lakas.” Ang plano ay napakamapang-akit, dahil ang lahat ay gagawin sa ngalan ng malaking layunin: ‘pagmamahal sa kapwa’. At sa pamamagitan ng mapangumbinsing talatang ito, ay agad na nilang nakamtan ang suporta ng mga mabubuting Katoliko, ng mga Pari at ng mga Obispo, sa layunin nilang matapos na ang pagmamahal sa Diyos, ang pagmamahal na siyang pinagmumulan ng lahat ng pagmamahal, at sa wala maliban sa ngalan ng ‘pagmamahal’. Sa ngalan ng pagmamahal, sila ay nagpupunla ng pagkasuklam sa esensyal: Ang Pagmamahal sa Diyos.

Una sa lahat kasama sa plano ang pag-alis sa tao ng mga bagay na panlabas, na sinasabing ang mga ito ay “hindi mahalaga”, na ito ay nakakasakit o nakakainsulto sa pananaw ng kanilang mga “nawalay na mga kapatid”, ang mga hindi katoliko. Maliban sa pagkontra nila sa mga abito, may plano ring isaisangtabi ng mga tao ang kanilang mga medalya, mga eskapularyo, mga rosaryo, at iba pa.

Ang plano ay pinalabas nilang ang lahat ay “higit na mahalaga”, dahil ang mga bagay na ito na itinuturing nilang walang halaga, ang mga iyon ay humihinga ng pagmamahal sa Diyos., kay Kristo at para sa Birhen... na para sa kanila ay nararapat na alisin sa sosyedad. Tungkol sa eskapularyo at sa medalya, ito’y madali, ang sabi ng mga pumasok ng kaaway: ipagpilitan na ang mga ito ay mga bagay ng mga *beata*, panlabas na mga bagay, mga bagay na “walang halaga”, subalit nakakasakit sa mga ideya ng mga “kapatid” nilang protestante; kung kaya mas mabuti kung aalisin na lamang ang mga ito, huwag gamitin ang mga ito, at sa ganitong paraan mas madali para sa mga protestante ang lumapit sa Simbahan.

Mahigit sa tatlumpong Papa ang nagrekomenda ng eskapularyo ng Bundok ng Karmel, ang gumamit nito, nagpalaganap nito kaakibat ang magagandang salita na pwedeng gamitin galing sa bokabularyo ng tao. Daang libong mga Pari at mga Obispo ang mainit na nagrekomenda nito sa loob ng pitong siglo at milyones na mga Katoliko ang nagsuot nito. At kapagdaka, wala nang nagsasalita tungkol dito; Kapag ang isa ay pumunta sa simbahan para magkaroon ng eskapularyo at walang makukuha, o walang sinuman ang mag-aaksaya ng panahon para gumawa ng mga ito. Parang isang madyik, wala nang eskapularyo, na parang ang mga ito ay wala nang silbi, na para bang ang mga ito ay para sa mga *beato*. Ang mga pumasok na kaaway ay tila totoong nagtagumpay na tungkol sa eskapularyo. Subali’t ang eskapularyo ay patuloy na pangunahing sandata ng Ating Ina, ang mapagmahal na kahinaan ng Birhen para sa Kanyang mga anak.

Alisin ang mga Sotana at mga Abito! Dapat ang mga Pari at mga Madre ay iwanan na ang kanilang mga abito at mga katulad. Ang lahat na ito na panlabas na mga bagay na “hindi kinakailangan”, ay mga testimonya sa mga buhay na iniukol sa lahat ng panahon na pagiging malapit sa Diyos, kay Kristo, sa Birhen... at ito ang mga unang inaalís, dahil ang mga abitong ito ay nagsisilbing katunayan sa mga buhay na konsagrado sa Diyos. Bawa’t abito ng madre sa kalsada ay nagsusumigaw galing sa buhay na isinuko para sa pag-ibig sa Diyos, isang tahimik na pagsigaw, subalit permanente, na ang Diyos at ang Kanyang Simbahan ay nananatili sa ating siglo, galing sa daan libong mga taong handang isakripisyo ang kanilang nag-iisang buhay para sa pag-ibig kay Kristo. Ang Freemasonry ay nagplanong mabuti at ipinagmamalaki na nagamit nila mismo ang vatican council II para isagawa ito. Ang plano ay nagsimula sa pagsasabing ang mga abito ay nilipasan na ng panahon o luma na; sa ikalawang banda, upang ikalat ang ideya na kung sila ay nakadamit bilang ordinaryong tao, ang mga Pari at ang mga Madre ay maaaring makihalubilo sa mga pagtitipon na kung saan ang abito ay magiging hadlang na naghihiwalay sa mga protestanteng mga “kapatid” sa mga Katoliko. Walang duda ang kanilang malaking tagumpay, sapagka’t kahit ang mga Madre o ang mga Pari ay hindi na nakikita sa mga kalsada o kahit saan man. Iyan ang unang parte ng plano; ang pinal na parte ay ang tunay na hindi na sila mananatili., na ang tao ay tuluyang makakalimutan ang larawan ng Pari o ng Madre; at dahil hindi sila nakikita, ay hindi na alam ng kabataan na sila ay nabubuhay at kung kaya hindi maisip ng sinuman na maging Pari o Madre. Ang larawan ng isang lalake na isinasakripisyo ang kanyang buong buhay para kay Kristo ay tuluyan nang mawawala.

Interesanteng makita kung anong uri ng mga tao ang mga ginamit sa planong ito, sapagka’t ito ay katapangan sa pinaka-hindi halatang uri: Ginamit nito ang mga mabubuting Katoliko, mga Pari, mga Madre, mga Obispo.... upang wasakin ang pagpari. . . subalit tatalakayin natin ito ng detalye sa bandang huli.

Ang plano ay upang alisin din ang mga Madre sa kanilang mga kumbento. Ilagay sa kanilang isipan na ang kanilang mga “kapatid” sa kalsada ay nangangailangan sa kanila, na ang isang Carmelite ay mas makakagawa ng mas maganda sa pag-aalaga ng mga may sakit at pagpapatakbo ng mga paaralan, at iba pa. Ang plano ay mukhang tunay na nakakamangha, nakakaakit ng pinakamatalino. Sino ang hindi matitinag sa importanteng panawagang mahalin ang kapwa, na alagaan ang mga nagdurusa, ang mga umiiyak, ang mga nangangailangan, kung si Kristo mismo ang nagdurusa at umiiyak kapag ang ating “kapatid” ay nagdurusa at umiiyak?

Dito nagkaroon sila ng malaking tagumpay. Maraming kumbento ang nawala na ang pagiging kumbento. Iyong mga moog ng pag-ibig sa Diyos ay nawala na. Ang Freemasonry ay nais na mawasak ng tuluyan ang mga kumbento, dahil alam nila ng lubos na ang mga ito ay nag-aalab na apoy ng pag-ibig para sa Diyos at para sa Kanyang Pinakabanal na Ina! Dahil alam nilang mabuti na ang mga kaluluwang iyon ay nakalibing nang buhay para kay Kristo ay ang apoy na patuloy na nagpapalagablab sa Sangkakristiyanuhan. Sa labas sa mga kalsada, iyong mga hindi natitinag na mga moog ay nawala na; sa pananamit nila bilang ordinaryong tao napagtanto nila na maaari nilang “mahalin” ang kanilang mga “kapatid” ng mas maigi na hindi nila kailangang maging isang Madre. Ang plano ay humantong sa paglalagay sa tao sa pedestal ng Diyos at isipin ng mga tao na ang tao ay diyos.; kung ang Diyos ay wala, hindi na kailangang sambahin Siya, hindi na kailangang isakripisyo ang buong buhay ng tao para sa Diyos, subali’t para sa tao na bagong diyos.

Ang mga kumbentong nakapaloob ay dating hindi natitinag na mga kastilyo ng pag-ibig sa Diyos, at ang kanilang pagkawasak ay kinakailangan para itanim ang unang kautusan na “pag-ibig” para sa kapwa, na kalimutan ang pag-ibig para sa Diyos. Ang bawa’t Pari o Madre na nakasutana o abito, na naglalakad sa syudad, dati ay isang naghuhumiyaw na pag-ibig para sa Diyos at para sa kapwa, mas mabuti kaysa sa libong mga diskurso o libong “gawa” ng pagkakawanggawa; sila ay buhay na patotoo sa pag-ibig para kay Kristo na tunay na nananatili sa kanilang buhay at ipinapakita sa mundo na ipinagmamalaki nila kung ano sila.

Ganoon din inalis nila ang obligasyon na pinasimulan ni San Pablo para sa mga babae na takpan ang kanilang ulo sa loob ng simbahan na gustong palabasing ito ay “hindi mahalaga” na tanggihan ang mga gabay at turo ng mga Apostoles.

Ang mga pagbabago sa Misa ay nagsimula sa kalagitnaan ng mga 1960’s. Ito ay sinimulang planuhin ng vatican freemasonry gamit ang mga Sagradong Kongregasyon ng mga Ritwal. Ang mga pagbabagong ito ay ipinadala sa lahat ng arkdiyosises sa mundo sa isang limbag na kasing liwanag tulad ng halaga nito, at galing doon sa lahat ng mga parokya sa mundo. Bawa’t linggo o halos kada linggo, itong mga “pagbabago galing sa Roma” ay nakikita. Ang una sa mga pagbabagong ito, anong pagkakataon! ay ang alisin ang panalangin kay San Miguel na binibigkas ng Pari sa paanan ng Altar pagkatapos ng Misa. Pagkalipas ng ilang taon, ang ‘misa’ ay naging hindi na mapapansin bilang misa at nakalilito na bilang sakripisyo, na dumating sa tuluyang abolisyon ng tunay na Misa noong Nobyembre 1969, nang ang Walang Dugong Banal na Sakripisyo na kung saan ang Kalbaryo ay tunay na namamalagi at ang Banal na Dugo ay ibinubuhos para Tubusin ang sangkatauhan ay pinalitan ng heretikong “novus ordo missae”, na isang bangkete o hapunan, at kung gayon ay peke o hindi totoong misa:

Ang Banal na Misa ang pinakasentro ng plano. Hindi nila sinubukang alisin ito ng isang bagsak lamang o sa pinakamabilis na paraan, dahil iyon ay imposible, subali’t mayroon silang natatanging estratehiya ng atake, malinis na huwad sa puntong sumusunod:

Ang buong atake ay napapaloob ang pag-alis ng kanyang sagradong importansya tulad ng walang dugong pagreporma ng Sakripisyo sa Krus, at ibinaba ito sa isa na lamang salu-salo ng magkakapatid. Sinasabi ng plano na: Ang mga Kristiyano ay nagsasabi na ang Misa ay isang bangkete, na kung ganoon ay iginigiit naming, ito ay ganoon nga lamang, isang bangkete o salu-salo ng magkakapatid. Sa paggawa nito ay nagsuhestiyon sila ng maraming mga detalye; ang bawa't isa sa kanila, sabi nila, ay parang wala namang inalis sa Misa, subali't ang lahat pag pinagsama-sama, ito ay magiging bangkete ng "magkakapatid"; at kung ang Sakripisyo ng Kalbaryo ay mawawala sa Banal na Misa, ang pagkakapatiran ay mawawala rin, tulad ng bantayog na nagigiba kapag inalis ang suporta. Una sa lahat, mga simpleng bagay, at mukhang makatuwiran: na mag Misa sa lokal na lengwahe ng mga tao, upang lubos na magkaunawaan ang bawa't isa sa bangkete. Sa paraang iyan, ang sabi ng plano, magtatagumpay silang maalis ang mga bagay na sagradong misteryo ng Misa.

Ang Misang nakaharap sa tao, at ang Pari ay nakatingin sa kongregasyon. Ito ay magiging madaling tanggapin, ang sabi ng plano, sapagka't ang Pari ay hindi maaaring nakatalikod sa kanyang mga kasapi ng parokya! Sa napakasimpleng panloloko, ang plano ay pinuntirang makuha ang mas mahalagang bagay. Unang-una na ang Diyos ay hindi gawing Sentro ng Misa, sa halip ay tao; na ang Pari ay hindi dapat nakatingin sa Diyos dapat sa tao. Noong nakaraan, ang Pari ay hindi nakatalikod sa mga Kristiyano, subalit nakaharap sa Diyos, tulad ng lahat ng mga Kristiyano: ang nakaupo sa ikalawang hanay ng upuan ay hindi nakatalikod sa taong nasa pangatlong hanay ng upuan, subali't nakaharap sa Diyos.

Ang esensyal na pangangailangan para sa Pagmisa ay dapat laging ang Altar ay may Krusipiho. Subalit ngayon na ang Pari ay nakaharap sa publiko, ang Krusipiho ay nakaharap sa Pari, subalit nakatalikod sa mga Kristiyano, kung kaya ang Krusipiho sa Altar ay kalabisan. Sa Altar ay lagi nang may mga relikyang mga Santo, subali't ngayon ay basta na lang isang simpleng lamesang gawa sa kahoy, o kahit na ano! Sapagka't ito ay ginawa na ngang bangkete. Ang layunin ay alisin sa Banal na Misa ang lahat ng amoy ng "kabanalan".

Igiit ang pagiging natural, ang sabi ng masonikong plano. Alisin ang mga pagluhod na gamit ang isang tuhod (genuflections), at hayaan ang bawat pari na gumamit ng anumang salita na gusto niya, at gawin ang mga galaw na pinakagusto niya, basta lumuhod siya na gamit ang isang tuhod (genuflection) sa Konsagrasyon; ang lahat ng iba pa ay kalabisan, kailangan niyang gumawa ng bagay sa paraang gusto niya. At patuloy na gamitin ang hinlalaki at hintuturo sa ibang bagay pagkatapos ikonsagra ang mga ito. Ang ideya ay dahan-dahang alisin ang lahat ng misteryoso at sagrado.

Dapat ay may pagbabasa, at upang lumabas ng mas tulad sa protestanteng serbisyo, ang sabi ng plano; ang ideya ay para mabawasan ang Sakripisyo sa Kalbaryo hangga't maaari, at dapat hindi ito ang maging sentro. Dapat mas maraming salita, maraming pagkanta, na ang magkakapatiran ay magbatian sa bawa't isa, humingi ng kapatawaran... igiit ang lahat na kung saan ay makakalimutan nila ang Diyos, ang pagsamba sa Diyos... Hayaan silang sumamba sa tao! Mapapansing ang plano ay punong-puno ng kademonyohan, base sa mga mabubuting bagay, subali't may layuning alisin ang pagsamba sa Diyos, kalimutan ang Sakripisyo ni Kristo... at kung nawasak na ang pundasyon, "ang bantayog ng pagkakapatiran ay babagsak".

Ang Tabernakulo ngayon ang problema, dahil sa ang Pari ay nakaharap sa publiko, siya ay nakatalikod sa Tabernakulo. Kung ganoon mas mabuting alisin na lamang ang Tabernakulo sa gitna ng Simbahan at ilagay ito sa isang sulok, at kung gayon ang Pari ay hindi nakatalikod dito habang nagmimisa. Sa paraang ito, sabi ng plano, aalisin natin ang mga Tabernakulo sa gitna ng Simbahan. Iyon ay napakalaking

hakbang... Paunti-unti igiit ang isyu ng bangkete, na alisin si Kristo at tipunin ang mga “kapatid” sa samahan.

Sa madaling salita ito ay pagtitipon ng mga magkakapatid, subali’t walang pagsamba sa Diyos, walang pagpapasalamat sa Diyos. Ang isang bangkete ng “magkakapatid” ay matatamo, subali’t ang Sakripisyo ni Kristo ay makakalimutan. Ipagpilitan ang pagmamahal para sa protestanteng mga “kapatid”, at ang Misa ay magmukhang mas malapit sa protestanteng serbisyo, sa paraang ito ay mas madaling maakit ang mga “nawalay na mga kapatid” sa Simbahang Katoliko, ang kabaliktarang sabi ng masonikong plano.

Ang pagkomunyon nang nakatayo at sa kamay! Ang buong layunin ng plano ay upang alisin sa tao ang pag-ibig sa Diyos, dahil ang katuwiran ng plano na kung sa bandang huli ay walang nagmamahal sa Diyos, wala na ring magmamahal sa kapwa; ang pagmamahal sa kapwa ay hindi mangyayari nang walang dahilan, ang pagmamahal sa kapwa ay imposible kung walang pagmamahal sa Diyos. Ang Eyokaristiya ay sentro ng Katolisismo, ang sabi ng plano, sapagka’t ito ay walang iba kundi sa Kristo na naging Tinapay para sa pagmamahal sa mga tao! Hindi dapat itong mawala sa isang iglap, sapagka’t walang Katoliko ang tatanggap nito, kung kaya ang plano ay nagmungkahi ng makasataniko subali’t eleganteng estratehiya ng pag-atake: una sa lahat, alisin hangga’t maaari ang lahat ng sagradong aspeto ng Eyokaristiya; na ang mga tao ay huwag nang lumuhod sa pagtanggap ng Komunyon, halimbawa, sa pagdidiing ito ay isang pagkain at dapat ay tanggapin sa isang normal na paraan. Ang pagtanggap ng Komunyon sa kamay ay makatutulong din para maalís ang misteryoso, makadiyos, sagradong kalidad... ito ay isang pagkain..., walang mga misteryo, walang anumang nagpapahayag ng kabanalan, subali’t natural, kakainin, ngunguyain... na dapat gawin tulad ng Huling Hapunan ni Kristo. Ang unang yugtong ito ay binalak ng mabuti para makumbinsi ang sinuman: igiit na gawin ang tulad ng ginawa ni Kristo... kainin ito sa karaniwang paraan... ito ay nakakakumbinsi ng maigi... subalit ang layunin ay subukang alisin ang kahalagahan ng Eyokaristiya!

Ang pinakaimportanteng punto sa parteng ito ng plano, at ito ay ang pangalawang punto, ay ang makamtan na si Kristo ay hindi na ang magiging sentro ng Eyokaristiya, subali’t ipagpilitan na ang Eyokaristiya ay isang hapunan ng pagsasamahan, isang bangkete para sa pagkakaisa ng mga Kristiyano, na kung saan sila ay nagtitipon para mahalín ang bawa’t isa. Ang pangalawang parteng ito ay ang pinakaimportante, na palitan ang kahulugan ng Eyokaristiya, ang paulit-ulit na iginigiit, at nagpapakita kung paano kadali itong makamtan: igiit ang elemento ng pagkakapatiran, ng pagkakaisa, ng pagtitipon ng magkakapatid... at patuloy na kabaliktarang sinasabi: “Hayaang ang “magkakapatid” ay magtipon at “mahalín ang bawa’t isa”! Sa sandaling ang kabanalan ay hindi magtagumpay sa kanila, ang mga “kapatid” na iyon ay mauwi sa hindi pagkakaunawaan sa bawa’t isa, at sa bandang huli ay mag-aaway ng away na “magkakapatiran”.

Upang maabot ang esensyal na layunin, ang plano ay nagmungkahi ng maraming ideya para matulungang mawala ang “sagradong” kalidad ng Eyokaristiya, tulad ng pag-alis ng eksposisyon ng Banal na Sakramento dahil hindi nito kasama ang anumang “bangkete” ng mga “kapatid”. Nagpanukala ito ng mga Misa at Komunyon sa mga pribadong bahay, upang sa pamamagitan nito ay maalís ang “sagradong” kalidad ng Simbahan, ng Eyokaristiya; ito ay hindi agad mawawala sa isang iglap, ang sabi ng plano, subali’t ang lahat ay makakatulong upang mawala ang “sagradong” kalidad ng Eyokaristiya at gawin itong ordinaryong pagtitipon ng mga kapatiran.

Ito rin ay nagmungkahi na huwag nang gamitin ang plato (paten) sa Komunyon sa pagbibigay ng Banal na Komunyon dahil, ang paliwanag nila, na dapat sabihin na, kung may mahulog mang maliliit na durog o

parte ng Ostiya, ay walang problema; ang Diyos, sa kalahatan ay naroroon kahit saan. Ang plano ay lubos na makaimpiyernong kasamaan, nagmumungkahi ng mga bagay na mukhang makatuwiran, na sa madaling salita ay walang iba kundi napakalaking mga kasinungalingan na nadadamitan bilang mga katotohanan.

Alisin ang Birhen at ang mga Santo! Ito ang isa sa mga unang hakbang ng “masterplan”: igiit na tanging ang Diyos lamang ang dapat sambahin, hindi ang Birhen o ang mga Santo. Ang plano ay napakaingat sa bagay na ito. Sinasabi nito na ang mga Katolikong may pagkaunawa ay alam na maigi na ang Katolikong Simbahan ay sumasamba sa Diyos lamang, at gumagalang sa mga Santo bilang mga kaibigan ng Diyos, na hindi sila sinasamba. Ito ay magiging madali na hayaang isipin ng mga simpleng tao na ang Katolikong Simbahan ay sumasamba sa mga Santo, na inilalagay sila sa kanilang mga Altar, at iyon ay napakasamang bagay; sapagka’t ang pagsamba ay nararapat lamang sa Diyos. Tungkol sa mga Santo, napatunayan ng plano na ito ay matagumpay sa maraming lugar. Sa karamihan ng mga simbahan ay wala nang mga santo sa mga Altar; sa bawa’t lugar nagbibigay sila ng ibat-ibang dahilan, subalit ang katotohanan ay nawala na ang mga Santo sa maraming mga Simbahan.

Tungkol sa Pinakabanal na Birhen, sa pagsasama-sama ng iba’t-ibang mga kristiyano umanong mga simbahan o ekumenikal na conciliabulum ang plano ay nagkaroon ng libong argumento para alisin Siya sa trono: upang lalong mapalapit sa mga protestanteng “kapatid”, ang mga Katoliko ay hindi dapat ipilit ang importansya o pagiging prestehiyoso ng Birhen, huwag ipilit na Siya ay Ina ng Diyos; tama na ang sumamba sa Diyos, ang iba ay kalabisan na... Parang sa unang pagkakataon sa kasaysayan ng Simbahan, ang Pinakabanal na Birhen ay aalisin sa Kanyang prebilibiyong lugar sa liturhiya at sa Sangkakristiyanuhan... datapwa’t si Papa Pablo VI, personal! ay dumating at pinangalanan Siyang “Ina ng Simbahan”. Ang plano ay patuloy na nagtrabaho sa bagay na ito, kinonsidera nilang importanteng maalis ang Birhen sa trono upang mawasak ang Simbahan. Iminungkahi nilang huwag nang dasalin ang Rosaryo, sapagka’t ito ay makakapagpalayo sa mga protestanteng mga “kapatid”; na dapat ay wala nang mga Nobena sa Birhen, sapagka’t iyon ay para lamang sa mga “*beatos*”. Ang Freemasonry ay nagtagumpay na ang mga tao ay ang gawing pagpugay sa Kanya ay sa pamamagitan na lamang ng labi, subali’t ang kanilang puso ay malayo sa Pinakabanal na Birhen, sapagka’t ang mga tao ay patuloy Siyang tinatawag na Maria “puno ng grasya”, “bukod na pinagpala sa lahat ng mga babae”, “Ina ng Diyos at Ina Namin”, subali’t sa araw-araw ay kakaunting interes ang ipinapakita na pagpugay sa Kanya, sapaka’t tumigil na sila sa paggaya ng Kanyang kabinian, Kanyang kababaang loob, Kanyang kalinisan at iba pang mga katangian.

Ang plano ay galing sa impiyerno. Sinasabing may mga libong katolikong mga pari ay hindi totoong Katoliko, nguni’t mga komunistang huwad na naordenan bilang mga pari. Subali’t hindi sila mismo ang nagpalakad ng plano, kundi sila ang nagpalaganap nito. Ang mga nagpalakad ng plano ay iyong mga tapat na Katoliko na pumayag na magpalinlang; ang mga tunay na mga Obispo, mga Pari at mga Madre na pinayagan ang kanilang mga sarili na malinlang sa pamamagitan ng mapanlinlang ng salitang “pagmamahal sa kapwa”. Ang mga mananampalatayang Katoliko ay ginamit ng freemasonry sa pagsasagawa ng kanilang mga layunin; sila ay nilinlang sa pamamagitan ng mga hindi buong katotohanan na siyang pinakamasamang mga kamalian para ipaabot sa mundo ang pagmamahal sa kapwa nang walang pagmamahal sa Diyos. Ginamit nila sila para ipalit ang tao sa Diyos; para ang tao ay sambahin at kalimutan ang Diyos; upang ang babae ay ibigin at ang Birhen ay kalimutan. Ang lahat ay sa pag-asang kung walang pagmamahal sa Diyos, ang pagmamahal sa kapwa ay masisira rin at ang Simbahan ni Kristo ay mawawala.

Nalinlang nila sa pamamagitan ng kasinungalingan na ang tao ay maaaring maging freemason at sa parehong pagkakataon ay maging Katoliko; at maaari rin siyang maging espiritwalista at Katoliko sa parehong pagkakataon. Binalaan na tayo ni Kristo na ang mga anak ng dilim ay mas matalino kaysa sa mga anak ng liwanag. Kung kaya ang mga anak ng liwanag, dahil sa iniwanan nila ang pagdarasal at ang matapat na pagtalima sa batas ng Diyos, ay hinayaan nilang madala ng mga anak ng kadiliman.

Ang antichurch (kontra sa simbahan) o sinagoga ni Satanas, na tinatawag sa panahong ito na freemasonry, ay itinatag sa panahon ni Kristo; nilayon nitong sirain ang Kanyang mga Aral hanggang sa puntong Siya ay isailalim sa Kamatayan, upang hindi Siya kilalanin bilang tunay na Mesiyas o Tagapagligtas; pagkatapos mamatay si Kristo, ipinag-utos nito ang patuloy na persekusyon laban sa tunay na Simbahan. Ang mga Hudyong sekta, pagkatapos na maisagawa nila ang kanilang pag-apostata sa pamamagitan ng nakasusuklam nilang pagpatay sa Diyos, ay patuloy na naging pinakamatinding kalaban ng Banal na Inang Simbahan, at mga nagpapalaganap sa mga pangunahing heresiya at pagkakagulo sa mundo. Ang mga hindi nakonbert na hudyo ay ang mga pundasyon at haligi ng freemasonry, na siyang ina ng lahat ng rebolusyon laban kay Kristo at sa Kanyang Simbahan at sa lahat ng persekusyon na kanyang pinagdurusan sa buong kasaysayan. Simula't-simula sila ay patuloy na nakikipaglaban kontra sa Banal na Inang Simbahan sa paggamit ng lahat ng masasamang paraan na maaari nilang gamitin, lalo na sa pamamagitan ng mga kasinungalingan, maling mga paratang at pagpatay, na maliwanag na nakikita sa kanilang mga aktibidad laban sa mga Apostoles at unang mga Kristiyano. Sa pagdaan ng mga siglo, ang mga sionists o kumukontra sa simbahan ay matalinong nakapasok sa ministro ng Katoliko, mga gobyerno at mga tao sa layuning sirain ito galing sa loob ng Simbahang itinayo ni Kristo, tulad ng maliwanag na nakikita, hindi lamang sa ibang teksto ng Bagong Tipan, subali't gayun din sa makasaysayang mga pangyayari mismo, gayun din sa mga ekliyasikal at sibil na mga dokumento, at higit sa lahat sa mga nakatagong mga lumang dokumento ukol sa Banal na *Inquisition* o pag-iimbestiga, isang institusyon na nararapat purihin para sa kanyang maraming siglong pakikipaglaban kontra sa mga taksil na nakapasok sa herarkiya ng Simbahan. Ang mga pagpatay na ginawa sa mga rebolusyon na ipinapalaganap ng sionismo (kontra sa Simbahan), tulad ng mga komunista, ay nagbuhos ng saganang daloy ng inosenteng dugo na punong-puno ng nakasusuklam na pang-aapi at hindi makadiyos; at ang nakasisindak na mga krimeng ginawa ng kasumpa-sumpang diktatoryal na kapitalismo, isa pang bunga ng sionismo, ay parehong kapansin-pansin. Ang mga Sionista, sa pagdaan ng kasaysayan, ay nagtagumpay sa paghahasik sa Katolikong Pananampalataya para sa materyalismo sa maraming mga bansa, na kung saan sila ay nasasadlak sa pagiging alipin sa brutal na paraan, at gayundin kinukuha ang kanilang kayamanan. Ang mga Sionista ngayon ay iyong mga nagpapatakbo ng mga gobyerno sa mundo, na may layuning makaporma ng isang unibersal na pamamahala. Ang higit na nakakapagtaka sa freemasonry ay ang napakaraming miyembro ng lipunan ang handang umanib dito sa makademyong samahan at maging mga alipin ng demonyo, na kung saan ipinagkakanulo nila ang Diyos, ang kanilang bayan, ang kanilang pamilya, ang kanilang sariling kaluluwa at lahat ng tunay at may dignidad, na ano ang kapalit? ang pagkawasak ng iba at ang sarili nilang pagkawasak.

Tiyak maraming mga Tradisyonalista na isinusuka ang pangkasalukuyang laganap na heresiya at mga desekrasyon o pang-aabuso, at sumulat ng mga may aral na artikulo na kung saan ay ibinilad ang mga heretikong inobasyon o pagbabag sa *novus ordo* mass o bagong orden ng misa. Subali't marami sa mga tradisyonalistang ito ay ibinibigay ang sisi kay Papa San Pablo VI at higit pa rito ay idineklara siyang heretiko. Ang iba sa kanila ay humiwalya sa Papa, tumangging magiyahan o maalalayan ng mga Aparisyon ng Pinakabanal na Maria.

Dahil nakitang sa paraang ito ay winawasak ng Simbahan ang kanyang sarili, ang Pinakabanal na Birheng Maria ay hindi maaaring magwalang- bahala, subali't naghanda upang durugin ang ulo ng matandang ahas sa impiyerno, at tugunin ang pangako ng Diyos sa Henesis.

Ang mga Aparisyon sa El Palmar de Troya

Noong ika-30 ng Marso ng taong 1968, ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita sa apat na mga babae sa Sagradong Lugar ng El Palmar de Troya, Utrera, Seville, Spain, sa ibabaw ng isang puno na tinatawag na Lentisco, ang eksaktong lugar na ngayon ay nasa loob ng Palmarian Katedral-Basilika, na kung saan ang Banal na Mukha ng Ating Panginoong Hesukristo at ang imahen ng Our Crowned Mother of Palmar ay binibigyang pugay. Pagkaraan ng unang apat na mga babae, ay nagkaroon pa ng ibang mga seer o pinagpakitaan si Birheng Maria. Noong ika-30 ng Septyembre 1969, si Clemente Dominguez y Gomez ay nagkaroon ng kanyang unang Bisyon. Siya ay naging prinsipal na mensahero, sapagka't ang Ating Panginoong Hesukristo at ang Pinakabanal na Birheng Maria ay ipinagkatiwala sa kanya ang pinakaekstraordinaryo at mapanganib na mga mensahe. Ang mga Apokaliptikong Mensahe sa El Palmar de Troya, na ibinigay kay Clemente Dominguez ay napapalooban ng: patuloy na panawagan sa pagdarasal at pagtitika, ang malungkot na imbitasyon galing sa Langit para sa mga tao na pumunta sa El Palmar, ang pagkondena sa mga heresiya, progresibismo at iba pang mga pagsasalaula na walang habas na sumisira sa Romanong Simbahan; ang paghahayag ng isang malaking pagkakahati-hati makaraang mamatay si Papa San Pablo VI; ang paghahayag ng tungkol sa pagkakaroon ng Papa sa El Palmar de Troya; ang paghahayag sa nalalapit na pagdating ng Antikristo; ang paghahayag sa Maluwalhating Ikalawang Pagdating ng Ating Panginoong Hesukristo bilang Kataas-taasang Hukom upang husgahan ang mga tao sa buong uniberso at itayo ang Mesyanik na Kaharian sa mundo, at iba pang mga apokaliptikong mga kaganapan. Ang malakas na panawagan ng Pinakabanal na Birheng Maria, sa pamamagitan ng kanyang pangunahing mensahero, ay may kasamang mga extraordinaryong palatandaan na nagpapatibay sa katotohanan ng mga Aparisyon: mga nakamamanghang ekstasi, mga konbersyon, mga himalang paggaling ng mga sakit, pagkakaroon ng mga stigmata o mga sugat ni Kristo, mga mistikal na Komunyon, at marami pang iba.

Ang karamihan sa mga kardinal, mga obispo at mga pari ng Romanong Simbahan ay nag-apostata o tumiwalag sa tunay na Simbahan. Si Papa San Pablo VI, na noon ay namumuno sa Simbahan ay isang inosenteng biktima ng freemasonry at komunismo. Ang mga Aparisyon sa El Palmar de Troya ay naghanda sa darating na pamunuan ng Simbahan sa Sagradong na Lugar na iyon, na kung saan sa kasalukuyan ay nagaganap. Sa kanyang buhay bilang karaniwang mananampalataya, bilang prinsipal na *seer* o pinagpapakitaan sa mga Aparisyon sa El Palmar de Troya, si Clemente Dominguez, noon ay isa pang kabataan, ay matapang na ipinaglaban upang maipalaganap ang napakadelikadong mga Mensahe na ibinigay sa kanya ng Ating Panginoong Hesukristo at ng Pinakabanal na Birheng Maria sa loob ng maraming taon. Ang kanyang katapatan sa Diyos ay lubos nang napatunayan. Si Clemente Dominguez y Gomez, sa simula't- simula ay naging dakilang Apostol ng Banal na Mukha (Holy Face) ng Ating Panginoong Hesukristo at ng Banal na Rosaryong Penitensyal (Holy Penitential Rosary), mga debosyong mariing kinontra ng marami na kung saan ay kanyang ipinaglaban ng buong tapang. Noong 1969, si Clemente, ay natanggap mula sa langit, ang isang mensahe na nag-uutos na eestablisa ang reparsyon sa Banal na Mukha ng Ating Panginoong Hesukristo sa bawat Unang Huwebes ng bawa't Buwan. Noong ika-2 ng Pebrero 1970, sa pamamagitan ng utos ng Panginoon kay Clemente Dominguez, sa Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya, ang Banal na Mukha ni Hesus ay isinatrono, iyon mismo ay siyang binibigyang pugay sa

ngayon. Noong taong 1970, ay nagbigay ng mga alituntunin ang Panginoon sa *seer* na si Clemente na gumawa ng Eskapularyo ng Banal na Mukha. At noong ika-12 ng Septyembre 1972, gayundin sa utos ng Paginoon sa naturang *seer*, sa Sagradong Lugar ng Lentisko, ang Imahen ng Pinakabanal na Birheng Maria ay isinatrono, ngayon ay binibigyang pugay sa ilalim ng titulong “Our Crowned Mother of Palmar”. Si Clemente Dominguez, habang kabataan pa, ay natanggap ang grasya ng Sugat (Stigmata) ng Pasyon ni Kristo, sa kamay, sa noo at sa ulo at sa kanang dibdib, mga misteryong pagkatapos noon ay naulit sa maraming pagkakataon. Natanggap niya ang iba sa mga Sugat na ito sa harap ng maraming pumupunta sa Sagradong Lugar ng El Palmar. Si Clemente Dominguez y Gomez at ang kanyang hindi maiwawaksing kasama na si Manuel Alonso Corral ay ang dalawang prinsipal na mga haligi ng Sagradong Lugar ng El Palmar de Troya, at dahil sa ang gawain ng El Palmar de Troya ay mahigpit na binabatikos ng mga progresibista at mapanirang herarkiya ng romanong simbahan, na noon ay pinamumunuan ni Papa San Pablo VI, ang dalawa ay ipinaglaban ang mga Aparisyon sa Palmar na may matibay na kalakasan at katatagan.

Ang kabataang *seer* na si Clemente Dominguez y Gomez, ang magiging Papa Gregoryo XVII, bilang karaniwang mananampalataya ay isinagawa ang hindi pangkaraniwang apostolikong misyon, sapagka’t kinausap niya ang mga pinakaimportanteng Pamunuan ng Romanong Simbahan, na ang karamihan sa kanila ay mga korapto, sa Espanya at marami pang ibang mga bansa sa Europa at Amerika. Dahil sa kanilang katigasan ng karakter, nanindigan siya sa karamihan ng mga obispong ito at idenepensa ang mga karapatan ng Diyos at Simbahan base sa instruksyon ng Panginoon at ng Birheng Maria na itinuro sa kanya. Sa maraming pagkakataon, binisita niya si Kardinal San Alfred Ottaviani sa kanyang residensya sa Roma, upang ipaabot nito ang mga Mensahe kay Papa San Pablo VI tungkol sa Simbahan at sa termino nito bilang Papa. Ang iba sa mga Mensaheng ito ay napapaloob, ang mga ngalan at detalye ng mga traydor na mga kardinal at mga Obispo. Sa isang pagkakataon, sa pagpapakita ng napakataas na kalidad ng katapangan ay iniabot ni Clemente Dominguez ang mga Mensahe ng El Palmar kay Papa San Pablo VI mismo sa isa nitong pagharap sa mga tao o Papal audience. Itong Maluwalhating Papa, San Pablo VI, ay alam niya ang mga Aparisyon at mga Mensahe galing sa Langit, ay hindi kalian man kinondena ang Gawain ng El Palmar de Troya. Si Clemente ay isang biktima ng napakalaking persekusyon, na sinimulan ng mga kaaway ng El Palmar. Si Clemente Dominguez y Gomez ay dakilang tagapagtanggol ni Papa San Pablo VI, at may katapangan at desisyon ay ipinaalam sa mundo na ang Papang ito ay biktima ng freemasonry sa Batikano, mga freemason na ipinasailalim siya sa droga upang mawala sa kanya ang kalayaang makapag-isip.

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

ay malaganap na ipinaalam ang pagkasira ng Simbahan

Sa mga Mensahe ng El Palmar de Troya, Ang Panginoon Nating Hesukristo at ang Kanyang Pinakabanal na Ina ay pinatunayan ang mga kasamaang pinagdadaanan ng Simbahan, pinaalalahanan tayo ng permanenteng puwersa ng tradisyonal na doktrina, at isiniwalat ang gawain ng mga nakapasok na kaaway ng simbahan. Tingnan natin ang ilang bahagi ng mga Mensaheng ibinigay sa *seer* na si Clemente Dominguez y Gomez, na ngayon ay si San Gregoryo XVII:

(Mensaheng ibinigay kay Clemente sa La Salette, France:) “Ang Sangkatauhan ay nawawala! Ang mga tao ay nahulog na sa pagiging mapagmataas, binalewala ang magagandang tradisyon. Sila ay tumatalikod na sa kanilang Ina sa Langit: sa Akin, ang Birheng Maria, ang Ina ng Diyos at Ina ng tao sa pamamagitan ng Pinakamahal na Dugo na ipinatulo ni Hesus sa Krus. Ang Sangkatauhan ay nadadapa habang bulag na naglalakad, pinamumunuan ng masasamang pastol, mga pastol na nabubuhay sa gitna ng kaligayahan ng

mundo, mga naliligaw na pastol: Mga Kardinal, mga Obispo, mga Pari, mga Prayle, mga Madre, na walang pakialam sa mga kawan. Ang kapalaran ng mundo ay magiging iba kung ang mga Mensahe na Aking ibinigay sa Sagradong Lugar na ito ay pinakinggan, pinalaganap at isinagawa. Subali't ang karamihan ay hindi pinaniwalaan ang mga ito; ang iba ay inatake ang mga ito; at ang iba ay hinusgahan ang mga ito dahil ang mga ito ay kontra sa kanilang kapakanan. Dito, sa La Salette, ay inilahad ko ang napakaraming mga masasamang darating sa Simbahan at sa mundo. At ang mga iyon ay nangyayari sa bawat letra; ang iba ay mangyayari sa bandang huli. Ang mga iyon ay magaganap hanggang sa huling letra na tinuran ko sa Sagradong Lugar na ito. Ang mga nagpupunla na aking tinuran sa nakaraang siglo dito sa La Salette ay nakikita na ngayon. Ang mga Ministro ng Panginoon, marami sa kanila, ay inabandona ang Altar upang magpakasal at mamuhay sa buhay ng kaligayahan kasama ang babae. Naiisip kaya ninyo na iyon ay walang iba kundi pag-aapostata o pagtiwalag sa simbahan? Malungkot sa isang lalake na naglalagay ng kanyang kamay sa araro at ito ay tatalikuran! Ang sinumang kinonsagrang Pari, ay kinonsagra ayon sa Order ni Melkisedik (Melchisedec), at siya ay mananatiling Pari. At pagkamatay, siya ay Pari pa rin sa lugar na kung saan siya ay nakadestino.

Ako ay umiyak na sa Lugar na ito sa mga kasamaang mangyayari. Nakita ko na ang Sagradong Eyokaristiya ay tatapak-tapakan; na ang Dugo ng Banal na Tupa ay nakasusuklam na yuyurakan ng Kanyang sariling mga ministro; na darating ang mga panahon na ang Komunyong ay hindi na bibigyan ng nararapat na respeto. Ang panahon ngayon ay dumating na kung saan ang Eyokaristiya ay kinasusuklaman na at niyuyurakan. Ang mga Ministro ng Panginoon ngayon ay ibinibigay na Ito sa maling pamamaraan, ng walang respeto o paggalang. Dapat ninyong malaman, Aking mga Anak, na ang Eyokaristiya ay dapat tinatanggap nang nararapat, may respeto, may pagmumuni-muni, may oblasyon o pagpapakita ng kabanalan at konsagrasyon sa Diyos. At ang nararapat na postura ay nakaluhod, nakatiklop ang mga tuhod sa harap ng kaluwalhatian ni Hesukristo, na nagbigay ng Kanyang buhay para maligtas ang tao, na nagbigay ng Kanyang Katawan para kainin at ng Kanyang Dugo para inumin upang maipaabot ang Kanyang mga grasya at ang Kanyang awa. Ang Kaharian ng Diyos ay hindi para sa mga paring nagbibigay ng Komunyong sa mga taong nakatayo, o inilalagay Ito sa kamay sa halip na sa dila: sapagka't sa pamamagitan nito ay niyuyurakan nila ang Sakramental na si Hesus. Dapat nilang ituro sa mga mananampalataya na tanggapin ang Komunyong nang nakaluhod, at ilagak sa dila, hindi sa kamay, ang maruruming kamay ng mga mananampalataya.

Mga Ministro ng Panginoon, tinatanong Ko kayo: bakit ang inyong mga kamay ay nilinis? Ang inyo bang mga kamay ay pareho lamang sa mga kamay ng ibang mananampalataya? Hindi. Ang inyong mga kamay ay sagrado, tanging kamay ng mga Pari ang maaaring humawak ng Sagradong Eyokaristiya. . . Sangkatauhan! Si Hesus ay nagsimula nang umalis sa mga Tabernakulo! May mga syudad na kung saan ay kakaunting simbahan ang may tunay na presensya ni Hesukristo sa Sakramento, sapagkat marami sa mga tinatawag na mga Ministro ng Panginoon ay mga myembro ng freemasonry at sa kalooban ay hindi nagkokonsagra." (1971)

(Mga Mensaheng ibinigay kay Clemente Dominguez sa El Palmar de Troya) "Aking anak: Ang Mensaheng ito ay dapat gawin upang makaabot sa Banal na Papa Pablo VI: Ang mga teribleng kaganapan na inilahad sa mabuting panahon sa Simbahan ay nagaganap na. Sa ngayon ang Batikano (Vatican) ay nasa kamay na ng mga freemason at mga Marxist. Ang mga freemason at mga pariseo ay nakapasok na sa Romanong Pamunuan (Roman Curia). Sila ang mga humaharang sa daanan ng Bikaryo ni Kristo. Importanteng malamang mabuti kung ano ang mga mangyayari, sapagka't ang dugo ay dadanak sa Saint Peter's Square. Ang komunismo at freemasonry ay gumagawa na ng plano para sa malaking

determinadong pang-aagaw ng kapangyarihan. Ang Marxism ay aagawin ang Simbahan at iuupo ang kanyang sarili sa trono.

Importanteng ang Tradisyonal na Canon o Misa ay ibalik sa Altar ng Diyos, sapagka't ang presente ay kawalang galang, nagpapakita ng kataasan o pride ng tao, at ginagawang ang pagsamba sa Diyos ay katawa-tawa. Ang Latin ay kinakailangang maibalik sa Simbahan, sapagka't ang kanya-kanyang lenggwahe ay nagrerepresenta ng Tore ng Babel. Ang Komunyong na ibinibigay nang nakatayo ay dapat mawala; sapagka't sa harap ng Diyos ang lahat ng tao ay kailangang lumuhod. Kahit sa anumang paraan ay hindi pwedeng ilagak sa kamay ang Sagradong Eyokaristiya. Obligadong Ito ay ilagak sa dila.

Si Pablo VI ay ang Soberenyang Papa ng Simbahan. Ang mga Obispo ay mga katulong niya. Subali't ang Papa ang may pinakamataas na kapangyarihan sa pagrerepresenta kay Hesukristo. Dapat ang mga Pari ay panatilihin ang Sagradong Kabinian, at itigil na ang pagpapahirap sa Papa. Hindi magtatagal ang antipapa ay maghahari, ang kalituhan ay magiging terrible. Ang tunay na Papa ay hindi magkukulang, subali't maraming panalangin ang kinakailangan para makita ang Liwanag." (1971)

"Ang Kaawa-awa Kong Bikaryo! Napakalaking Krus ang kinakailangan mong pasanin! Subali't ang Krus na ito ay iyong magiging kaluwalhatian sa iyong Pook sa Kalangitan. Kawawang Papa! Tingnan ninyo ang mga guhit sa kanyang pagod na mukha. Tingnan ninyo ang kanyang pigura: mga palatandaan ng Pasyon. Huwag ninyong bigyang pansin ang mga naninira sa Santo Papa. Hindi siya ang gumagawa ng masasamang bagay sa Simbahan: Ang mga pariseong Obispo na nakapaligid sa kanya; sapagka't sa Simbahan, nakalulungkot, ay may mga obispong mason at mga obispong Marxist. Hindi nila pinapayagang kumilos ang Papa, at higit sa lahat, ang iba sa kanila ay pinupuri siya nang harapan, subali't ang bawa't isa ay ginagawa ang sariling kagustuhan at hindi ang sinasabi ng Papa. Si Satanas ay nasa Batikano na, namumuno ng Simbahan, sapagka't may mga obispong ang ambisyon ay sirain ang Simbahan, subali't hindi sila magtatagumpay. Mananatili Ako sa Aking Simbahan hanggang matapos ang panahon." (1971)

"Maliliit Kong mga anak: Magdasal kayo ng mataimtim para sa inyong Banal na Inang Simbahan, para sa inyong mga Pastol, ang inyong mga Pari. Patuloy ninyong ipagdasal sila. Ang Simbahan ay lalong nakalilito ang kalagayan; na para bang siya ay sumuko na; subali't ang Aking pagtulong ay hindi magkukulang para sainyo: Ako ay mananatili sainyo hanggang matapos ang mundo. Subali't ang Aking Tunay na Simbahan ay magiging napakatago at maigting na pahihirapan; at ang pariseyong Simbahan ay lubos na kikilalanin ng lahat ng mga Estado at susundin nila ang yapak ng Antikristo. Subali't huwag kayong mag-alala: Nasa inyo ang Aking Pinakabanal na Ina bilang Banal na Pastora. Aalalayan Niya kayo at ang tunay na Barko ay hindi lulubog, subali't patuloy na nakalutang sa tubig, matatag, matapang, at magbibigay ng dakilang mga martir na gugulat sa sangkatauhan: Ang Simbahan ng mga Apostoles ni Maria." (1972)

"Minamahal Kong maliliit na mga anak: Ako ay lubos na nasasaktan sa mga heretikong doktrinang itinuturo ngayon sa mga Katolikong Simbahan. Ilang mga kamalian, ilang walang katuturang pananalita galing sa mga bibig ng mga tinatawag na ministro ng Panginoon. At ang mas masama, sa mga bibig ng mga obispo at mga kardinal! Ilang mga heresiya, ilang kalituhan! Masasabing sinusubukan nilang magpundar ng bagong simbahan, sa ilalim ng pangangasiwa ni Satanas. Sa katotohanan, ang bagong simbahang ito sa ngayon ay itinatayo na ng mga freemason kasama ang mga protestante, mga hudyo at masasamang katoliko. Maliliit Kong mga anak: Lumayo kayo sa maling mga katuruan! Lumayo kayo sa mga simbahang iyon kung saan ang doktrinang itinuturo ay heretiko! Dahil sa malao't madali kayong lahat ay mahahawa." (1973)

“Napakaraming mga ‘pari’ na hindi totooang mga Pari: bagkos ay mga freemason, Lutherans, mga hudyong hindi nakonbert na nagbabalatkayo bilang mga ministro Ko upang wasakin ang Simbahan. Mag-ingat kayo! Mag-ingat doon sa mga tinatawag na sermon”. (1973)

“Ako ay nananawagan sa lahat, upang iyong mga nais ay maaaring pumunta dito nang boluntaryo sa Sagradong Lugar na ito. Sapagka’t ang Liwanag ay nandito. Ang Katotohanan ay nandito. Ang Tanglaw ay nandito. Bakit? Sapagka’t dito ay sumusunod sa Tradisyon ng Simbahan. Bakit? Sapagka’t ito ay nag-aalab ang pagmamahal sa Papa. Araw-araw may panalanging iniaalay para sa Papa sa El Palmar de Troya. Ang Papa ay minamahal ng maalab sa El Palmar de Troya. Ang El Palmar de Troya ay minamahal din nang maalab ang Banal na Tradisyon ng Simbahan. Kung ganoon, nasaan ang Katoliko, Apostoliko at Romanong Simbahan? Iyon ay nandito: sa El Palmar de Troya. Matamang pag-isipan ninyo at makikita ninyo na ang sinasabi ko ay totoo.” (1975)

Sa bawa’t pagkakataong makakita ako ng babae sa simbahan na itinataas ang Aking Pinakasagradong Katawan upang magbigay ng Komunyong sa iba, ako ay nakakatanggap ng napakalakas na sampal sa Aking Banal na Mukha. Nais Kong malaman ninyo na wala ni isa man sa mga babaeng iyon na nagbibigay ng Banal na Komunyong ay binigyan ng karapatan ng Santo Papa. Ang Aking Bikaryo ay hindi nagbigay ng karapatan sa kahit isa. Ang mga kapritsosong mga obispo ang may gawa nito, mga obispong tinatawag na mga pastol, subali’t tinatakot at pinalalayo ang mga tupa, inilalayo sila sa matuwid na daan.

O anong laking kalungkutan ang ibinigay sa akin ng iba sa Aking mga ministro. Gumamit ako ng pamalo upang paalisin ang mga negosyante sa Templo, ngayon ay may mas maraming dahilan upang gumamit nito! Ang Santo Papa, ang Martir sa Batikano, ngayon ay wala nang magagawa. Naghihirap siyang mag-isa, wala siyang mga katulong, siya ay hindi nila sinusunod at ang bawa’t isa ay ginagawa ang kanyang nais.

Gayundin tinatawagan Ko kayo, Aking mga anak na babae: huwag kayong pumasok ng simbahan nang walang belo. Alalahanin ninyo ang mga salitang tinuran ni San Pablo. Wala pang kautusang galing sa Simbahan na komukontra sa bagay na ito.” (1971)

Pinatutungkulan Ko rin kayo, Aking mga Ministro: Ano ang ginawa ninyo sa Banal na Sakripisyo ng Misa? Ano ang ginawa ninyo dito? Ginawa ninyo itong nakabalot na bola! Si Satanas ay malaya at parang nasa sariling tahanan sa maraming mga simbahan, na kung saan ang tunay na Sakripisyo ay hindi iniaalay sa Ama.

Ano ang ginawa ninyo sa Sagradong Musika, sa insenso, sa ginto bilang regalo sa Diyos? Ano ang ginawa ninyo sa mga Altar? Napakasama ng pagkaunawa ninyo sa karukhaan ng Simbahan! Para sa Diyos ang pinakamaganda; at kayo, mga Ministro Ko, ang dapat na mamuhay sa karukhaan; hindi dapat bawasan ng karangyaan ang pagsamba, subali’t ang inyong mga pribadong buhay. Si Solomon ay naligtas sa pamamagitan ng napakaeleganteng Templo na ginawa niya para sa Diyos. Si Maria Magdalena ay nilahiran ang Aking mga paa ng pinakamabangong uri ng pabango; at siya ay aking pinagpala. Nguni’t lagi nang may mga Huday, na nais alisin ang pagsamba sa Diyos at ibigay ito sa mga tao.

O napakasamang sangkatauhan! O Aking Simbahan; anong lungkot Ko! Kayong mga Pari, tinatanong Ko kayo: ano ang ginawa ninyo sa pinakasagradong Latin? Sa anong paraan ang Opisyal na Lengwahe ng Simbahan ay natotormento kayo? Ilang mga Banal ang nangusap sa pinagpalang lengwaheng iyon! Subali’t naniniwala kayo na ang mga lokal na lengwahe ay mas maganda. Kayo ay nagkakamali ng malaki.

Mahal Kong mga Ministro, hindi pa kayo nahuhuli. Kung kinakailangan, magsagawa kayo ng Misa sa inyong mga tahanan, kaysa magsagawa Nito nang hindi nararapat sa simbahan. Kung kaya, dito sa Sagradong Lugar, maraming mga Misa ang isinagawa na nakasisiya sa Ama sa Langit dahil sa katotohanan ng Sakripisyo. Sa ibang pagkakataon ay patuloy Akong magsasalita tungkol sa Banal na Misa, sa inyo, Aking mga Ministro, ang asin ng mundo, kayo na sa ngayon ay naging matabang na. Binibendisyonan Ko kayo.” (1971)

“Natutuwa Ako sa Banal na Sakripisyo ng Misa na inialay ng Pari at ninyo, ang bawat isa sa kanyang natatanging papel. Ang tunay na Sakripisyo, tulad ng itinuro ng Banal na Inang Simbahan sa nagdaang mga siglo, at hindi iyong mga binagong misa, puno ng kalituhan, kamalian at mga pagkukunwari. Huwag nating kakalimutan: sa Banal na Sakripisyo ng Misa, si Hesukristo ay dumaaan sa Walang Dugong Pagkakapako sa Krus at nagpatulo ng Kanyang Pinakamahal na Dugo. Kung aalisin ninyo ang Banal na Sakripisyo sa Eyokaristiya, ano ang maiiwan? Nasaan ang Biktima? Kinakailangan, mahigpit na kinakailangan, na ang Tradisyonal na Misa ay muling ibalik sa buong mundo, sapagka’t sa pagpapatuloy ng mga pagbabagong ito sa kung ano ang Pinakasagrado sa Simbahan, mas lalawak ang kalituhan. Benibendisyonan Ko kayo.” (1972)

“Sa gaano kakaunting lugar itong tunay na Sakripisyo ng Banal na Misa ay iniaalay sa Ama! Na kung saan ang Aking Kamatayan sa Kalbaryo, Ang ipinatulo Kong Dugo, at ang Aking Walang Dugo subali’t tunay na Sakripisyo ay inilalagay sa isipan! Ngayon, na kung saan ay maraming beses na tinuturan ang tungkol sa ‘bangkete’, na kung saan ay maraming ulit na tinuturan ang ‘selebrasyon ng Eyokaristiya’, nguni’t ang Kalbaryo ay kinakalimutan. Ano ang magiging katuturan ng lahat ng mga alay kung ang Krus sa Kalbaryo at ang Aking Dugo na ipinatulo ay kinalimutan? Ipagsigawan ninyo sa lahat ng dako upang ang pinakamaraming numero ng lagda ay ipadala sa Aking mahal na Bikaryo at hinging ibalik ang *Tridentine Mass* ni San Pius V sa Latin. Inaasam niyang ibalik ito, nguni’t napakaraming mga kaaway ang nakapaligid sa kanya. Magdasal kayo ng taimtim upang makayanan niya sa ilalim ng napakateribleng Krus na ito na nagpapabigat sa kanyang mga balikat, na inilagay ng kanyang sariling mga anak sa kanyang mga balikat. Siya ay nasa puntong gumawa ng mga importanteng Dokumento upang ipabatid, subali’t ang mga kaaway ay nilalagyan siya ng hadlang upang masawatang sila ay magkaroon ng liwanag. Ipagdasal ninyo siya, ang Ama ninyo sa mundo, ang Martir ng Batikano.” (1972)

Ang Pinakabanal na Birheng Maria: “Aking anak: Ako ay lubos na nagagalit sa mga modernong simbahan, sapagka’t sila ay kulang ang respeto at pagluwalhati para sa Diyos. Sila ay napakalamig. Hindi sila nag-uudyok na pagmumuni-muni at meditasyon. Hindi nila pinangungunahan ang mga mananampalataya upang makita ang kanilang mga paghihirap at kaliitan sa harap ng Makapangyarihang Diyos, sapagka’t ang lahat ay ginawa nang puro sa tao at wala nang paraan upang matagpuan ang Diyos. Ang mga imahen ng Nakapakong si Hesus ay hindi na nakakaakit ng pagmumuni-muni o isaisip ang sakit ng Pasyong iyon, o kahit pag-asa ng kaligtasan. Gayundin ang mga imaheng kumakatawan sa Akin upang magkaroon ng debosyon, at umaalis ang mga mananampalataya, sapagka’t nararamdaman nila ang kalamigan, ang pagbabale-wala at ang kapabayaan. Sa maraming simbahan ay makikita ang mga imahen ng Birhen na walang pakialam sa Kanyang mga anak, na para bang wala Siyang pakialam sa Gawaing Pagtubos. Ang mga anak Ko ay pumupunta sa mga imaheng iyon na para bang pumupunta sila sa artista; hindi nila naiisip na iyon ay ang Ina ng Diyos at Ina nila na siyang inirerepresenta doon. Huwag na nating banggitin iyong mga imahen ng Sagradong Puso ni Hesus na kung saan isang malamig, makasarili at taong Panginoon ang isinasalarawan, na hindi nakakaakit ng pagkalungkot o pagsisisi sa kasalanan, o kaya ay

nag-iimbiba ng konbersyon, sapagka't Siya ay parang isa lamang ordinaryong tao, hindi kasama ang Kanyang pagiging Diyos.

Minamahal Kong mga anak: Ako ay lubos na nagagalit dahil ang Aking Pinakamabining Esposong si San Jose ay inaalís sa mga simbahan, samantalang Siya ay Unibersal na Ama ng Simbahan: Mga anak Ko: Huwag kayong makinig sa mga bagong Hudás, na sa pagkukunwaring tumutulong sa mga nangangailangan, ay inaalís ang mga imahen. Dapat nating siguruhing ang mga imahen, kung ang mga ito ay magandang naayusan, ang mga iyon ay panalanging umaakyat sa Ama, sapagka't iyon ay hindi magagawa ng personal."

Ang simula ng pagbabago ng Simbahan

"Mga anak Ko: Natural na mahalaga sa inyo na ang inyong ina sa mundo ay maayos ang pananamit? Di lalo na ang inyong Ina sa Langit? Igiit ninyo ang Banal na Tradisyon na pagpupugay sa mga Sagradong mga Imahen: lukit ninyo ang mga katagang ito sa inyong mga isip: sa Sagradong Eyokaristiya sa pamamagitan ng mga Imahen. Ganyan ang dapat. Kung may kalamigan sa pagpupugay sa mga imahen, ano pa ang magiging turing sa Sakramental na si Hesus, na hindi nakikita, sapagka't iyon ay pananampalataya lamang!

Mga anak Ko: Lagi ninyong ilakip ang inyong mga sakripisyo sa pagpapalawak ng pagpupugay sa mga Sagradong Imahen. Ang inyong Ama sa Langit ay gagantimpalaan kayo. Napakalaking kahihyan na ang mga Santo ay inaalís sa loob ng simbahan, na para bang hindi sila namamagitan para sa lahat ng tao! Sa gayon, sa Sagradong Lugar na ito, madalas may mga Santong nagpapakita, upang ipabatid na sila ay nasa Langit: Maliban sa pagluluwalhati sa Diyos Ama, sa Diyos Anak at Diyos Espiritu Santo, at sa Akin, ang kanilang Ina, sila rin ay patuloy na namamagitan. Nais Kong ang mensaheng ito ay ipakalat kahit saang dako, sa oras na ito ng pag-atake sa pagpugay sa mga Sagradong Imahen. Benibendisyonan Ko kayo." (1970)

"Tingnan ninyo, ang Paring nakasotana ay nagbibigay ng mas maraming halimbawa kaysa naiisip ng marami sainyo. Ito ay palatandaan. Sila ay nakasuot ng espesyal na damit, sapagka't sila ay nagrerepresenta ng Kaharin na hindi sa mundong ito! Sila ay mga Ministro ng ibang Kaharian: ang kanilang damit ay ayon sa Kahariang kanilang pinaglilingkuran. Ang mga sundalo ng Pransya ay hindi nakadamit tulad ng mga sundalo ng Inglatyera. Sila ay magkakaibang kaharian. Kung kaya ang Aking mga Ministro ay dapat manamit ng mapagkakakilanlang palatandaan na sila ay para sa Aking Kaharian. May importanteng dahilan. Ikonsidera natin: ang Pari ay nakakatanggap ng espiritwal na benepisyo sa pagsusuot ng sotana sa maraming mga basehan: sapagka't sa pagsuot ng palatandaang iyon, napakaraming bagay ang mga hindi niya dapat gawin, dahil iyon ay magbibigay ng masamang halimbawa. Nguni't kung siya ay magsusuot ng pangkaraniwang damit, sa maraming pagkakataon ay mawawala sa isip niya na siya ay isang Pari, saka gagawa na siya ng mga bagay na hindi niya dapat gawin. Kung gayon, maliliit Kong mga anak, Mga Pari: Ilabas ninyong muli ang inyong mga sotana. Ipakita ninyo ang marangyang damit na ito, sapagka't ito ay nagrerepresenta ng may dignidad na kaharian, sapagka't ito ay nagrerepresenta ng inyong ministro, na kayo ay mga Ministro! Lumayo kayo sa mga politika at ipalaganap ninyo ang Aking Kaharian. Alisin ninyo ang kalabisang pagpapahalaga sa sarili." (1972)

"Humiwalay kayo sa mga pastol na mga heretiko! Ngayon, nakakalungkot, sa pagtawag sa kanilang mga nawalay na mga kapatid, ang kaisipang heretiko ay nawala. Ngayon ang lahat ay maaring pag-usapan, ang lahat ay may kinalaman; at pagdating ng panahon ang lahat ay mahuhulog sa parehong heresiya,

nagbubunyi sa mga calvinists at mga lutherans. Nguni't, ano ang nangyayari sa Aking Simbahan? Nguni't, ang Katotohanan ba ng Simbahan ay nabago na ngayon? Ang mga bagay ba na kinondena noong nakaraan ay hindi na kinokondena ngayon? Ang dati bang heresiya noon ay hindi na heresiya ngayon? Hindi, mga anak Ko! Kung ano ang heresiya noong nakaraan ay heresiya ngayon, kung iyon ay ideniklara ng Katedra o trono ni Pedro. Labanan ang calvinismo! Labanan ang protestantismo! Labanan ang lutheranismo! Tingnan ninyo, mga anak Ko, ngayon ang kapahamakan ay mas malaki, sapagka't ang calvinismo at lutheranismo ay nasa loob na ng Katolisismo. Iyan ang pinakamalaking kapahamakan: heresiya sa loob ng Katolisismo. Noong mga nakaraan iyon ay nasa labas at alam ninyo kung saan iyon nanggaling. Subali't ngayon ito ay nasa loob na. Labanan ninyo sila! Ako ang inyong bandila, Ako, si Hesukristo at Maria Imakulada, kasama si Pedro sa Sagradong Katauhan ni Pablo VI. Iyan ang Simbahan. Alisin ang mga heretikong pagbabago!" (Agad ay kinondena ng Panginoon ang tinatawag na '*novus ordo missae*' ang misang inimbento at ipinatupad noong Nobyembre 1969, pinag-aralan at niluto ng mga heretiko at hindi gawa ni Papa Pablo VI; at hiningi ang pagbabalik sa tunay na Misa, na tinatawag na ang Banal na Sakripisyo na kung saan ang Kalbaryo ay totoong presente at ang Dugo ay ibinuhos para Tubusin ang mga tao, Walang Dugo nguni't Tunay na Sakripisyo. At tinawag Niya ang '*novus ordo missae*' bilang bangkete, isang hapunan, at kung gayon ay hindi totoong misa. Sapagka't ang Tunay na Misa, na tinatawag na Banal na Sakripisyo ng Misa, ay hindi maaaring palitan ng huwad na misa na hindi isang sakripisyo kundi isang bangkete, na siyang kaso ng satanikong '*novus ordo missae*'; at ang Panginoon ay patuloy na nagwika:) "Ano ang nangyayari sa mga misa ngayon? na ang lahat ay may koneksiyon, ito ay maaaring bangkete at wala nang iba, simpleng hapunan. Tanungin Ko kayo: ano ang bangkete kung wala ang Sakripisyo? Isang walang kwentang bangkete. Ano ang Eyokaristiya kung ang Dugo ay hindi ibinuhos? Isang walang kwentang Eyokaristiya.

Maliliit Kong mga anak: Sa mga Sagradong Lugar ng mga Aparisyon kayo ay natututong bumalik sa Banal na Tradisyon ng Simbahan. Ito ang mga Tunay na Seminaryo. Tandaan ninyong mabuti, madalas Kong sinasabi: ngayon, sa pamamagitan ng paggamit ng lokal na mga lengwahe, ang Katotohanan ay nasisirira; ang lahat ay nagsasalin base sa kanilang kagustuhan. O anong lungkot na makita na ang Katotohanan ay ginagawang mali sa pamamagitan ng maliliit na masonikong mga pormula!

Tingnan ninyo Aking mga anak: sa gaano kakaunting salita lamang sila ay nakararating sa heresiya, subali't natatakpan, dahil sa ngayon ay alam nilang mabuti kung paano! Kahit paano sa panahaon ng lutheranismo inaatake nila ang Katotohanan ng harapan. Nguni't ngayon ang heresiya ay itinatago sa gitna ng mga katotohanan at mga kasinungalingan. Kung kaya iginigiit Ko ang Misang Latin, dahil ang nilalaman ay dapat ang totoo at hindi natatakpan. Dagdag pa dito: Bakit lagi Kong hinihingi ang Tridentine Mass ni San Pius V? Sapagka't ito ay naglalaman ng lahat ng katotohanan ng Pananampalataya tungkol sa Banal na Sakripisyo, nang hayagan, walang pag-aalinlangan o komparasyon.

Ngayon sinasabi nila: 'Ang Simbahan ay matanda na, hindi na natin pwedeng utusan, mayroon nang kalayaan sa pamamahayag.' Kung may kalayaan sa pamamahayag, kung ganoon bakit iyong mga Paring nagmimisa ayon sa Banal na Tradisyon ay pinagbabawalan, pinatatahimik at inaalis sa kanilang mga simbahan? Nasaan iyong kalayaan sa pamamahayag? Ang Tradisyonal na Simbahan ay inaakusahang diktador. Subali't hindi ba ang progresibong simbahan ay ipinapatupad din ang progresibismo kahit sino ang komukontra, ano man ang mangyari? Hindi ba inaalis nila ang pinakamabubuting tao sa kanilang mga posisyon dahil sa katotohanang sila ay mga tradisyonalista? Alisin iyang mga diktadorya! Kung ang tradisyonalistang diktadorya ay inaalis, dapat ding alisin ang progsibistang diktadorya. Dito ay mayroon lamang dalawang kampo: mga tradisyonalista at mga progsibista. Walang kala-kalahati. Ako ay sa mga

tradisyonalista, dahil sila ang magbabalik ng Aking Simbahan at maghahari kasama Ko sa kaharian ng kapayapaan, sa Aking Nalalapit na Pagdating. Ang mga progresibista ay susunod sa Antikristo at sa kanyang huwad na propeta, na malapit nang dumating. Kung kaya, hinihingi Ko sa lahat ng mga Paring nakikinig sa Akin, lahat silang naririto, na tinatawag Kong Mabuting Pastol, bilang Kataas-taasang Pari, bilang Eternal na Pari, kayong mga Pari (*Sacerdos in aeternum*) ayon sa Order ni Melkisedek: kayo, mga Pari: Bumalik kayo sa tunay na Sakripisyo sa Altar!” (1972)

Ang Panginoon Nating Hesukristo: “Isang malaking trahedyang nakaumang sa mukha ng Mundo. Tanging dalangin at pagtitika ang may kapasidad upang awatin ang lahat ng darating. Mahal Kong mga anak: Kayo lamang ang makakapagpakalma sa Banal na Galit ng Eternal na Ama, dahil mayroon kayong tunay na Misa, ang Misang gumagawa ng Reparasyon. Mayroon kayong Kalbaryo. Samantalang sa Opisyal na Simbahan ang bangkete na lamang ang natitira; nawala na sa kanila ang kaisipan tungkol sa Kalbaryo. At sa maraming mga simbahan ito ay naging isa na lamang na komemorasyon sa Hapunan, wala ng iba. Nasa sainyo ang Master Key o Tanging Susi na kung saan maraming mga grasya ay nakararating sa Simbahan at sa mundo. Kaawa-awang sangkatauhan! Ang mga bansa ay lalamunin ang bawâ’t isa, at si Satanas ang maghahari, pansamantala.” (1977)

Sa lalong madaling panahon ang teribleng pagkakawatak-watak ay darating. Subali’t magkubli kayo sa ilalm ng Banal na Kapa ng Aking Pinakabanal na Ina, at matatagpuan ninyo ang Liwanag, ang Daan at makikita ninyo kung saan matatagpuan ang Papa. Nakakalungkot para sa darating na pamumuno ng Papa! Teribling mga awayan, ang mga kardinal lumalaban para ipagtanggol ang antipapa; ang mga obispo at ang mga pari ay sumusunod sa halimbawa ng antipapa. Ang pagiging temporal o Sekularisasyon ay darating, ang mga prayle at mga madre ay lilisan sa kanilang mga kumbento at manunumpa sila sa serbisyo ng antipapa. Upang makaligtas nang walang anumang balakid sa magulong sitwasyon, ang sagot ay: magdasal, magdasal, magdasal; gumawa ng pagtitika. Nakita na ninyo, Aking mga anak: tanging sa paraan ng panalangin at sakripisyo kayo ay magtatagumpay kasama Ko. Ano naman kung iwasan ninyo ang sine, ang panood ng telebisyon, napakaraming mga paganong kasayahan na ang tao ay ginagawang halimaw? Sapagka’t inilalayo nila ang tao sa Akin sa pagpapakita ng mga pornograpiya, sa pagpapakita ng kataasan o kayabangan ng tao.” (1970)

Sa oras na ito ng krisis sa Simbahan, ang mga Mariological dogma o mga doktrina tungkol kay Maria ay inaatake nang buong pagngangalit, na puno ng kapangyarihan ng demonyo; si Maria ay inaatake o nilalaban nang mas matindi kaysa mga nakaraan, sapagka’t ito ay Kanya ring oras: ito ay oras ni Maria. May mga obispo nga sa mundo na nais alisin na ang mga Dogma tungkol kay Maria, sa pagkukunwaring sa pakikisama sa mga protestante at mga sismatiko. Kaawa-awang mga Obispo! Sila ay pagpapawisan ng dugo! Ngayon, sa krusyal na oras para sa Simbahan, Katoliko, Apostoliko at Romano, napakaraming gusto nang wakasan ang pagbigay pugay kay Maria, Reyna ng Langit at Lupa, Tagatago ng mga Grasya, dahil alam nila na Siya ang Pastol ng Kawan, at, kung nasa Kanya, ay hindi magiging madali ang mapariwara. Bakit ang lahat ng krisis na ito? Sapagka’t kakaunti ang mga taong simbahan ang sadyang nagdadasal ng Banal na Rosaryo; iyan ang isa sa mga dahilan. Ngayon ang pamantayan ay aksyon, aksyon. Subali’t hindi nila ginagawa ang pagdarasal. Ang aksyon na walang dasal ay sayang na oras. Dasal, Aking mga anak, dasal hindi lamang mental kundi bokal din. Ang bokal na panalangin ay maraming mga kaaway, sa dahilang ito ay paulit-ult, dasal pagkatapos ng dasal, walang kwenta. Subali’t hindi nila naiisip na Ako Mismo ang nagturo ng Ama Namin at sinabi Kong ganyan dapat kayo magdasal. Kung kaya, totoong gusto Ko ang bokal na panalangin. Totoo rin na kung sila ay nagdarasal nang wala sa loob o hindi isinasapuso, kung ganoon ang dasal ay walang kwenta. Dapat kayong magmuni kung ano ang inyong ginagawa at kung

sino ang pinatutungkulan ninyo, na sikaping hindi maistorbo, at umaasang nalalapas na ang Langit sa pamamagitan ng mga grasyang natanggap, at ialay ang mga pagdurusa at mga kahirapan. Hindi sapat na magdasal ng marami sa pamamagitan ng mga labi kung ang kaluluwa ay hindi kasama nito. Mahirap, subali't sa pangkalahatan ito ay mas maraming merito. Kung ganoon walang dahilan para alisin ang Rosaryo. Dagdag pa, sa mga oras na ito, ito ay mas higit na kailangan." (1972)

"Mga anak Ko: Ipagpatuloy ninyo! Sa pamamagitan ng dasal at pagtitika ay makakaungos kayo at mananalo ng tagumpay para sa Akin, na inyong Ina... Magdasal. Kayo, sa inyong mga panalangin, ay nakaliligtas kayo ng mga kaluluwa. Huwag ninyong iwanan ang pagdarasal. Tingnan ninyo, sa maraming siglo ang kaligtasan ng Simbahan ay nasa mga kamay ng maliliit na mga Madre na mataimtim sa pagdarasal: sila ay ang mga totoong kidlat na sumasangga para sa Banal na Galit ng Ama. Nais Kong ang Mensaheng ito ay ipakalat sa apat na sulok ng daigdig." (1971)

"Mahal Kong mga anak: huwag ninyong kamuhian ang mga propesiya, sapagka't ang mga iyon ay regalo galing sa Diyos at babala sa Simbahan at sa sangkatauhan. Hindi na kayo makatatanggap ng marami pang babala sa ngayon. Pinatutungkulan Ko rin ikaw, Aking Esposo (tinutukoy ang Simbahan). Ikaw rin ay makatatanggap ng malaking mga kastigo; bawa't araw ay lalo mong sinasalaula ang iyong sarili. Alalahanin ninyo ang pangyayari sa Dakilang Prostityut (Great Harlot) at ang Dakilang Babylonia. Ang lahat ng iyon ay may kinalaman saiyong, mahal Kong Esposo; Gunitain ninyo ang mga pabigla-bigla ninyong desisyon at mga pakikipagkasundo kay Satanas. Gumawa kayo ng silid sa inyong dibdib para sa mga emisaryo ng Halimaw: mga komunista, freemasons, lutherans, Calvinists at iba pang mga heretiko. Sinisira ninyo ang Banal na Ebanghelyo at ipinipresenta ang mga misteryo nang may kalituhan; hinahaluhan ninyo ng hindi kanais-nais ang Pananampalataya, itinuturo ninyo ang katotohanan na may halong mga kasinungalingan; inaalis ninyo ang mga banal na Obispo, banal na mga Kardinal, banal na mga Pari at mabubuting mga Relihiyoso at mga Relehiyosa, at ginagawa ninyong imposible ang buhay para sa kanila, doon sa mga patuloy na pinapangatawanan ang integridad ng Pananampalataya; sa isang salita: ginigyera ninyo sila ng malamig na giyera, inaalis sila sa kanilang mga puwesto, at tinatawag silang mga kalaban ng pagkakasundo. Subali't, kayo, ay inayawan ang pagtanggap sa lahat ng mga Banal na Konseho, nagtayo ng bagong Simbahan buhat ng vatican council II; na hindi naman totoong Konseho, subali't isang inimbento ninyo lamang at ininterpreta base sa inyong mga kalabisang mga gawain, para mahaluan ng mali ang katotohanan at salungatin ang Banal na Tradisyon, mga namamalsipika ng dakilang mga Santo. Ang Ama sa Langit sa madaling panahon ay lilinisin at sasalain kayo. Nanawagan Ako sa mga tunay na Kardinal, Obispo, Pari at mga Relihiyoso at Relihiyosa: Maging matatag kayo sa Pananampalataya, sa Tradisyon at sa totoong Magisterium o Katuruan ng Simbahan. Tingnan ninyo, gawin ninyo ito, sapagka't baka mangyari na kayo ay timbangin sa timbangan at matuklasang kulang, at makondena. Kayo, ang mabubuti at totoo, kayo ang mas sumisira sa akin kaysa sa iba, sa pamamagitan ng inyong paghahalukip o pagsasawalang kibo. Sa pamamagitan ng inyong ganitong postura ang inyong Ama sa Langit ay sasabihin saiyong: 'Sapagka't kayo ay maligamgam, kayo ay kasuklam-suklam sa Aking paningin. Isusuka Ko kayo.' Kayo ay tinatawagan upang buhayang muli ang Latin sa Simbahan at sikaping maibalik muli ang Banal na Latin Tridentine Mass ni San Pius V. Mag-ingat kayo tungkol sa mga pagsalin galing sa Latin tungo sa lokal na lengwahe, sapagka't iyon ay isang paraan upang haluan ng mali ang Katotohanan. Kapag makakita kayo ng ganoong mga pag-aabuso, magtaas kayo ng inyong mga boses sapagka't iyon ang tungkulin ng mga Pastol na nangangalaga sa kanilang mga tupa." (1972)

"Nasaan na ngayon iyong maluwalhati at kagalang-galang na pagsamba na noon ay ibinibigay sa Diyos? Hanapin ninyo iyon dito sa Banal na Bundok at sa iba pang mga kahalintulad na pook sa buong mundo.

Hindi na magiging madali ang makatagpo sa mga simbahan, sapagka't ang mga simbahan ay sinalaula na ng mga ministro ng Panginoon mismo. Iyon ang nagpapalungkot, iyon ang Pasyon ng Simbahan: ang Bahay ng Ama ay sinalaula niyong tinatawag na mga ministro ng Panginoon. Sa katotohanan, sila ay mga ministro ni Satanas, mga ministro ng Antikristo, na siyang naghahanda ng daan ng Antikristo, pinamamangha ang mga tupa ng mga maling prinsipyo at mga gawain, ng maling pagkakapatirang pagmamahal, na kinakalimutan ang pagmamahal sa Diyos, ang katas-taasang Batas na higit sa lahat ng Batas. Ngayon ay nagsasalita Ako sainyo bilang Ina, Pastora at Doktora, upang mamangha ang mga matatalino, ang mga maingat at ang mga dakilang tinatawag na 'theologians' o mga eksperto sa pag-aaral ukol sa Diyos at relihiyon, na hindi naman sila talagang ganoon." (1974)

Ang Tunay na Pagsunod o Pagtalima

"Ang pangkasalukuyang Opisyal na Herarkiya ng Simbahan, ay masyadong nagkakaisa o 'ecumenical' at masyadong sosyal, ay inutusan na ang mga Pari na Magmisang nakaharap sa mga tao, bilang pagrespeto sa mga tao, para lalong mas maganda ang relasyon sa tao, iyong mga bineybi o pinalayaw na tao ng Diyos; kung kaya nagmimisa mang nakatalikod sa Akin ay walang problema sa kanila." (1978)

Ang maling pagsunod ay naging armas ni Satanas: "Mag-ingat kayo sa maling pagsunod. Kung alam ninyong mali ang Obispo, ang madaling gawin ay sundin siya. Nguni't malungkot kayo doon, sa alam nang sila ay inaakay ng isang bulag, ay sumusunod sa kanila! Kawawang mga kaluluwa! Sila rin ay makatatanggap ng kanilang mga disyerto. Obserbahan ninyo ang mga Simbahan sa Belgium, Holland, Mexico, Germany at marami pang ibang mga bansa: Sila ay nabubuhay sa maliwanag na heresiya. Bakit? Sapagka't sumusunod sila sa mga pastol na nagtuturo ng heresiya."

"Mag-ingat kayo sa maling pagsunod sa Herarkiya ng Simbahan, dahil kung ang Karapatan ng Diyos at ang kaligtasan ng tao ang nakataya, walang kapangyarihan sa mundo kundi iyong sa Kanya na tinanggap ang lahat ng kapangyarihan buhat sa Ama." (1971)

"O Aking mga anak, mag-ingat kayo! Ang rebeldeng anghel, si Satanas ay nagkukunwari bilang anghel ng liwanag, mapakumbaba kung titingnan, humihingi ng pagsunod sa Herarkiya, nguni't maraming mga kardinal ay nasa mali at labis na naguguluhan. Mag-ingat kayo. Paano kayong susunod sa isang nagkakamali nang hindi kayo mahuhulog sa parehong pagkakamali? Mag-ingat sa maling pagsunod! Ang bulag na pagsunod ay imposible sa mga panahong ito na ang Simbahan ay nagdaraan sa malaking kalituhan, nakakatakot na mga bagyo, makakapal na hamog. Ang bulag na pagsunod ay imposible sa mga panahong ito. Ikonsidera at linawin ninyo kung ano ang dapat niyong sundin. Tingnan ninyo, Aking mga anak: ang mga hudyo, tagapagdala ng Sagradong Katotohanan, ay alam nila na ang Mesiyas ay darating. Sa Linggo ng Palaspas Ako ay maluwalhating tinanggap sa Herusalem. Pagkaraan ng ilang araw, ang mga tao, nilason ang isipan ng mga namumunong pari ng simbahan, ay hiningi ang Aking Pagpako sa Krus. Bakit? Sapagka't bulag silang sumunod doon sa mga namumunong pari, na mga nagkamali: Si Caiphas at si Annas. Ang dalawa ay inudyukan ang mga tao na Ako ay Ipako sa Krus; at ang mga tao, nagpasailalim at sumunod, ay hiningi ang Aking kamatayan, sapagka't ang namumunong mga pari ay hiningi ang ganoon. Ang mga tao ay napapasailalim sa kanila; at magkaganoon man, dahil sa pagsunod na iyon, ang mga hudyo ay pinarusahang maglagalag hanggang sa kanilang konbersiyon." (1972)

"O Aking mga anak: magnilay kayo tungkol sa pagsunod! Tingnan ninyo, marami ang napariwara sa pagsunod sa mga nagkakamaling mga Obispo. Tingnan ninyo ang lutheranismo: ang lahat ay dahil sa maling pagsunod. Tingnan ninyo ang lahat ng pagkakahati-hati na nangyari sa Simbahan: ang lahat ay

dahil sa bulag na pagsunod sa mga pastol... Ako muna, bago ang Aking nagkamaling mga ministro. Pag-isipan ninyo ito, Aking mga anak: Sa kasaysayan ng Simbahan, ilang mga Obispo ang naging mga heretiko! Tingnan ninyo si obispong Nestorius, dakilang heretiko noong unang panahon ng Simbahan – ilan ang nahulog sa heresiya sa pagsunod sa kanya! O Aking mga anak: basahin ninyo ang Kasaysayan ng Simbahan at matatagpuan ninyo ang Liwanag! Ako ang Liwanag, ang Buhay, ang Daan, Kaligtasan. Hindi lahat ng mga obispo ay nagsasalita sa Ngalan Ko. Hindi lahat ng mga kardinal ay nagsasalita sa Ngalan Ko. Hindi lahat ng mga pari ay nagsasalita sa Ngalan Ko. Marami sa kanila ay nagsasalita sa ngalan ni Satanas, sapagka't ang freemasonry at ang Marxism ay nakapasok na sa Simbahan." (1972)

Ang pagsasalaula ng mga simbahan

"Malungkot; ang oras na ito ay sadyang malungkot! Sapagka't napakarami ang hinayaan ang kanilang mga sarili na mahila ng mga maling pagsunod, ng maling pagmamahal, nalalaman nila ang mga kasamaang sumisira sa Simbahan; at alam na ang ibang mga Obispo ay malayo na ang narating upang kalabanin ang Pinakabanal na Ama sa Roma, sinasabing dapat ay sundin sila. Sundin ang napapariwarang Obispo?" (1972)

"Sa mga araw na ito, nakalulungkot, sa Simbahan, araw-araw ay lalong kumakaunti ang respeto para sa Sakramental na si Hesus. Sa bawa't araw ang mga Sakramento ay lalong binabalewala. Kinakailangan ang bumalik sa Banal na Tradisyon na nagbigay ng napakaraming mga Santo sa Simbahan. At kinakailangang lumayo sa progresibismong nagbabadya sa Simbahan. Pakinggan ninyo ang boses ng Papa na nagbibigay ng babala sa satanikong pagpasok ng mga kalaban sa Simbahan. Pakinggan ninyo ang boses ng Papa na nagsasabi sainyo lahat na ang demonyo ay ginugulat at hinihila sa kapahamakan ang maraming mga miyembro ng Simbahan. Pakinggan ninyo ang Bikaryo ni Kristo, na ibinabalita sa mundo na si Satanas ay nakapasok na sa kaitaasan ng Simbahan. Maghanda kayo, dahil ang mga panahon ng mas malaking kalituhan ay darating hanggang, sa madaling panahon, ang antipapa ay maupo sa trono. Datapwa't manalig sa Diyos: ang Simbahan ni Kristo ay hindi mawawasak. Ang Simbahan ni Kristo ay ginagabayan Niya, dahil tulad ng Kanyang ipinangako, at ang lagusan ng Impiyerno ay hindi magtatagumpay laban sa kanya. Maging kalmante kayo: Si Hesus ay nasa Kanyang Simbahan, subali't sa tunay na Simbahan, matapat sa Dogma, matapat sa Tradisyon, at matapat sa Katuruan (Magisterium) ng Simbahan, ang tunay na Katuruan ng Simbahan." (1972)

"O Aking mga anak! Gaano kadalas na si Hesus ay nagtatakip ng kanyang tainga kapag galing sa pulpito ay itinuturo ang mga heretikong doktrina! Kung ang kasalanan kahapon ngayon ay hindi na kasalanan, kung kahapon ay katotohanan ngayon ay mali na; kung ano ang mali kahapon ngayon ay katotohanan na. Ang Katotohanan at kasinungalingan ay inilgay na sa parehong pamantayan, at ang mga mananampalataya ay hindi na alam kung saan ang Katotohanan nakabase. Subali't napakadali. Bumaling ka sa Katuruan ng Simbahan sa pagtakbo ng kasaysayan. Ang Espiritu Santo ay nagsasalita sa pagdaan ng mga siglo, at ang mga Katotohanang iyon ay hindi nagbabago at eternal. Hindi kayo dapat makinig sa mga doktrinang kontra sa Katotohanan, kahit sino pa ang obispo, sapagka't ang Katotohanan ay Isa. Ang lahat na lihis sa Katotohanan ay Anatema o mahigpit na kinasusuklamang. Bihira nang pag-usapan ang anatema ngayon; ngayon ang mali ay pinapatawad at pinapayagan pa." (1972)

"O mahal Kong maliliit na anak, ano na ang kalagayan ng Bahay ng Ama? Anong pagsasalaula! Nakikita ninyo kung paano ang maraming mga babae ay pumupunta sa simbahan, na tinatawag ang kanilang mga sariling mga anak Ko. Anong iskandalo ang ibinibigay nila sa kanilang inaasal, sa pamamagitan ng kanilang pananamit at asal. Kinakailangang linisin ang Bahay ng Ama sa lahat ng itong marurumi. Kinakailangan

na ang babae ay pumasok sa Bahay ng Diyos tulad ng dati na niyang ginagawa. Sa pangyayaring ito ang mga Ministro Ko ang mas dapat sisihin kaysa sa kanila. At ano ang masasabi kung paano sila tumanggap ng Banal na Komunyon! Napakaliit na preparasyon, napakaliit na respeto! Nakalimutan na nila na ang tinatanggap nila ay ang Diyos mismo. O mahal Kong maliliit na mga anak: Anong huwad na doktrina ang inyong natututuhan sa mga oras na ito! Humiwalay na sila sa tradisyon ng Simbahan. Nakinig sila sa mga huwad na doktrina, at bumalik sa lahat na kinondena ng Aking Simbahan. Sa muli ang matanda nang heresiya ay uso na naman. Tingnan ninyo, Aking maliliit na mga anak, kung paano o saan patungo ang Simbahan. Dumating na ang oras na kung saan ay dinaya nila ang esensyal, ang Banal na Sakripisyo ng Misa. Madalas Kong sinasabi sainyo: Ano na ang naiwan sa Sakripisyo ng Misa? Pangkaraniwang bangkete: walang Biktima, walang iniaalay na Biktima, si Hesukristo, sa Ama. O mahal kong mga anak: Kinakailangan na ang Banal na Sakripisyo ng Misa ay ibalik sa aking Simbahan. Madalas ko na ring sinabi iyon sainyo.” (1974)

“Ngayon, nakalulungkot, maraming mga Obispo sa Simbahan ang nagsisikap na alisin ang Aking Ina. Iyon ay ang masama sa Simbahan, ang oras na kung saan maraming mga taong simbahan ang tumatalikod kay Maria, na Ina ng Simbahan! O maliliit Kong mga anak, ano ang gusto ninyong mangyari! Mag-ingat kayo, dahil ang pamalo ay babagsak sa inyong mga balik. Tulad ng ginawa Ko sa Templo sa mga mangangalakal, itinulak Ko sila sa labas, gagawin Ko rin iyon sainyo; sapagka’t ginagawa ninyo ang Bahay ng Ama bilang isang kanlungan ng mga magnanakaw. Iyong mga sinalaulang mga simbahan! At sino ang mga may pananagutan? Kayo mismo, mga Obispo at mga pari. Linisin ninyo ang inyong mga simbahan sa napakaraming karumihan! Paanong papasok ang tao sa Bahay ng Ama na walang kaayusan? Paanong ang mga babae ay mahulog sa napakalayong dignidad ni Maria, na pumapasok sa simbahan na malalaswa ang kasuotan, nagbibigay ng motibo at nakakaiskandalo sa iba! At kayo ang dapat sisihin; sapagka’t may kapangyarihan kayo para palabasin ang masama sa Simbahan. Sa oras ng paghuhukom, magkakaroon ng mas higit na kahigpitan para sainyo. May mga pagkakataon na ang mananampalataya ay kumikilos dahil sa walang kaalaman; subali’t alam ninyo ang direksiyon na dapat nilang sundin.” (1973)

“Oh, oh, nabubulok na mundo! Oh, imoralidad! Ngayon ay pinatutungkulan Ko kayo, mga babae: Takpan ninyo ang inyong mga katawan, itago ninyo ang inyong mga bisig, sapagka’t hinahamon ninyo ang Aking Galit; kayo ay lilitsonin ng apoy; kayo ang mga iskandalo ng mga lalake. Takpan ninyo ang inyong kahubaran. Malungkot doon sa mga pumupunta dito sa Sagradong Lugar na ipinapakita ang kanilang laman, na nagbibigay ng mataas na posibilidad ng iskandalo at pagkakasala. Paano sila nakapupunta dito nang nakalantad ang mga bisig?” (1971)

Pakikipagdigma laban sa Papa

Ang mga bagong teyologo at mga moralista, upang patibayin ang kanilang mga kasumpa-sumpang maling mga pananaw, ay bumase sa mga popular na doktrina na laganap buhat noong ika-labingsiyam na siglo hanggang sa ngayon, na natural hanggang sa Vatican II conciliabulum. Kahit ang Vatican II Council ay ninais at tinipon ng Espiritu Santo, ang Banal na Espiritu ay pinatalsik ng makapangyarihang nakararami na dati nang mga apostatang mga obispo; gayundin dahil sa kaunting dalanging ginawa sa Kanya. Sa kabilang dako, walang garantiya tungkol sa tunay na lagda ni Papa San Pablo VI, dahil sa buong pagiging Papa niya, ang malaking parte ng panahong iyon siya ay ipinasailalim na sa mga droga, kung kaya ang awtoridad ng Konseho ay imbalido, dahil ang Konsehong walang Papa bilang namumuno ay walang kapangyarihan sa Simbahan. Ang Papa na nasa ilalim ng epekto ng droga, ay pareho rin sa walang kapangyarihang Papa. Kung kaya, ang Konseho na pinangunahan ng Papa na nasa ilalim ng epekto ng

droga, ay pareho rin sa pagsasabing ang Konseho, ang mas malaking parte ng panahon nito, ay walang anumang namumuno. Sa Vatican II conciliabulum, sa napakalungkot na memorya para sa Simbahan, ay ipinroklama ang kasumpa-sumpang batas sa kalayaang pangrelihiyon, na hayagang komukontra sa Banal na Kasulatan, na hayagang komukontra sa karaniwang katuruan ng mga dakila at banal na mga Doktor ng Simbahan, at sa nakahihiyang pagkontra sa Walang Kamaliang Katuruan ng Simbahan (Infallible Magisterium of the Church). Ang sataniko at kasumpa-sumpang batas sa kalayaang pangrelihiyon ay kontra sa mga depinisyon ng hindi mabilang na mga Papa.

Ang dokumento ukol sa batas sa kalayaang pangrelihiyon ay naglalaman ng lagda ni Papa San Pablo VI na, inudyukan ng Diyos, at may nag-aalab na katapangan, sa itaas ng kanyang lagda ay isinulat ang sumusunod: *“Sa kabila ng lahat, ang doktrina at katuruan ng Ating mga Pinagpipitagang Sinundang Papa ay nananatiling ipinapatupad.”* Sa puntong ito, ay pinawalang bisa ng Papa ang dokumento tungkol sa batas sa kalayaang pangrelihiyon. Sa kasalukuyan, ang dokumento ay ipinakalat sa lahat ng dako, subalit wala ang nabanggit na talata.

Ang nakarimirim na ekuminismo o pagsasama-sama ng iba't-ibang prinsipyo ng mga sekta at ang Vatican II conciliabulum: Nararapat lamang ang lubos na kondensasyon ang hindi makatwirang ekuminismo, na kung saan may layuning makasira sa konsepto ng pagkakaisa, ay sinikap na ilagay ang Tunay na Simbahan at ang mga huwad na simbahan sa isang lebel o katayuan. Ang kongklusyon ay lumalabas na parehong ang Tunay at ang huwad ay dapat tanggihan iyong mga paniniwala na nakahahadlang upang maabot ang ganoon kaimoral na pagkakaisa. Subali't, ang Tunay na Simbahan ay nung kang tinanggihan at kahit kalian ay nung kang tanggihan ang anumang katotohanan ng Pananampalataya. Ang mga huwad na simbahan ay sila ang dapat na iabandona ang kanilang mga kamalian kung gusto nilang mapasama o muling mapasama, ayon sa kaso, sa kandungan ng tunay na Simbahan, ang tanging tagapagdala ng Katotohanan, ang Arko ng Kaligtasan.

Hindi Kailan man maaaring magkaroon ng mahigit sa isang mabuting relihiyon, sapagka't tanging isang relihiyon lamang ang nararapat na tunay. Ang lahat na hindi tunay ay masama: ang mga kasinungalingan at kamalian ay natural masama. Ang Diyos, na Siyang substansyal o sapat na katotohanan, ay natural na minamahal ang katotohanan nang lahat ng pagmamahal na minamahal Niya mismo, na ibig sabihin, walang hanggan, at kung ganoon ay kinasusuklaman Niya ang mali. Kung ganoon, ang katotohanan ay isa, at hindi sumasalungat sa sarili. Ang dalawang magkasalungat na proposisyon ay hindi maaaring parehong totoo. Ang iba't-ibang relihiyon, datapwa, ay magkakasalungat sa bawa't isa; ang isa ay tinatanggi ang inaako ng iba; ang isa ay sinasamba ang inaayawan ng iba. Kung kaya, hindi lahat sila ay totoo. Isa lamang ang mabuti, sapagka't isa lamang ang totoo. Kung magkukunwari na ang lahat ng relihiyon ay mabuti ay pareho na rin nang sinasabing 'oo' at 'hindi', 'para' at 'kontra', ay lahat pare-pareho: at iyon ay ang paglunok ng napakalaking imposibilidad. Kung ang lahat ng relihiyon ay mabuti, magiging mabuti sa isang Katoliko na maniwala sa Simbahan, at sa isang protestante na hindi maniwala sa kanya; magiging mabuti sa isang protestante na maniwala kay Hesukristo, Diyos at Tao, at mabuti kay Mohammed na tanggihan ang Kanyang Pagkadiyos. Anong kalokohan! Subali't ang mga teyoryang ito ay ipinepresenta bilang isa sa malaking tagumpay ng modernong espiritu.

Sa panahon ng kalituhan at pagkakawatak-watak matapos ang conciliabulum na tinatawag na vatican council II, napakahirap nang makarinig ng Magandang Katuruan, dahil ang kawan ng masasamang pastol ay namumuno sa loob ng Simbahan. Si Satanas, ang infernal na kaaway, ay nakarating na sa rurok ng katusohan, na ang pagpasok sa kandungan ng Simbahan, at maglagay ng mga masasamang mga pastol

upang ikalat at palaganapin ang mga maling doktrina, at kahit na ang pagkontra sa Reyna ng Langit at Lupa, ang Pinakabanal na Birhen, ang Ating Ina.

Si Satanas, ang infernal na kaaway ay nagdala na lason sa loob ng Simbahan, sapagka't alam ng kaaway na si Maria ang dudurog sa kanyang mapagmataas na ulo. Kung kaya inilagay niya ang maraming masasamang pastol sa loob ng Simbahan upang magsermon kontra kay Maria, o kung hindi man ay huwag na Siyang banggitin. Sa gayon ang karaniwang tao ay mawawalan ng Liwanag, at si Satanas ay maghahari sa kanilang puso.

Sa mga taong iyon ng kalituhan sa panahon ng pagiging Papa ni Papa San Pablo VI, ang Pinakabanal na Birhen ay binibigyan ng pugay tulad ng nararapat sa Kanya dito sa Sagradong Lugar ng El Palmar de Troya, samantalang sa lahat ng Simbahan ang ginagawa nila ay alisin ang pagpugay na nararapat sa Banal na Birhen, inalis Siya sa mga kapilya at sa mga altar na kung saan ay Siya ang nangunguna at Siya ay inilagay sa isang tabi. Dito, sa disyertong ito ng El Palmar, marangyang pagsamba ang ginagawa, tulad ng dati nang ginagawa mula't-mula pa sa mga nagdaang panahon. Ang romanong simbahan ay nalublob na sa pangkaramihang pag-aapostata at kalituhan. Gaano karaming mga pari ang nagsalaula! Ang mga pari at ang mga madre ay hindi na isinasakatuparan ang mga Alituntunin ng kanilang mga Nagtatag!

Sa katuwirang iyon ang Kataas-taasan ay tinipon ang kaunti sa ibang mga mananampalataya sa disyertong ito sa Lentisko ng El Palmar de Troya, sa disyerto na kung saan sa katulad na pagkakataon ay siyang Liwanag, Ilaw at Bukal ng Simbahan. Miserable kung titingnan, subali't sa katunayan ito ang pinakamatabang lupa, sapagka't ito ay nagbibigay ng magagandang bunga, iyong bunga ng katapatan at hindi matitinag sa pananampalataya at sa integridad ng Apostolikong Katolisismo na namana natin mula sa ating mga ninuno.

Ang binagong Simbahan

Sa gitna ng mga hadlang, sa disyertong ito ang integridad ng Banal, Katoliko at Apostolikong Pananampalataya ay nananatiling buo, sa awa ng Diyos. Ang El Palmar de Troya ay naging haligi sa kanto, sapagka't nanatili itong matatag sa tradisyonal na katuruan ng Simbahan ang ating Ina; at dahil ang mga grupo ng mga perigrino at mga deboto na matiyagang pumunta dito sa Sagradong Lugar ay pinakinggan ang Salita ng Diyos at kanila itong ginagawa. Ang malungkot, sa mga panahon na ang romanong simbahan ay sinira, na pinangunahan ng masasamang mga pastol, ang mga katuruan nito ay nahaluan ng kasamaan at ang Reyna ng Langit at Lupa ay kinailangang pumarito at magsabi: Bumalik kayo sa pagtuturo ng Tunay na Doktrina na pinangangalagaan ng Simbahan sa Kanyang Sagradong Siguridad! At paano idedepensa ang Doktrinang iyon? Sa pamamagitan ng pagporma ng Panginoon ng mga Apostoles na Kalipunan ng mga Obispo handang ibuwis ang kanilang buhay sa pagtatanggol sa Katolikong Pananampalataya.

Noong ika-23 ng Disyembre 1975, sa utos ng Ating Panginoong Hesukristo, ang noon na si Clemente Dominguez y Gomez ay itinatag ang *Order of Carmelites of the Holy Face*. Ang mga kasapi ng Order of Carmelites of the Holy Face ay ang mga Apostoles ni Maria sa mga Huling Panahon (Marian Apostles of the Last Times), at tinatawag ding mga Tagapasan ng Krus (Cross Bearers). Ito ang huli at nag-iisang Order ng mga Relihiyoso sa Mga Huling Panahon, at ang tunay na karugtong ng Order ng Bundok ng Karmel na itinatag ni Propetang Elias at sa bandang huli ay nireporma ng pinagpipitagang Doktora ng Simbahan na si Santa Teresa de Jesus. Ang Order of Carmelites of the Holy Face ay napapaloob ang espiritu ng lahat ng iba pang Religious Orders na itinatag sa pagdaan ng kasaysayan. Ang Order na ito ng Carmelites of the Holy Face ay may tatlong Sangay: Ang Una, ang mga Pari; ang Pangalawa, ang mga Madre; at ang Pangatlo,

ang mga Mananampalatayang Tersyaryo. Ang lahat ng miyembro ng Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmaryanong Simbahan ay nasa ilalim nitong huling Religious Order, ang bawâ isa ay sa kanilang sariling sangay. Tulad ng unang Carmelite Order na naghanda sa Unang Pagdating ni Kristo bilang Mesiyas, ang Order ng Carmelites of the Holy Face ay naghahanda sa Ikalawang Pagdating ni Kristo upang husgahan ang bawâ isa at itayo ang Mesyanik na Kaharian. Ang Order of Carmelites of the Holy Face ay may mga pangunahing misyon na ang paghanda sa Ikalawang Pagdating ni Kristo at ang pakikipagdigma nang walang humpay laban sa Antikristo at sa kanyang mga infernal na kampon.

Noong ika-1 ng Enero 1976, sa Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya, Sina Clemente Dominguez y Gomez at Manuel Alonso Corral ay inordenan bilang mga Pari ni Arsobispo San Pedro Martin Ngo-dinh Thuc, at noong ika-11 ng Enero ng taon ding iyon ay kinonsagra bilang mga Obispo ng nabanggit na Arsobispong buhat sa Roma upang isagawa ang ekstraordinaryong misyon. Makaraan ang kanyang konsagrasyon bilang Obispo, si Padre Clemente Dominguez ay nag-orden at nagkonsagra ng maraming iba pa, at sa paraang ito ay nabuo ang Palmarian Episcopal College. Ang lahat ng ito ay naging motibo para sa nakatatakot na persekusyon na binuo ng opisyal na pamunuan ng romanong simbahan, na dumating sa puntong pagpapaalis sa Espanya, kay Padre Clemente Dominguez kasama si Padre Manuel Alonso at iba pang mga Obispo at mga Pari, noong ika-6 ng Abril, 1976, sa pamamagitan ng kasuguan ng isang huwes sa Utrera, dahil sa maraming panggigipit galing sa apostatang kardinal ng Sevilla, na si Jose Bueno Monreal, isang matinding kalaban ng mga Aparisyon sa El Palmar de Troya, sa kabila ng maraming mga katibayan na mayroon siya tungkol sa katotohanan ng mga Aparisyon. Noong ika-29 ng Mayo 1976, sa isa sa kanyang walang kapagurang mga apostolikong paglalakbay, ay nawalan ng paningin sa dalawang mata si Padre Clemente Dominguez, resulta ng aksidente sa sasakyan na kanyang nilulunanan, isang hindi maisip na pagdurusa para sa kanya. Sa kabila nito, na siya ay bulag na, patuloy pa rin siya sa kanyang mainit na apostolado sa iba't-ibang lugar sa Espanya at iba pang mga bansa sa Europa at Amerika tulad ng dati, at sa kanyang mga sermon ay ipinahayag niya ang Tunay na Pananampalataya, Tradisyon at mga Banal na Moral, buong tatag na ipinagtanggol si Papa San Pablo VI, na noon ay inaatake ng mga progresibista at mga tradisyonalista, at higit sa lahat ay kinondena ang mga heresiya at mga pagsasalulang ipinapalaganap ng mga kardinal at mga Obispo sa Batikano at iba't-ibang mga diyosis. Noong 1976, sa isa sa nakamamanghang aparisyon, ang Ating Panginoong Hesukristo, ay ipinangako ang pagiging Papa, ang Pamamahala sa Simbahan kay Padre Clemente, sa mga salitang ito: "Ikaw ang magiging Pedro sa hinaharap: Ang Papa na mag-iisa sa Pananampalataya at integridad sa Simbahan, na makikidigma laban sa mga heresiya na may kapangyarihang lakas, sapagka't laksang mga Anghel ay tutulong saiyo... Ang Dakilang Papa Gregoryo, ang Glorya ng mga Olibo (Glory of the Olives)....". Ang Pangunahing Obispo o Bishop Primate ng El Palmar de Troya, una ay bilang Padre Clemente at sa huli may pangalan sa relihiyon na Father Ferdinand, ay ang boses na humihiyaw sa Simbahan sa ngalan ng Romanong Santo Papa, na hindi pinapahintulutang kumilos o magsalita nang malaya. Sa partikular na kalooban ng Diyos, at hanggang sa pagkamatay ni Papa San Pablo VI, si Obispo Padre Ferdinand ay humawak ng pinakamataas na katungkulan bilang Sub-Vicar ni Kristo sa Simbahan. Noong ika-1 ng Enero 1977, si Obispo Padre Clemente ay kanonikal na kinoronahan ang Sagradong Imahen na ngayon ay nangunguna sa *camarin* ng Lentisko sa ilalim ng titulo ng Our Crowned Mother of El Palmar.

Ang Panginoon ay binuo ang Episcopal College o Kalipunan ng mga Obispo sa El Palmar de Troya kaisa ang Romanong Papa, Pablo VI, at ayon sa apostolikong pagsasalin. Sa paraang ito ay tinupad ng Panginoon ang Kanyang pangako na tutulungan Niya ang Kanyang Simbahan hanggang sa pagtapos ng panahon. Sa loob ng mga siglong ito ay tinulungan Niya ang Kanyang Simbahan sa libong paraan: Ito ay isang paraan

ni Kristo sa pagtulong sa Simbahan. Si Kristo ay hindi iniwanan ang Kanyang Simbahan. Si Kristo ay nananatili sa Kanyang Simbahan. Kung kaya hindi nakapagtataka nang ang napakaraming mga pastol na may mitre at tungkod ay nangangaral ngayon laban sa Tunay na Doktrina, na kung saan napakaraming mga Obispo ay hindi na nangangaral tungkol kay Maria, hindi nakapagtataka na ang Panginoon ay bumuo nitong Kalipunan ng mga Obispo upang mangaral sa kung ano ang lagi nang ipinapangaral ng Simbahan. Gaano karami ang mga kaaway ni Kristo ang nasa loob ng Simbahan, nadadamitan ng Tungkod at Mitre! Sa gaano kalalang kasamaan ang naabot na nila sa loob ng Simbahan!

Itong Kalipunan ng mga Obispong Palmarian (Palmarian Episcopal College), na ang mga miyembro ay may karangalang tinatawag na mga Obispo ni Maria (Marian Bishops), ay ipinapangaral nila si Maria kahit saan at naghayag sa mga heretikong aral na ibinibigay sa Simbahan, at itinaas ang kanilang makapangyarihang boses laban sa napakaraming nakapasok na mga kaaway sa loob ng Simbahan, at sila ay handang ibuwis ang kanilang mga buhay sa pagtatanggol sa Katolikong Katotohanan, sa pagtatanggol sa mga katuruan ni Kristo, sa patatanggol sa mga Kaluwalhatian ni Maria, sa pagtatanggol sa Pananampalataya sa Kanyang Katoliko at Apostolikong integridad, na buong sumasailalim kay Papa San Pablo VI, ang huling Papa sa Roma.

Binanggit na sa Banal na Kasulatan na ang araw ay darating na ang Mabuting Doktrina ay hindi na mananatili at ang mga huwad na doktor, mga huwad na propeta at mga huwad na pastol ay babangon. Ang mga huwad na pastol sa Simbahan ay tinanggihan ang katotohanan ng El Palmar de Troya. Subalit ang pagiging balido ng progresibong pagkonsagra ng mga Obispo ay bukas sa mas maraming alinlangan, sapagka't wala itong garantiya sa intensyon ng obispong nagkonsagra o sa taong kinonsagra, dahil nga sa pagkakapasok ng mga freemasons sa Simbahan, sapagka't ang mga freemasons na iyon ay mga kaaway ng Simbahan, na nagkukunwaring mga pastol. Kung ganoon, sa harap ng Diyos, ikonsidera natin at tanungin ang Panginoon: Nasaan ang Iyong mga Tunay na Pastol? Hindi Siya magdadalawang isip na sasagot sa atin: Nandoon, sa El Palmar. Ilang mga obispo at mga pari sa mga araw na iyon ay ginagamit ang kanilang sermon kung Linggo tungkol sa politika, panlipunan at ekonomiya, at kinalimutan ang sermon tungkol sa Eternal na mga Katotohanan; at kinalimutang banggitin ang tungkol sa Kaluwalhatian ni Maria, sa mga prebilihing ibinigay ng Diyos sa Prestihiyosong Babaeng Ito! Ilang mga Obispo ang nakahalukip at hinayaan ang napakaraming mga 'pari' na ipalaganap ang maling doktrina sa lahat ng dako! May mga 'pari' sa panahong iyon ang itinanggi ang pagkakaroon ng Impiyerno. At alam nating lahat na ang pagkakaroon ng Impiyerno ay dogma, dahil sa si Kristo mismo ay pauit-ulit na binabanggit ang eternal na apoy sa Banal na Ebanghelyo. Ilan ang tumanggi sa Tunay na Presensya ni Kristo sa Eyokaristiya sa Katawan, Dugo, Kaluluwa at Pagkadiyos! Ilan pang ibang mga Dogma o katuruan ng Simbahan ang kanilang itinanggi! Napakaraming nahaluan ng maling katuruan!

Ang mga Tradisyonal na mga Pari sa lahat ng dako ay hininging damitan ang sarili nila ng katapangan, lisanin ang kanilang mga sweldo at komportableng pamumuhay at pumarito sa Lugar na ito, ang Katedra o Trono, ang Liwanag at Ilaw ng Simbahan, handang tumanggap ng Pagkonsagra ng mga Obispo sa pagtatanggol sa Simbahan. Subali't maraming mga paring nagsasawalang bahala sa kanilang mga parokya at mga katedral sa iba't-ibang mga lungsod, ang nakakaalam na ang kamalian ay nakapasok na sa Simbahan, at sila ay nagsawalang kibo dahil sa kaduwagan, dahil alam nila na ang pumapayag sa maling katuruan ay responsable din katulad doon sa nagpapakalat nito. Sila ay mga duwag, at ang karuwagan ay mas malala kaysa sa mga kamalian ng mga masasamang pastol noong mga nakaraang panahon. Ang pari na nakakaalam na ang kamalian ay itinuturo, na alam na ang Doktrina ay sinisira, at nananatiling tahimik at payapa sa kanyang tungkulin, kumukuha ng kanyang sahod, komportable at hindi nag-aalala, ay hindi

nararapat sa Kaharian sa Langit. Dahil si Kristo ay dapat tularan hanggang sa ating huling hininga; at kung kinakailangan, sa huling tulo ng ating dugo, sa pagkawala ng lahat ng karangyaan, lahat ng pagkakaibigan, kung kinakailangan. Sa isang salita, kahit mawala ang lahat, sa kasabihan ng tao, para makamtan ang Langit. Ilang mga duwag na pari ang mapupunta sa Impiyerno! Sapagka't ang pari ay walang karapatang manahimik, samantalang nakikita niya ang mga kamalian sa kanyang paligid sa mga panahong iyon, at pinayagan ang napakaraming mga pagsasalaula, napakaraming kalaswaan sa loob ng simbahan, napakaraming karumihan, na hindi niya dinadamitan an kanyang sarili ng katapangan at tanggapin ang krus!

May kaunting mga Tradisyonal na mga Pari ang pumunta sa El Palmar de Troya na may katapangan at ang espiritu ng pagiging martir at tumanggap ng konsagrasyon bilang Obispo, bilang mga kahalili ng mga Apostoles, kaisa ang namumuno sa Simbahan, na noon ay si Papa Pablo VI; sila ang kaunti na tumanggap ng Salita ng Diyos na ibinigay dito sa Sagradong Lugar sa pamamagitan ng mga pobreng instrumento, pobre at mahinang makasalanan. Tinanggap nila ang krus, persekusyon, at ipinaglaban ang integridad ng Katoliko, Apostoliko at Romanong Pananampalataya, ipinaglaban ang mga prebilibiyo ng Birheng Maria ang ating Ina. Tinalikuran nila ang kanilang napakadaling katungkulan at pumunta sila sa lugar na ito ng mahirap maipaliwanag, sa lugar na ito ng persekusyon.

Ang Simbahan, na sinabotahe ng mga huwad na pastol, ay dumanas ng panahon ng kalituhan, ng kamalian, ng pagkakawatak-watak, ng heresiya, ng apostasiya. Ang Barko ay dumaan sa mga bagyo na hindi niya pa dinanas sa nakaraan. Maliit lamang na grupo ang nangalaga sa Pananampalataya sa integridad nito. Kailangang ire-establisa ng El Palmar de Troya ang Banal na Tradisyon ng Simbahan, Banal na Katuruan, ang Katolikong Pananampalataya. Ang mga Obispo ng Palmar ay nakipaglaban upang idepensa ang Simbahan at, higit sa lahat, upang ipreserba ang Pananampalataya, Katuruan, Tradisyon, integridad, upang ire-establisa ang Banal na Latinong Tridentine Mass ni San Pius V; at upang ikondena ang mga heresiya at mga mali ng makademonyong progresibismo na naghahari sa Simbahan. Walang panahong kinondena ng Papa ang mga Obispo ng Palmar. Ito ay maluwalhating panahon para sa Simbahan, sa gitna ng panahon ng pagdurusa: ang panahon ng El Palmar kaisa ang Papa, Pablo VI, ang martir ng Batikano. Sa ganoong paraan ang Simbahan ay nag-umpisang bumangon muli, na may mabuting Kalipunan ng mga Obispo sa El Palmar.

Sa Mandato ng Diyos, ang Pamunuan at Katedra o Trono ng Roma ay inilipat sa El Palmar de Troya, nang ang Roma ay naging Dakilang Prostityut sa Huling Panahon (Great Harlot of the Last Times), sa gayon ay natupad ang apokaliptikong pagbagsak ng Dakilang Babilonia (Babylon the Great), o ang lungsod ng pitong bundok.

Ang bagong Banal na Pamunuan ng Simbahan: El Palmar de Troya

Ang sumusunod ay ang Banal na Bibliya sa Aklat ng Apokalipsis: *“Ang dragon ay tumigil sa harapan ng babae na nagbabadyang manganak balak na lunukin ang kanyang anak kapag ito’y ipinanganak na. Siya ay nanganak ng isang batang lalake na mamumuno sa sangkatauhan na may pamalong bakal. At ang anak na ito ay kinuha ng Diyos para Siya ay pagsilbihan, para siya ay iupo sa trono ng Kanyang Pamunuan sa Mundo.”* Ang panganganak na ito sa isang batang lalake ay sumisimbolo sa pagkakapili ni Kristo kay Papa San Gregoryo XVII ang Pinakadakila sa Santa Fe de Bogota, Colombia, noong ika-6 ng Agosto 1978. Ang pagkakapili na ito sa papa ay nangyari pagkaraang mamatay si Papa San Pablo VI, ang huling Papa na may Pamunuan sa Roma. Buhat ng momentong iyon, at sa pagkakalipat ng Banal na Pamunuan sa El

Palmar de Troya noong ika-9 ng Agosto 1978, ang tunay na Simbahan ni Kristo ay ang Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmarian, sapagka't ang romanong simbahan ay nag-apostata.

“Ang dragon ay nagdesisyon na pahirapan nang matindi ang Babaeng nanganak ng batang lalake. Nguni't may dalawang pakpak ng malaking agila ang ibinigay sa Babae upang siya ay makalipad tungo sa disyerto, sa lugar na inihanda ng Diyos para sa kanya; at kung saan siya ay itinago sandali, dalawang panahon at kalahating panahon, sa presensya ng infernal na ahas.” Sa talatang ito ay misteryosong ipinapakita ang paglipat ng Katedra o Trono ng Simbahan galing sa Roma papunta sa El Palmar de Troya ni Papa San Gregoryo XVII ang Pinakadakila. Ang paglipat na ito ay nangyari sa ginawa niyang paglalakbay noong ika-9 ng Agosto 1978 galing sa Santa Fe de Bogota papuntang El Palma rde Troya, Seville, Spain.

Ninain ng Diyos na malaman ng lahat kung saan matatagpuan ang Katotohanan, kung kaya nagbigaay Siya ng mga palatandaan, tulad ng ginawa Niya noong ipanganak si Kristo: *“Ang Panginoong Diyos mismo ay bibigyan kayo ng palatandaan: Obserbahan ninyo ang isang Birhen ay maglilahi at manganganak ng Batang Lalake, at ang Kanyang Pangalan ay tatawaging Emmanuel,”* Para sa mga Banal na Hari ng Oryente, ang milagrosong Bituin ay ang hindi magkakamaling palatandaan na ang Manunubos ay ipinanganak na. Ibinalita ng Anghel sa mga pastol: *“Huwag kayong matakot, sapagka't tingnan ninyo may dala akong balita ng malaking kagalakan, na iyon ay para sa lahat ng tao: sa araw na ito ay ipinanganak sa inyo ang Tagapagligtas, si Kristo ang Panginoon, sa siyudad ni David. At ito ang magiging palatandaan para sa inyo: Matatagpuan ninyo ang Bata sa isang kweba, nababalot ng isang lampin at nakahimlay sa isang sabsaban.”* Pati ang halimaw na si haring Herodes ay may palatandaan din na kung saan ipanganak si Kristo: *“Sa Bethlehem sa Judah, dahil ito ay isinulat ni Propetang Micheas”.*

Sa panahon ding ito, ang Panginoon ay nagbibigay ng mga palatandaan, upang ang lahat ng nais ay malaman kung saan Siya at ang Kanyang Simbahan ay matatagpuan. Ito ay ipinaalam Niya sa pamamagitan ng mga Aparisyon sa El Palmar de Troya. Maliban dito, ipinaalam Niya rin noon pa sa pamamagitan ng Kanyang mga Propeta sa Banal na Bibliya. Iyong mga nais na malaman ang katotohanan, ay hanapin din ito sa Banal na Kasulatan, tulad ng sinabi ng Ating Panginoon sa mga Hudyo: *“Pag-aralan ninyo ang mga Kasulatan, na hinahawakan ninyo bilang garantiya ng inyong eternal na buhay: dahil ito ang nagbibigay ng patunay sa Akin. Subali't, dahil ayaw ninyong pumunta sa Akin upang magkaroon ng buhay, hindi ninyo tinanggap ang mga propesiya, kahit nakikita ninyo ang katotohanan sa mga iyon.”* *“Kung alam ninyo ang magsabi tungkol sa panahon, mabuti man o masama, sa pamamagitan ng kalagayan ng langit, bakit hindi ninyo napapansin ang maliwanag na palatandaan sa mga panahong ito?”* Pag-aralan ninyo ang mga Kasulatan, pagkatapos: sa Apokalipsis ay sinasabi na ang lahat na naghahanap na makamit ang kaligtasan ng kanilang kaluluwa ay kinakailangang lumayo sa nakarimirim na kontrol ng Dakilang Prostityut na nakaupo sa syudad ng pitong bundok (Rome); sapagka't ang kaligtasan ay posible lamang sa loob ng tunay na Simbahan ni Kristo, sa kasalukuyan ay nasa disyerto, at ang syudad ng pitong bundok, na kung saan ang pamunuan at trono ng Dakilang Prostityut ay matatagpuan, ay dapat sirain ng apoy. Madaling maipakita na ang romanong simbahan, dahil sa kanyang prostitusyon, ay naging Dakilang Prostityut, dahil ang kasamaan ng Roma ay nakikita ng lahat; inalis na niya ang mga banal na katuruan ng mga Apostoles; nakikipagkasundo siya sa mga kaaway ni Kristo; nirerespeto niya ang lahat ng relihiyon, ang romanong simbahan sa ngayon, ay pinapastulan ng mga manlilinlang, nangangaral ng katotohanan at kasinungalingan ng sabay. Ang romanong simbahan na ito ay ibinaba at niyurakan ng mga kaaway ni Kristo, siya mismo ay nagbukas ng mga pintuan. Dapat ninyong malaman na ang Tunay na Simbahan ay hindi na romano. Ang Tunay na Simbahan ay Palmarian. Iyan ay nabanggit din sa Apokalipsis, para sa lahat na nais makakita, na kung saan ay sinasabing *“dalawang pakpak ng malaking agila ay ibinigay sa*

Babae para siya ay makalipad papunta sa disyerto, sa lugar na inihanda ng Diyos para sa kanya, at kung saan siya ay itinago pansamantala, dalawang panahon at kalahating panahon, sa presensya ng infernal na ahas.” Sa ganyang paraan tinuran sa propesiya ang paglipat ng Katedra o Trono ng Simbahan galing sa Roma papunta sa El Palmar de Troya. Doon sa mga tumatanggi sa mga palatandaang ito ay nararapat ang katulad na pagkondena ni Kristo sa mga disipulo ng Emmaus: “O baliw at mabagal ang puso para maniwala sa lahat na tinuran ng mga propeta!” At sa iba pang mga palatandaan ay may dagdag ang Apokalipsis: “*At ang infernal na ahas ay hinabol ang Babae, sumusuka ng napakaraming kasamaan, persekusyon, kalituhan, pang-aakit at iba pang napakaraming kasamaan galing sa kanyang bibig, na may layuning mapalapit Siya sa agos at tapusin Siya... Nakita ng Dragon na hindi niya kayang tapusin ang Babae, upang makapaghiganti sa Kanya ay patuloy na nakipaglaban sa Kanyang mga salinglahi, na ang mga sumusunod sa Kautusan ng Diyos at nagbibigay ng matapat na testimonya kay Hesukristo.”* Sa talatang ito ay sinisimbolo ang Simbahang Palmarian na teribleng kinakalaban ni Satanas at ng kanyang mga kampon, higit sa lahat ng freemasonry na pinupuno ang komunikasyon sa media ng kanilang mga paninira at kasinungalingan, at ang mga inimbento nilang mga alamat. Ito ang mga hindi magkakamaling palatandaan na ibinigay ng Diyos sa panahon na ito ng apokalipsis upang ipakita kung nasaan ang Tunay na Simbahan, tulad ng nabanggit sa Banal na Bibliya. Ang demonyo mismo ay ginawang ituro kung nasaan ito, sa pamamagitan nito ay natupad ang propesiya sa apokalipsis. Nasaksihan ng buong mundo ang hindi maubos-ubos na mga eskandalosong paninira na isinusuka laban sa Banal na Simbahang Palmarian ng mga infernal na mga ahas sa pamamagitan ng kanyang mga tagasuporta; sapagka’t iyon mismo ang hindi magkakamaling palatandaang ibinigay ni Kristo sa Apokalipsis.

Ang Pinakabanal na Birheng Maria, bilang Ina, Pastora at Doktor ng Simbahan ay matatag na naaapakan ang ulo ng infernal na ahas. Dahil nakikita ng ahas na ang Simbahan sa kanyang sarili ay siguradong hindi matatalo, naghiganti sa pamamagitan ng paglaban sa kanyang mga anak, ang mga mananampalataya. Ang pagkakaestablisa ng Simbahang Palmarian ay senyal ng pag-uumpisa ng Sagradong Hispano-Palmarian Empire, o Paghahari ng mga Sagradong Puso ni Hesus at ni Maria, kahit na ang Emperyo at Paghahari sa kasalukuyan ay nandoon lamang sa Sagradong Lugar ng El Palmar de Troya o mistikal na apokaliptikong disyerto. Alalahanin natin na ang Banal na Simbahan ng Diyos ay laging kinakalaban mula’t-mula pa sa pagdaan ng mga siglo.

Dahil alam ng demonyo na ang kanyang masamang paghahari dito sa mundo ay malapit nang matapos, lalo niyang pinaigting ang mga pang-aatake laban sa Barko ni Pedro, ang Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmariang Simbahan, na sa kanyang sarili ay matatag at hindi masisira, ay hindi ganoon sa ating mga nakasakay dito, sapagka’t tayo ay madaling madapa sa ilalim ng mga infernal na mga pang-aatake kung hindi tayo magiging mapagmatyag at manatiling gising. Ang mapanlinlang na demonyo at ang kanyang mga plano upang tayo ay makondena sa maraming aspeto ay hindi kayang abutin ng kaisipan ng tao. Alam ng demonyo ang ating mga kahinaan, kung kaya alam niya kung kalian, kung paano at kung saan siya maaaring manukso sa atin para maging madali para sa kanya na matalo tayo. Para magawa niya ito umaasa siya sa napakaraming mga kakampi dito sa mundo, maliban sa lahat ay ang buong impiyerno. Sa kalooban ng Diyos, si Satanas ay nagmamadali sa kanyang pinal na paghahanda para sa kanyang publikong pagpapakilala sa mundo bilang antikristo-persona, na ibig sabihin taong demonyo, na ipakikilala ang kanyang sarili bilang si Kristo mismo, para tuksuhin ang mga bansa at ibigay ang kanyang huli at pinal na pakikipagbaka laban sa Banal na Simbahan.

Ang Simbahan ay may misyong magturo ng moralidad sa mundo. Kung mayroon mang kumontra at magprotesta na may karapatan siyang manamit ayon sa kanyang nais, ipinapakita niya na hinayaan niya

ang kanyang sarili na mapasailalim sa freemasonry sa Batikano, sapagka't ang pananamit nang maayos ay batas na ibinigay ng Diyos, muli ay itinuro ng mga Apostoles, at itinuro ng Simbahan sa loob ng mga siglo hanggang praktikalmenteng inalis ng apostatang romanong simbahan, na hindi na banal. Gayundin, ang sinumang magsabi na ang ibang relihiyon ay may karapatang maniwala at magturo kung anuman ang naaayon sa kanila, ay kumontra sa kautusan ni Kristo sa mga Apostoles: *"Humayo kayo, kung ganoon, at turuan ang lahat ng tao, binyagan sila sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo, turuan sila na gawin ang lahat ng mga bagay na iniutos Ko sainyo. Ang sinumang naniniwala, bininyagan at gumagawa, ay maliligtas; at ang sinumang hindi, ay makokondena."* Ang mga antipapa ng apostatang romanong simbahan ay maling ipinapahayag na ang lahat ng relihiyon ay mabuti at inspirasyon mula sa Diyos.

Wala bang sinumang nais buksan ang kanilang mga mata at makita ang katotohanan? Pinahintulutan ito ng Diyos upang tulad ng sa Ebanghelyo, *"nakakakita subali't hindi nila nakikita at nakakarinig subali't hindi nila naririnig o naiintindihan."* Doon sa patuloy na nananangan sa kanilang masamang gawi, si Hesus, na rumerespeto sa kalayaan ng tao, ay hinahayaan sila sa gitna ng sarili nilang kadiliman, hinahayaan ang demonyo na lalong patigas ang kanilang mga puso, kung kaya kakaunting liwanag lamang ang nasa kanila upang maligtas ang kanilang mga sarili. Tulad ng babala ng Pinakabanal na Birheng Maria sa Palmar: *"Hindi magtatagal ang antipapa ay maghahari, ang kalituhan ay magiging terible. Ang tunay na Papa ay hindi magkukulang, nguni't napakaraming panalangin ang kinakailangan upang makita ang Liwanag."*

Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa Kanyang mga Aparisyon ay ipinakita sa atin kung paano ang magdasal upang makamtan ang Liwanag: Inestablisa Niya ang Banal na Rosaryong Penitensyal (Holy Penitential Rosary) na napapalooban ng limang mga Misteryo; sa bawa't Misteryo ay sampung kompletong Our Father, Hail Mary, Glory be at Hail Mary Most Pure, sa bawa't bead. *"Kinakailangang muling eestablisa ang Banal na Rosaryong Penitensyal ng mga Ama Namin sa lahat ng Senakulo; sapagka't, kung hindi, ang Liwanag ay hindi darating, at kayo ay mabubuhay sa kadiliman. Kinakailangang magdasal kayo ng Banal na Rosaryong Penitensyal kahit dalawang tao lamang ang matira. Ang pinakaimportanteng bagay ay ang pagdarasal, at hindi ang numero ng mga tao... Higit sa lahat, dakilang katatagan sa pagdarasal ng Banal na Rosaryong Penitensyal. Huwag ninyong kalimutan... Nguni't iyong mawawalan ng Liwanag ay mawawala sa sarili nilang kagustuhan; sapagka't tinuturuan ko kayo na sundin ang daang matuwid. Pasayahin ninyo ang Ama sa Langit sa pamamagitan ng Rosaryong Penitensyal... Mag-ingat kayo! Mag-ingat kayo! Sapagka't si Satanas ay maglulunsad ng maigting na giyera laban sa Rosaryong Penitensyal."* *"Maliliit Kong mga anak: kaunti na lamang ang sasabihin Ko sainyo buhat ngayon, dahil ang oras ay darating na Ako ay magtatago sa disyerto. Tingnan ninyo, maliliit Kong mga anak: ang oras ay darating, sa susunod na pamumuno ng Papa, na kung saan ay magkakaroon ng dalawang Papa: ang tunay at ang antipapa. Ito ay magiging oras ng kadiliman at kaguluhan na hindi pa nangyari sa Kasaysayan ng Simbahan. Ang pagbabasa, kultura, siyensya, sining ay magiging walang pakinabang sa paghahanap ng Liwanag; tanging pagdarasal, pagtitika at kababaang loob... Iyong yumuyuko sa harap ng Diyos, nagdarasal at humihingi ng Liwanag, ay makakamtan ito... Tingnan ninyo kung paano, sa Kalbaryo, na kung saan si Hesus ay nakapako sa Krus, ang pinunong mga pari at mga pariseyo ay sinabihan Siyang bumaba sa Krus para sila ay maniwala sa Kanya. Subali't kahit may kapangyarihan Siya para gawin iyon, hindi Niya ginawa; dahil walang sinuman ang pwedeng hamunin ang Diyos para magbigay ng katibayan; kundi iyong may kababaang loob na humihingi para doon ay makatatanggap ninyon. (1973)*

Sa pagkakaapostata ng romanong simbahan, ay nawala nito ang pagiging tunay na Simbahan ni Kristo noong ika-6 ng Agosto 1978, sa pagkamatay ni Papa San Pablo VI at ang pagluklok sa pagiging Papa ng

kanyang lehitimong kahalili na si Papa San Gregoryo XVII ang Pinakadakila; sapagka't noong araw na iyon ang Espiritu Santo ay umalis sa lahat ng miyembro ng simbahan iyon, dahil nga ang Espiritu Santo ay ang Kaluluwa ng tanging Tunay na Simbahan, ang Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmarian. Datapwa't, ang romanong simbahan, tulad ng iba pang mga apostatang sekta, ay napanatili ang ibang mga kapangyarihan hanggang iyon ay totalmenteng inalis ni Papa San Gregoryo XVII ang Pinakadakila, sa pamamagitan ng kanyang Apostolikong Konstitusyon noong ika-30 ng Hulyo, 1982; na kung saan, buhat sa momentong iyon, tanging sa loob ng tunay na Simbahan, ang Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmarian, ang Ordinasyon ng mga Pari at Konsagrasyon ng mga Obispo, ang pagbibigay ng mga Sakramento, gayundin ang iba pang akto tungkol sa ministro ng mga pari, ay nanatili ang kanilang pagiging balido. Noong ika-6 ng Agosto sa taong 1978, makaraang mamatay si Papa San Pablo VI, ang Espiritu Santo ay umalis sa Batikano patungo sa El Palmar de Troya sa pagkakapili kay Papa San Gregoryo XVII.

Ang immortal na Papa San Gregoryo XVII, *de Gloria Olivae*, bilang espiritwal na legasiya, ay nag-iwan sa Simbahan ng walang kapantay na halagang kayamanan ng kanyang maningning na Doktrina at matibay na disiplina. Ang marami niyang mga Papal ng Dokumento, ang iba't ibang teyolohikal at moral na komposisyon, at ganoon din ang Banal na Palmarianong Bibliya (Holy Palmarian Bible), ay mga hindi mapapasubaliang testimonya sa kanyang mayamang gawaing pangdoktrina. Sa panahon ng Maluwalhating pagiging Papa ni Papa San Gregoryo XVII, ang dalawang Banal, Dakila at Dogmatikong Palmarianong Konseho (Holy, Great and Dogmatic Palmarian Councils) ay isinagawa, na lalo pang nagpayaman sa kaban ng doktrina ng Simbahan. Iyon ay parehong nagtagal ng dalawampung taon, at naging unang kompletong gawaing Konseho sa kasaysayan, sapagka't ito ay nagtatalakay sa buong Katuruan ng Simbahan (Ecclesiastical Magisterium), na may malaking teyolohikal na progreso, sa gayon ay natupad ang maraming Katolikong mga propesiya tungkol sa hindi mapantayang mga konsehong ito. Nakagawa sila ng unang dogmatikong Bibliya, naalis ang maraming mga halong mali; ang unang dogmatikong Moral na Teyologo (Moral Theology), ang Kasulatan ukol sa Misa (Treatise on the Mass), at iba pa.

Samantala, ang antipapang si Juan Pablo II, ay ang naging pinakadakilang tagapagpalaganap ng mga heresiya at iba pang mga kamalian sa mga Huling Panahon na ito na kung saan tayo ay nabubuhay. Si Juan Pablo II ay ang ama ng kasumpa-sumpang modernong syncretism o pagsasama-sama ng iba't-ibang klase ng mga sekta. Sa presensya ng mga romanong mananampalataya mismo at ng mga pinuno at mga bagong miyembro ng ibang mga relihiyosong sekta, ang antipapang si Juan Pablo II, na punong-puno ng kakapalan ng mukha, na nagkukunwaring papa at pinuno ng tunay na simbahan, ay buong katusuhang inihayag na ang eternal na kaligtasan ay karapatan ng kahit na anong relihiyon, at wala ni kahit na anumang pag-aalinlangan ay ginamit si Kristo bilang basehan ng kanyang pagtatakip sa mga mali niya. Halimbawa, ayon sa turo ni antipapang Juan Pablo II ay mayroong mga paraan upang maligtas: ang romano dahil sa kanyang heretikong mga paniniwala; ang mga orthodox, mali sa tawag sa kanila dahil sila ay heterodox, ayon sa mga heresiya ng kani-kanilang pagkakahiwa-hiwalay (schisms); ang mga buddhist ayon sa mga turo ni Buddha, ang mga muslim ayon sa koran; ang mga protestante ayon kay luther, calvinist, anglican, at iba pang mga heresiya, ang mga Hudyo ayon sa Talmud, at iba pa. Dagdag pa, si Antipapang Juan Pablo II kahit saan ay inihahayag ang kasumpa-sumpang ecumenism o mga prinsipyo o mga kaugalian ng iba't-ibang relihiyosong grupo na ikinalat ng nakasisirang Vatican II conciliabulum. Nakipagkita siya sa karamihan sa mga lider ng mga relihiyoso sa mundo, ginawang pareho ang mga layunin sa mga turo ng ibang mga relihiyosong pagkumpisal, at sa paggawa niya nito ay ipinroklama ang kanyang sarili bilang nakikitang pinuno ng lahat ng mga umiiral na sekta. Subali't sa kanyang maingat ng pagkukunwari,

ipinakilala niya ang kanyang sarili na animo'y siya ang pinakapinuno ng tunay na simbahan ni Kristo, na may layuning ito ay ikonsiderang isa rin lamang na sekta, at sa paraang ito ay mawalan ng kredito ang simbahan sa mata ng mundo, at mawalan din ng kredito ang Awtoridad at Katuruan ng Tunay na Bikaryo ni Kristo, na nang panahong iyon ay ang Soberenyang Palmaryanong Papa na si Papa San Gregoryo XVII ang Pinakadakila, *de Gloria Olivae*. Ang nakatatatong na antipapang si Juan Pablo II, habang sinisikap niya ang pagkakaisa ng mga simbahan at nagsasalita sa maraming mga tao, ay pinayagan ang kanyang mga bagong miyembro ng romanong simbahan na mabuhay sa pinakamalaking kaguluhan sa moralidad hanggang sa kasalukuyan.

Si antipapa Juan Pablo II ay pangunahing tagapagtanggol ng mga masasamang pangkasalukuyang agos ng politika, buong kumukontra sa Hindi Magkakamaling Katuruan ng Simbahan (Church's Infallible Magisterium), sapagka't dahil sa kanyang pag-arte na kunwari ay banal, siya ay patuloy na may magandang relasyon, na kumpletong idolohikal na kasunduan, sa mga pangunahing lider political, na kahit pa niyayakap niya bilang ama ang iba sa kanila, na kung saan ipinapakita niya sa mundo na walang anumang hindi pagkakaintindihan sa pagitan ng kasalukuyang sistemang political at ang Hindi Magkakamaling mga Katuruan ng Simbahan, na sa katotohanan ang dalawa ay sadyang magkasalungat; dahil iyong iba't-ibang mga politikal na rehimen ay napakaraming mga batas na sumasalungat sa Banal na Batas ng Diyos at sa mga katuruan ng Tunay na Simbahan ni Kristo. Si Juan Pablo II ay dakilang tagapagtanggol ng demokrasyang political, kontra sa Batas ng Diyos, sapagka't ang temporal na kapangyarihan ay hindi nasa mga tao, kundi nasa taong binigyan ng Diyos ng kapangyarihan upang gamitin ang kapangyarihang iyon.

Si antipapa Juan Pablo II ay ang pinakadakilang tagapagpalaganap ng pangkasalukuyang pagkakaparepareho ng mga relihiyon. Sa harap ng maraming mga tao, ay tuso niyang pinalabas na ang tunay na Katolikong Relihiyon ay hindi ang Tanging Tunay na Isa, kung kaya maaari itong palitan ng alinmang ibang relihiyon; at ang resulta, na ang kaligtasan ay posible sa kahit na aling huwad na mga relihiyon. Si Juan Pablo II ay nagkukunwari bilang tagapagdala ng tunay na katolikong pananampalataya, ay siyang pangunahing tagawasak, at kaya paulit-ulit na nasa kanyang mga labi ang Pinakabanal na mga Ngalan ni Kristo at ni Maria, sa paraang ito upang linlangin ang mundo nang mas madali. Sa maraming teatrong inakyat ni Juan Pablo II sa buong mundo, bilang isang dakilang aktor alam niya kung paano dayain ang mga tao.

Sa propesiya ni San Malachias tungkol sa mga Papa, ang mottong "De Labore Solis" ay tumutukoy kay antipapa Juan Pablo II, ang ibig sabihin ay "Eklipse ng Araw". Dahil si Juan Pablo II ay walang takot na pumagitna sa pagitan ng Araw, na ang Kanyang Kabanalan Papa Gregoryo XVII, at sangkatauhan, na nagresulta sa pinakamalaking espiritwal na eklipseng nangyari hanggang ngayon. Si antipapa Juan Pablo II, ay ang nakikitang pinuno ng freemasonry, ay nasa kailaliman ng eternal na apoy sa impiyerno.

Ang kahalili niya ngayon, isa pang total na heretiko, ay ang kasalukuyang nakikitang pinuno ng Vatican freemasonry at matapat na tagasunod sa kanyang signipikanteng ama sa heresiya, si Juan Pablo II, kahit sa ibang bagay ang asal niya ay animo'y kontra sa kanyang mga sinundan. Si Papa Pedro III, *de Gloria Ecclesiae*, ay ang lehitimong Kahalili sa Trono ni San Pedro, na may Apostolikong Pamunuan sa El Palmar de Troya.

Tanging isang Simbahan lamang ang Tunay na Simbahan ni Hesukristo, sapagka't hindi Siya nagtatag ng mahigit sa isa at tanging Simbahan. Ang Simbahang iyon ay ang Palmaryanong Katolikong Simbahan o Palmarian Catholic Church.

Ang tunay na Simbahan ni Hesukristo ay iyong kung saan matatagpuan ang lehitimong kahalili ni Pedro, dahil kay Pedro ibinigay ni Hesus ang susi sa Langit at siya ring inilagay Niya na Pinakapinunong Pastol ng kanyang mga tupa. Si San Pedro ang unang Papa, at ang susi ng mga lehitimong kahalili ni Pedro ay makikita nang walang patlang hanggang sa kasalukuyang Pinakamataas na Pinuno ng Katolikong Simbahan, ang Palmaryanong Papa (Palmarian Pope). Ang Simbahan ng Ating Panginoong Hesukristo ay ang Simbahan ng Papa: Kung nasaan si Pedro, naroon ang Simbahan. Kung ganoon walang simbahan o taong nakahiwalay sa Papa, maging sa pamamagitan ng heresiya o rebelyon, ang nagsasabuhay ng tunay na Relihiyon ni Hesukristo.

Si Hesukristo ay hindi nagtatag ng mahigit sa isa at tanging Simbahan at nilagyan Niya ito ng apat na karakter o palatandaan upang ito ay makilala nang may kumpletong kasiguruhan. Ang Simbahan ni Hesukristo ay dapat: *Isa*, sa Kanyang namumuno, sa kanyang doktrina, sa kanyang mga moral, sa kanyang paraan ng kaligtasan; *Banal*, sa kanyang mga katuruan, sa kanyang mga batas, sa kanyang mga gawi, sa kanyang mga miyembro, sa kanyang mga gawain; *Katoliko*, nakakalat sa lahat ng dako ng mundo; *Apostoliko*, pinamumunuan ng lehitimong kahalili ng mga Apostoles, na tanging pinagkatiwalaan ng Banal na Maestro upang mangaral ng ebanghelyo sa buong mundo.

Ang Simbahang itinatag ni Hesukristo ay *Isa, Banal, Katoliko at Apostoliko*. Ito ang apat na mga naiibang palatandaan ng Tunay na Simbahan na, malinaw na palatandaan sa Ebanghelyo at ginawang dogma sa Kredo ng mga Apostoles at ang Kredo ng Nicene, binanggit nang may katiyakan ang Palmariano Katolikong Simbahan, at tanging ang Palmariano Katolikong Simbahan.

Ang Simbahang Palmarian ay *Isa* sa Pananampalataya, dahil ang Katotohanang ipinahayag ng Diyos ay pareho para sa lahat; siya ay *Isa* sa pamamahala, dahil may isang tanging nakikitang namumuno, na ang Papa, na kung saan ang mga pastol at mga mananampalataya ay sumusunod; isang tanging Pananampalataya, isang tanging batas at isang tanging pagsamba. Ang Kanyang mga mananampalataya, nakakalat sa buong rehiyon ng mundo, ay nagbibigkas ng parehong kredo at parehong mga panalangin, nag-oobserba ng parehong mga patakaran at nakikipartisipa sa parehong mga Sakramento at parehong Banal na Pagsamba.

Ang masonikong romanong simbahan, sa kabilang dako, ay hindi isa, sapagka't ito ay yumayakap sa lahat ng iba't-ibang kredo, sapagka't ang layunin nito ay maging masaya sa pakikipagrelasyon sa lahat ng relihiyon. Ang tanging hindi kasama ay ang isang tunay, ang Palmarian, dahil ito ay naiiba sa lahat, dahil ang Katotohanan ay walang kinalaman sa mali. Ang apostatang romanong simbahan ay nawala ang pagiging isa sa pagsamba sa pagpapakilala ng mga bernakular na lengwahe, at hindi rin isa sa morals o doktrina, dahil ito ay nagtuturo at kinokonsente ang lahat ng uri ng direksyon.

Ang Simbahang Palmarian ay *Banal*: siya ay may banal at nakakapagpabanal na doktrina, ang Ebanghelyo sa lahat ng kanyang integridad, at ang tunay na epektibong paraan ng pagiging banal, ang mga Sakramento. Siya ay hindi tumitigil sa paggawa ng mga Santo, na mga siguradong palatandaan upang makilala ang pagiging banal ng Simbahan, dahil malinaw na iyong mga natatangi dahil sa kanilang kabanalan ay pinamamahayan at ginagabayan ng Espiritu ng Diyos; ang daan na kanilang tinatahak ay hindi maaaring ang daan ng mali. Ang Simbahang Palmarian ay Banal dahil ang nagtatag sa kanya ay Banal, banal ang kanyang doktrina, banal ang kanyang mga layunin at ang marami sa kanyang mga kasapi ay banal. Siya ay Banal sa kanyang mga Katuruan, sa kanyang mga batas at sa kanyang banal na mga gawi.

Ang romanong simbahan, sa kabilang dako, ay nawala ang pagiging banal sa lahat ng aspeto: Inalis nito ang Banal na Sakripisyo ng Misa, ang bukal ng lahat ng kabanalan, ginawa niya itong bangkete. Inabandona nito ang buhay ng pagdarasal sa lahat ng kasapi nito, tulad ng mga rosaryo, mga nobena at iba pang pangpublikong debosyon na dating mayroon. Pinayagan nitong pumasok ang mga heresiya, rasyonalismo, liberalismo, Darwinismo, sa ganoong paraan ay ipinapakita niya ang pagtangga sa dating banal na doktrina at moralidad na ilang siglo nang pinapairal ng Simbahan. Pinapayagan nito ang kanyang mga kasapi na pumunta sa mga sinehan at manood ng telebisyon na ang mga pelikulang pinalalabas ay hayagang kontra sa Diyos at sa Katolikong Pananampalataya, Doktrina at Morals. Hinahayaan nitong ipakita o ipalabas ang sukdulang nakakainsulto at nakakasalaula sa Persona ng Ating Panginoong Hesukristo, tulad ng nakaririmarim, nakakainsulto, sakrelihiyoso at heretikong pelikulang may pamagat na 'Jesus Christ Superstar'. Sa pelikulang iyon, na gawa ni Satanas mismo, ay ginawang katatawanan si Hesus, ang Hesus ay ipinakita na may pagkasosyalista at rebolusyonaryong tendensiya, at ibinibigay din ang impresyon na Siya ay taong may bisyo. Maraming romanong mga pari at mga obispo ay pinuri hanggang langit ang satanikong pelikulang ito. Ang bawa't obispo na pumapayag sa iba na magturo ng heresiya, o ang mas malala pa, ang sumuporta dito sa pagbibigay papuri dito, ay nahuhulog sa heresiya; at kung ganoon ay iniekskomunyon niya ang kanyang sarili sa Simbahan at nawawala ang kanyang pagiging pastol ng mga tupa. Ang Obispo ay obligadong ikondena ang heresiya at pangalagaan ang mga tupa at pangalagaan ang tunay na Pananampalataya, at ang sinumang Obispo na pumayag sa pagtuturo ng heresiya, ay awtomatikong nagiging heretiko. Sa pagpayag at pagpapalaganap ng gayong mga pagkakasala laban sa Diyos, ang herarkiya ng romanong simbahan ay nagpapakita na ang kanilang simbahan ay hindi na banal o katoliko o apostoliko.

Kapag ang impostor ay naglalayong akitin ang tao, nag-iingat siya na huwag maglagay ng anumang sakripisyo sa katwiran o sa pasyon. Siya ay nagdedeklara ng kalayaan at kasarinlan; siya ay nagpapalaganap ng lahat ng masamang karaniwang nararamdaman ng puso; nagbubukas siya ng malawak na daan para sa kataasan ng paningin sa sarili (pride), sa inggit, sa senswalidad. Iyan ang sekreto ng brutal na tagumpay ni Mohammed, ni Luther, ni Calvin, at ng lahat ng mga imbentor ng mga huwad na relihiyong pantao. Iyan mismo ang paraang sinunod ng mga antipapa at iba pang mga matataas ang katungkulan na nagpapalakad sa apostatang romanong simbahan makaraang mamatay si San Pablo VI.

Sa kabaliktaran ang Banal na Palmariang Simbahan ay nangingibabaw sa palaging pagsunod sa Banal na Tradisyon ng Simbahan at iba pang mga gawain na humahantong sa kabanalan; ang paggamit ng sagradong abito, ang sotana; ang Banal na Misa sa Latin, sa Altar at hindi sa lamesa ng lutheran; ang Banal na Komunyon na nakaluhod at sa dila, na maaring hawakan ng Pari lamang; prusisyon at benediksyon na kasama ang Pinakabanal na Sakramento araw-araw; ang mahigpit na pagiging desente sa pagpasok sa Bahay ng Diyos; ang Sakramento ng Kumpisal, na indibidwal o hindi sabay-sabay; ang solemneng mga pagpupugay na ibinibigay sa mga Sagradong Imahen; ang paggamit ng Banal na Eskapularyo, mga medalya at mga rosaryo at ang pagdadasal ng Rosaryong Penitensyal. Ang mga ganyang mga gawain ay kinakailangan sapagka't ang Kristiyano ay dapat mamuhay ayon sa kanyang pagkaintindi at paniniwala.

Ang Simbahang Palmarian ay *Katoliko*, sapagka't siya ay unibersal, sapagka't niyayakap niya ang lahat ng katotohanan at ito ay para sa lahat ng mga tao; sa kasalukuyan, dahil sa malaking pag-aapostata, ang pagiging Katoliko ng Simbahan ay hindi na nakikita sa karamihan ng kanyang mga kasapi. Siya ay Katoliko o unibersal din, sa lahat ng panahon: buhat kay Kristo hanggang sa paglipas ng mga siglo siya ay nagpapatuloy. Ang romanong simbahan, sa kabilang dako, ay nawala ang pagiging katoliko, dahil ito ay

naging bagong masonikong simbahan na pinasimulan ng lutheranismo, datapwa't ito ay sarkastikong matatawag na 'katoliko o unibersal' dahil ito ay nagyayakap ng lahat ng mali.

Higit sa lahat, ang Simbahang Palmarian ay *Apostoliko* dahil sa kanyang pinanggalingan at sa kanyang doktrina: kasama ng Kredo ng mga Apostoles, ay kinonserba niya ang lahat ng mga turo at tradisyon ng mga apostoles; at Apostoliko dahil sa patuloy na pagsasalin ng kanyang mga Papa. Ang mga Papa ay galing kay San Pedro I, at ang mga Obispo ay mga lehitimong kahalili ng mga Apostoles. Ang pagiging Apostoliko ang pangunahing palatandaan ng Simbahan ni Hesukristo. Ang Simbahan ay nagprepreserba at nagtuturo ng doktrina ng mga Apostoles. Ang Simbahang Palmarian ay Apostoliko sa kanyang pinagmulan, sa kanyang mga turo at sa apostolikong pagsasalin ng kanyang mga Obispo, na nanggaling sa mga Apostoles.

Ang romanong simbahan, sa kabilang dako, ay nawala na ang kanyang pagiging apostoliko, sapagka't tinanggihan nila ang doktrina, mga turo at mga tradisyon ng mga Apostoles; tinaggihan nila hindi lamang ang apostolikong mandato para sa babae na takpan ang kanyang ulo sa simbahan, subali't ang mas malaking kautusan ng mga apostoles na "lumayo sa mga heretiko", na matapat na ginagawa ng Simbahan sa pagdaan ng mga siglo. Ang Roma ay hindi na nagtuturo ng Doktrina ng mga Apostoles, at sa gayon sila ay nasasailalim sa anatema ni Apostol San Pablo: "*Kung sinuman sa ating mga Apostoles ni Kristo, o pati na ang anghel mula sa Langit, ang magturo sa inyo ng Ebanghelyong iba sa dati nang itinuro namin sa inyo, siya ay maaanatema o iitatakwil.*" Maliban dito, ang romanong simbahan ay hindi na matatawag na apostoliko dahil nawala na nito ang garantiya ng apostolikong pagsasalin sa kanilang mga obispo, mula nang ang pagsasalin na iyon ay naputol ng mga freemason at mga komunistang nakapasok sa herarkiya nito sa loob ng maraming mga taon, at sila ay hindi tunay na mga pari o obispo, at kung ganoon anti-pari o kontra sa pari at anti-obispo o kontra sa obispo, at sa gayon ay hindi sila makapaglipat ng apostolikong pagsasalin. Kung kaya marami sa romanong simbhang ordinasyon sa pagpari at konsagrasyon sa Obispo ay mga imbalido, at ang kanyang mga ministro kung ganoon ay hindi maaaring magpatunay nang may kasiguruhan na sila ay balidong naordenan. Maliban dito, buhat noong 1982, wala nang sakramento sa romanong simbahan ang naging balido.

Ang tunay na Simbahan ay Palmarian, sapagka't ang kanyang Pamunuan sa ngayon ay nasa El Palmar de Troya, Seville, Spain buhat nang ang Katedra o Trono ni San Pedro ay inilipat doon galing sa Roma, sa pagkamatay ng huling Papa sa Roma, si San Pablo VI, noong Agosto 1978. Dagdag pa dito, ang tunay na Simbahan ni Kristo ay hindi maaaring magkaroon ng pagkasira, hindi matatalo at hindi mawawasak, sa mismong pangako ng Kanyang Banal na Nagtatag: "*ang lagusan ng Impiyerno ay hindi magtatagumpay laban sa Kanya*".

Ang Simbahang Palmarian, kung ganoon, ay ang *tanging tunay na Simbahan ni Hesukristo*, sapagka't si Kristo ay hindi nagtatag ng mahigit sa nag-iisa at solong Simbahan, dahil hindi Siya nagturo ng mahigit sa isa at solong doktrina at hindi nagtalaga ng mahigit sa isa at solong Namumuno.

Walang relihiyosong sosyedad na hiwalay sa Kanya ang may pagkakaisa sa doktrina at sa pamamahala; wala sa kanila ang nagkakaroon mga Santo; wala sa kanila ang bumabalik kay Hesukristo; at walang kahalili ng mga Apostoles bilang mga lehitimong superior. Wala sa mga relihiyosong sosyedad na iyon ang nasa kandungan nila ang lehitimong kahalili ni Pedro, ang Pinuno at Sentro ng buong Simbahan, kahit ang apostatang romanong simbahan ay buong katusuhang nagkukunwari na ganoon sila. Kung kaya hindi sila ang Simbahan ni Hesukristo.

Ang Kristiyanong Relihiyon ay hindi matatagpuan maliban sa Palmaryanong Katolikong Simbahan o Palmarian Catholic Church. Hindi ibinigay ni Kristo ang kapangyarihan para magturo ng Relihiyon, ang magbigay ng Grasya at gabayan ang mga tao sa eternal na kaligayahan maliban sa Kanyang Simbahan. Kung kaya walang sinumang nagkusang lumabas sa Kanya ang nagsasabuhay sa Relihiyon ni Hesukristo, bagkos siya ay hindi sumusunod kay Hesukristo. Ang Palmaryanong Katolikong Simbahan o Palmarian Catholic Church ay ang tunay na Simbahan ni Hesukristo, at kung ganoon ay banal. Ito ay ang Simbahan ng Papa, kahalili ni San Pedro, ang solong Simbahan na isa, banal, katoliko apostoliko at Palmarian.

Sa mga unang siglo ng Kristiyanidad hanggang bago dumating ang vatican II conciliabulum, nang ang progresibong gawain ng pagsira ay nagsimulang lumitaw, ang apat na palatandaan ay makikita: Ang Simbahan ay isa, banal, katoliko at apostoliko. Nguni't ngayon, buhat nang ilipat ang Apostolikong Pamunuan sa Palmar de Troya noong 1978, sa Roma ang mga palatandaang iyon ay malinaw na nawawala, sapagka't ang romanong simbahan ay walang ibang ipinapakita kundi ang kapangitan at apostata, kahi't gaano man nito sinusubukang itago sa pamamagitan ng pagpapakita ng kabanalan. Ang tunay na mga palatandaan ng katotohanan ay ang eksklusibong pag-aari ng Banal na Palmariang Katolikong Simbahan.

At sa pagpapatuloy pa, ang mga Obispo at mga kardinal mismo ng romanong simbahan ay nakita nila ang katotohanan na hindi na sila ang nararapat na mga ministro ng Diyos, dahil hindi na nlia isinasakatuparan ang misyon at hindi na rin ipinaiiral ang banal na kapangyarihang ipinagkatiwala ng Panginoon sa Kanyang mga Apostoles. Ibinigay ni Hesukristo sa Kanyang Simbahan ang tatlong kapangyarihan: Kapangyarihang magturo upang ituro ang mga katotohanang ipinahayag; pastoral na kapangyarihan upang pamahalaan ang mga tao at akayin sila Langit; kapangyarihan bilang pari upang linisin sila sa kanilang mga kasalanan, pabanalin sila at gawin silang karapat-dapat na makita ang Diyos. Ang Roma ay hindi nagtuturo ng doktrina nang may kapangyarihan, dahil ang pinapahalagahan nito ay ang mga heresiya at ibang mga relihiyon; hindi nito ipinaiiral ang pastoral na kapangyarihan sapagka't, sa halip na akayin ang tao sa Langit, pinapayagan nitong apak-apakan ang mga Batas ng Diyos, at hindi rin nito ipinaiiral ang kapangyarihan bilang pari buhat nang alisin nito ang Banal na Sakripisyo, at ginawa itong isang bangkete.

Sa labas ng Simbahan ang pagtututro ng tunay na doktrina ay hindi posible, dahil tanging sa loob ng Simbahan ang Sagradong Deposito ng Makadiyos na Pagpapahayag ay inilalagak sa kaluluwa; sa labas ng Simbahan ay hindi possible ang pagpapastol ng kaluluwa, sapagka't ang mga pastol na iyon ay mga kaaway ni Kristo at ni Maria; sa labas ng Simbahan ang ministro ng pagpapari ay hindi possible, dahil ang kanilang mga sakramento at mga misa ay hindi balido, sapagka't hindi sila maaaring magkaroon ng pananatili o pakikiisa ni Kristo sa Pusong.

Itinatag ng Diyos ang Simbahan upang maliwanagan ang mga tao, gawin silang mas mabuti o kahit na perpekto at akayin sila sa Langit; kung kaya ang tunay na Simbahan ay dapat banal. At tulad ng naturan na, ang Simbahang Palmarian ay banal sa kanyang Doktrina, sapagka't ipinapatupad niya ang lahat ng katangian at kinokondena ang lahat ng mga bisyo; siya ay banal sa kanyang mga Sakramento na nagbibigay ng kabanalan at tibay sa kabanalan upang isagawa ang pinakamagandang mga katangian. Ang tunay na Katolikong Palmarian ay mayroon niyon na hindi matatagpuan kahit saan: ang pagkatakot na magkasala sa Diyos, pagsisisi sa kanyang mga kasalanan, na pinapatawad sa Sakramento ng Pagkumpisal at ganoon din ang pagmamahal sa pagdarasal at ang pakikipag-ugnayan sa Diyos.

Napakaprestihiyoso ang Paring Katolikong Palmarian; siya ang eksaktong kabaliktaran ng mga ministro ng mga anti-churches o mga kontra sa simbahan, na ang mga paring romano, ang mga pastor ng

protestante, ang papa ng orthodox, ang rabbi ng hudyo, at iba pa, sapagka't tanging siya lamang ang nag-aalay ng Banal na Sakripisyo. Ang Relihiyosong Palmarian ay nagsasagawa ng ebanghelikal na perpekasyon sa pamamagitan ng pagsumpa ng katapatan sa kahirapan, kabinian at pagkamasunurin, na lagi nang ipinaiiral sa Simbahan.

Ang pagkakaisa ay selyo ng mga gawain ng Diyos, at ang tunay na Relihiyon ay dapat pagkaisahin ang mga tao upang magkaisa tungo sa Diyos; dapat ay pagkaisahin ang mga isipan sa katotohanan at ang mga puso sa pag-ibig. Dapat ito ay magkaroon ng nagkakaisang puwersa upang makagawa ng isang solong sosyedad ng isang buong Simbahan. Tanging ang Palmarian Catholic Church ang nagpapakita ng perpektong pagkakaisa ng mga isipan sa pamamagitan ng bokasyon ng isang solong Pananampalataya, pagkakaisa ng mga isipan sa pagsasailalim ng lahat ng mananampalataya sa isang Pinakamataas na Namamahala at pagkakaisa ng mga puso sa isang solong pag-asa at sa isang solong pag-ibig.

Tungkol sa hindi nagbabagong katatagan ng Simbahan, isang araw sinabi ng Ating Panginoong Hesukristo kay Simon Pero: *"Ikaw si Pedro at sa batong ito ay itatayo Ko ang Aking Simbahan, at ang lagusan ng Impiyerno ay hindi magtatagumpay laban sa Kanya."* Nakakamanghang pangako! Ang taong walang mahimlayan ng Kanyang ulo ay pinili ang pobreng mangingisda bilang Tagapagtatag at Pinuno ng malawak at hindi matitinag na kaharian. Si Pedro ay nagtatag ng kaharian na nagpatuloy buhat noong dalawampung siglo ang nakaraan, sa gitna ng lahat ng rebolusyon sa sanlibutan at sa kabila ng mga pagsusumikap ng mundo at ng impiyerno na magkatuwang upang sirain siya. Naitala na sa Kasaysayan: ang pinakamakapangyarihang mga emperador o mga pinuno ay kinalaban siya nang buong tapang at sila ay natalo. Natalo sila, at ang mga kahalili ni Pedro ay nanatiling nakatayo; siya ay nasa El Palmar de Troya, nandoon siya kasama ang kanyang krus, at gumagawa ng mga batas para sa kaunting Katolikong mananampalataya ay patuloy na naninindigan sa disyertong ito; subali't pagdating ng panahon, ang kanyang tinig ay maririnig sa buong uniberso.

Ginawa ni Hesukristo ang Kanyang Simbahan bilang imbakan at tagapagbantay ng Kanyang mga katuruan, ng Kanyang kapangyarihan at ng Kanyang mga grasya. Kung kaya, sa labas ng Simbahan ni Hesukristo, ay walang posibleng kaligtasan.

Dagdag pa, ang Simbahan ay may tatlong esensyal na karakter: *nakikita, walang hanggan at hindi nagkakamali.*

Ang ibig sabihin ng *nakikita* ay ang Simbahan ay nakikita at kinikilala ng mga tao bilang relihiyosong sosyedad na itinatag ni Hesukristo. Kung siya ay hindi nakikita, ang tao ay hindi makakatanggap galing sa kanya ng doktrina ni Hesukristo, ng Kanyang batas o ng Kanyang grasya; kung kaya wala silang magiging obligasyong sumapi sa kanya, dahil hindi nga nila nakikita o makikilala siya.

Ang *walang hanggan* o hindi masisira ang ibig sabihin ay ang Simbahan ay dapat magpatuloy nang walang interapsyon o patlang hanggan sa katapusan ng mundo, at hindi magbabago sa pag-aalaga sa kanyang doktrina, sa kanyang mga moral at sa kanyang pagsamba. Itinatag ni Hesukristo ang Kanyang Simbahan para sa lahat ng tao at para sa lahat ng panahon.

Ang *hindi nagkakamali* ay ang pribelihyong ibinigay sa Simbahan na kung saan siya ay hindi maaaring manlinlang o linlangin pagdating sa pagtuturo ng doktrina ni Hesukristo. Ito ay ang partikular na tulong ng Espiritu Santo, na naghahadlang sa Simbahan na mahulog sa pagkakamali.

Ang isang taong hindi nagkakamali ay siya, na sa ngalan ng Simbahan, ay may misyon at may karapatan upang ihayag ang katotohanang ipinahayag ng Diyos at ikondena ang salungat na kamalian; ibig sabihin, ang Papa. Ibinigay ni Hesukristo kay Pedro ang kapangyarihang hindi magkamali.

Sa isang salita, alalahanin natin na noong ika-labing anim (XVI) na siglo maraming mga bansa ang nag-apostata sa Pananampalataya dahil sa protestantismo; noong ika-dalawampung (XX) siglo ang pag-aapostata ay lalong dumami dahil ang romanong simbahan ay pinahintulutan ang pagbaba ng moralidad, heresiya at ang pagpasok ng mga kaaway na nagbalatkayo. Si Papa Pablo VI ay naging prisionero sa Vatican, isinailalim sa droga at inilayo sa mga gawain ng kanyang mga kaaway. Noong siya ay mamatay noong ika-6 ng Agosto 1978 ang Vatican ay nahulog nang lubosan sa mga kamay ng freemasonry, ang Ating Panginoong Hesukristo noon ay tapat na tinupad ang Kanyang solemneng pangako na tutulungan ang Kanyang Simbahan at hindi pahihintulutan ang lagusan ng impiyerno na magtagumpay laban sa Kanya. Si Kristo mismo ang pumili sa kahalili ni San Pablo VI: Si Papa San Gregoryo XVII, ang Papa na natuto ng magandang doktrina sa kaparehong seminaryo ni Apostol San Pedro, sapagka't natuto siya direkta galing sa Panginoon at galing sa Kanyang Pinakabanal na Ina sa Kanilang napakaraming mga aparisyon at mga mensahe. Sa pagtupad ng propesiya sa Apokalipsis, ang Banal na Pamunuan ay noon inilipat galing sa Roma patungo sa lugar na inihanda ng Diyos sa disyerto ng Palmar de Troya.

Ang Panginoon ay tinupad ang Kanyang pangako na mamalagi sa Kanyang Simbahan

Nakatutuwang makita kung paano ang Panginoon ay tinupad ang Kanyang pangako na mananatili sa Kanyang Simbahan hanggang matapos ang panahon at ang lagusan ng impiyerno ay hindi magtatagumpay laban sa Kanya. Ang Ating Panginoong Hesukristo ay lagi nang nakaalpas sa mga atake ng Kanyang mga kaaway: Ang Sagrada Pamilya ay nagtago sa Ehipto upang makalayo kay haring Herodes; at nang si Hesus ay ihuhulog sa bangin doon sa Nazareth, Siya ay dumaan sa gitna ng Kanyang mga kaaway at umalis; at kahit na noong gabi ng Kanyang Pasyon nang Siya ay dinakip, ay itinumba sa lupa ng Panginoon ang Kanyang mga kaaway upang ipakita na Siya ay maaaring makatakas sa kanila. Alam Niya rin kung paano gumawa ng paraan upang iligtas ang Kanyang Simbahan, tulad noong himalang pinalaya Niya sa preso ang unang Papa San Pedro. Sa El Palmar, ang Ating Panginoon at ang Kanyang Pinakabanal na Ina ay naghanda ng Relihiyosong Order, ng Kalipunan ng mga Obispo at ng Simbahan, at sa mismong araw na ang huling Papa sa Vatican, si San Pablo VI, ay namatay, ang Panginoon mismo ay pumili ng kanyang kahalili, ang bagong Papa, at sa ganoon ay inilipat ang Banal na Pamunuan sa Palmar de Troya. Sa ganito ay nagsagawa Siya ng maraming mga gawain: Pinalaya Niya ang Banal na Simbahan sa kamay ng kanyang mga kaaway; nilinis at pinaganda Niya siya, kung kaya siya ay nagniningning tulad ng isang kanlungan sa disyerto, dahil ang grupo na nagbibigay pugay sa Diyos at tumutupad sa Kanyang Banal na Batas sa gitna ng nabubulok na mundo; at pinalaya Niya ang mga tunay na Katoliko sa masasama at huwad na mga pastol na, tulad sa mga bulag na umaakay, ay dinadala sila sa maling daan. Sa pagkakalipat na ito, pinarusahan Niya ang masasamang katoliko, iyong mga inabandona ang magandang moralidad at ang buhay ng pagdarasal na nararapat sa mga disipulo ni Kristo, at kung saan sila ay nawalan ng mga Sakramento at nawalay sa Mabuting Pastol, nakalubog sa karimlan na ngayon ay namamayani kahit saan. Sa pagkamatay ni Papa San Pablo VI, nang pinili ni Kristo si San Gregoryo XVII bilang bagong Papa, ay hindi na posible ang balidong conclave o pagpili ng panibagong papa sa Roma, kahit pa ang mga kardinal ay tunay, dahil nga nang mga oras na iyon si Gregoryo XVII na ang Papa at wala nang iba pang papa ang posible.

Ang iba ay magsasabi na si Kristo ay hindi maaaring makialam at personal na pumili ng Papa, dahil ang Papa ay dapat piliin sa pamamagitan ng conclave o pagpili ng panibagong Papa sa Vatican. Iyon ay hindi

totoo, dahil magiging kalapastangan na sabihing ang Diyos, Maylalang at Panginoon ng lahat, ay walang karapatang makialam sa ganoong bagay. Maliban dito, si Kristo mismo ay nangako na mananatili sa Kanyang Simbahan 'sa lahat ng panahon hanggang sa matapos ang mundo', at sinigurong hindi Niya pahihintulutan ang lagusan ng impiyerno na magtagumpay laban sa Kanya. Kung sakali mang nakakapagtaka na si Kristo ay nakialam at pumili ng Papa, mas lalong nakapagtataka kung si Kristo ay hindi tinupad ang Kanyang pangako at hinayaang nasira ang Kanyang Simbahan: iyon ay napakaimposible.

May malaking pagkakahawig ang pag-aapostata ng mga hudyo dalawang libong taon na ang nakakaraan at ang pag-aapostata ng Roma sa ating panahon. Ang mga hudyo, sa nakaraang panahon ay ang mga taong pinili ng Diyos, tinanggihan nila si Kristo at, pinangunahan ng masamang herarkiya o pamunuan, ay kinondena Siya sa kamatayan. Ang Panginoon ay dati na silang binalaan: *"Kung kaya sinasabi ko sainyo na ang Grasya ng pagiging isa sa Kaharian ng Diyos ay babawiin sainyo at ibibigay sa mga taong magbibigay ng prutas"*; tinutukoy ang mga Hentil, na tatanggap ng Kanyang Ebanghelyo. Ipinaliwanag ito ni San Pablo: *"Nakalulungkot, nang si Kristo ay dumating upang magturo ng Ebanghelyo, ang Pananampalataya sa Kanya ay natakpan sa nakararaming mga hudyo, dahil sa kanilang katigasan ng ulo; kung kaya tinutupad pa rin nila ang batas ni Moises, dahil ang tabing ng batas na iyon ay maaalis lamang kung tatanggapin ang Batas ng Ebanghelyo. At kahit ngayon, kapag sila ay nagbabasa kay Moises, ang tabing ay nakalagay sa kanilang mga puso, nahahadlangan silang makita si Hesukristo sa kanilang binabasa. Datapwa't, kapag sila ay makonbert kay Kristo isang araw, ang tabing ay maaalis sa kanila."* Ang mga hudyo at ang kanilang herarkiya ay nawala sa pagiging kaisa sa Kaharian ng Diyos at si Kristo ay pumili ng mababa ang loob na mangingisda upang maging Pinuno ng Kanyang Simbahan.

Ganoon din sa Roma, sa ilalim ng pamumuno ng masasamang herarkiya, ang lahat ng ating nakita ay nangyari, at ang mga traydor na miyembro ng romanong simbahan ay nahulog sa ialim ng anatema o pagtakwil tulad ng traydor na hudyo, muli natupad ang mga salita ng salmo: *"At ang kanilang mga mata ay magdidilim sa paraang, nakikita ang katotohanan, hindi nila ito kikilalanin."* Ang propesiya ni Isayas, na binigyang diin ni Kristo sa Ebanghelyo, ay naaangkop sa parehong kaso: *"Makakarinig kayo at hindi ninyo mauunawaan ang mga misteryo; makakakita kayo, at datapwa't magiginng bulag sa liwanag ng Katotohanan. Dahil ang puso ng mga taong ito ay napakatigas, si Satanas ay lalong tinakpan ang kanilang mga tainga, isinara ang kanilang mga mata at pinagdilim ang kanilang pang-unawa, para hindi sila makonbert at matanggap ang kaligtasan galing sa Akin."* Dahil ginaya nila ang ugali ng mga anak ni Satanas at tinanggihan ang mga banal na katuruan, kaya sa ganitong paraan ay iniawasan nila ang tungkulin sa konbersyon, at tinanggihang isaisang-tabi ang kanilang kataasan at iwaksi ang kanilang masasamang moralidad, ang Banal na Maestro, na nire respeto ang kanilang kalayaan, ay pinabayaan sila sa kanilang sariling kadiliman, at hinayaan ang demonyo na lalo pang patigasin ang kanilang mga puso. Subali't ang Maawaing Diyos ay hinahayaang nakabukas ang pinto sa kanila para bumalik sa kawan: Ibinibigay Niya ang liwanag doon sa may kababaang loob at nagpupunyaging humingi ng tulong sa Pinakabanal na Birheng Maria.

Ang Simbahan ay hindi maglalagi nang habang panahon sa disyerto, subali't *"pansamantala, dalawang panahon at kalahating panahon"*, tulad ng tinuran sa Apokalipsis. Ang Pangatlong Digmaang Pandaigdig ay magiging parusa ng Diyos sa malaking pangkalahatang pag-aapostata ng romanong simbahan, na kung saan ay magkakaroon ng unibersal na kalituhan na lalabas na para bang ang katapusan ng mundo ay dumating na. Ito ay magdadala ng malaking pagkaramdam ng pagkakasala sa maraming tao, na kikilalanin ang nararapat na parusa ng Diyos para sa kanilang malaking mga kasalanan.

Samantala, mabuting pakinggan ang mga babala ni Kristo sa El Palmar: “Maghanda kayo, Aking mga anak. Magkaisa kayo sa ilalim ng Kapa ng Pinakabanal na Birheng Maria, dahil ang antipapa ay gugulatin ang Simbahan ng nakakagimbal. Tanging sa panalangin at sa madalas na pagtawag sa Kanya na Unibersal na Tagapamagitan ng lahat ng grasya at mga prebilibiyo kayo ay makakasunod sa tunay na Papa.” (1971)

Ang mga tunay na Papa sa mga Huling Panahon na ito ay sina:

Papa San Juan XXIII, *Pastor et Nauta*. (28-10-1958 hanggang 3-6-1963). Siya ang sinundan ng pinakahuling tunay na Papa na may Pamunuan sa Roma. Ang Maluwalhating Papang ito, dahil sa kanyang kabaitan at kasimplehan, ay inabuso ng mga kaaway ng Simbahan. Si Papa San Juan XXIII ay pinuwersa at ginamit ng mga freemason. Ang Vatican Council II, tungkol sa progreso at kongklusyong narating nito, ay hindi gawa ng Espiritu Santo, sa halip ay ng demonyo.

Papa San Pablo VI, *Flos Florum*. (19-6-1963 hanggang 6-8-1978). Huling tunay na Papa na may Pamunuan sa Roma. Ang buhay ni Papa San Pablo VI ay huwaran at puno ng katangian. Si San Pablo VI, dahil alam niya ang mga Aparisyon at mga Mensahe galing sa Langit, kahit kalian ay hindi kinondena ang Gawain ng El Palmar de Troya, o ang principal seer o pinagpapakitaan na si Clemente Dominguez y Gomez. Sa loob ng malaking parte ng kanyang pagiging Papa, ang maluwalhating Papang ito ay ipinasailalim sa droga ng mga masasamang miyembro ng Roman Curia o may matataas na katukungkulan sa layuning pahinain ang kanyang isip at ipasailaim sa kanilang mga kagustuhan. Makaraang mamatay si Papa San Pablo VI, ay naganap sa romanong simbahan ang kanyang pangkalahatang pag-aapostata at nawala ang pagiging Tunay na Simbahan ni Kristo. Kung kaya sina Juan Pablo I, Juan Pablo II, Benedicto XVI, Francisco, at lahat ng kanilang mga kahalili ay mga antipapa.

Papa San Gregoryo XVII ang Pinakadakila, *De Gloria Olivae*. (6-8-1978 hanggang 21-3-2005). Ang may stigmatang principal seer o pinagpapakitaan sa Sagradong Lugar ng El Palmar de Troya, si Clemente Dominguez y Gomez, na sa bandang huli ay naging Obispo Padre Fernando sa Order, ay ipinanganak sa Seville, Spain. Noong ika-6 ng Agosto 1978, habang si Obispo Padre Fernando ay nasa Santa Fe de Bogota, Colombia, ay namatay si Papa San Pablo VI. Buhat sa araw na iyon, sa plano ng Diyos, si Padre Fernando ay patuloy na inukupa ang Upuan ni San Pedro sa pangalang Gregoryo XVII, de Gloria Olivae; dahil kasama ng mga Apostoles na sina San Pedro at San Pablo, ang Ating Panginoong Hesukristo, ay dumating at inilagay ang Sagradong Tiara sa ulo ng bagong Papa na, misteryoso at solemne, ay sa gayon kinoronahan. Maliban sa iba pang mga bagay, sinabi ng Panginoon sa kanya: “*Ang Dakilang pagiging Papa ng Kaluwaltihan ng Oliba ay nagsimula na. Tanging ang simple at may kababaang loob sa puso ay makakakilala sa kanya na tunay na Papa: Papa Gregoryo XVII.*” Inihayag Niya rin sa kanya na sa conclave o pagpili ng Papa sa Roma ang antipapa ay lilitaw. Noong ika-9 ng Agosto ng taon ding iyon, ang Bikaryo ni Kristo, San Gregoryo XVII, ay dumating sa El Palmar de Troya buhat sa Colombia, at sa misteryosong paraang ito ang Katedra o Trono ni San Pedro ay inilipat buhat sa Roma patungo sa El Palmar de Troya, na naging Apostolikong Pamunuan ng Tunay na Simbahan: Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmarian, na tinatawag ding Palmarian Christian Church of the Carmelites of the Holy Face. Sa ganoong paraan nagsimula ang kasaysayan ng Papacy o pagkakaroon ng Papa sa El Palmar de Troya.

Papa San Pedro II ang Dakila. *De Cruce Apocalyptica*. (21-3-2005 hanggang 15-7-2011) Sa mundo, Manuel Alonso Corral, at hindi nagtagal Obispo Padre isidoro Maria. Siya ay ipinanganak sa Cabeza del Buey, Badajoz, Spain. Siya ay Kalihim ng Estado sa buong panahon ng pagiging Papa ni Papa San Gregoryo XVII, at Co-Founder o katuwang na nagpundar ng Order of Carmelites of the Holy Face. Noong ika-24 ng Oktobre ng taong 2000, ay itinalaga siya ni Papa San Gregoryo XVII ang Pinakadakila bilang kanyang kahalili

sa Katedra o Trono ni San Pedro. Si Papa San Pedro II, ay may hindi matatawarang katapangan, ay pinastulan ang kawan ng Simbahang Katolikong Palmarian. May tunay na responsibilidad at katapatan sa mga plano ng Diyos, ay ipinagpatuloy niya ang pagkompleto ng paglimbag ng Banal na Bibliyang Palmarian (Holy Palmarian Bible) at iba pang mga Dokumento, ang natatangi sa huling nabanggit ay ang kanyang mga Apostolikong Sulat at mga Mensahe ng Palmar. Ang Palmarian History of the Church o Ang Palmarianong Kasaysayan ng Simbahan ay bunga rin ng kanyang maluwalhating pamumuno bilang Papa. Inihayag niya nang walang pagkakamali na ang Antikristo ay ipinanganak sa taong 2000, sa Bethlehem, parehong bayan kung saan ang Ating Panginoong Hesukristo ay ipinanganak. Si Papa San Pedro II ay namatay sa kabanalan sa Sagradog Lugar ng El Palmar de Troya noong ika-15 ng Hulyo 2011.

Ex-Papa Gregoryo XVIII ang apostata. *Receptor Christi.* (15-7-2011 hanggang 22-4-2016). Sa mundo, Gines Jesus Hernandez Martinez, siya ay ipinanganak sa Puebla de Mula, Murcia, Spain. Lumahok siya sa Order noong 1984, at naging Padre Sergio. Ginawa siyang Kalihim ng Estado ni San Pedro II at pinangalanan bilang kahalili niya sa pagiging Papa. Dahil sa kanyang kataksilan sa Diyos, nakalulungkot na ang papang ito ay nag-apostata sa Simbahan noong Abril 2016, tatlong taon makalipas niyang italaga ang kanyang Kalihim ng Estado, ang Pinakapinagpipitagan Padre Eliseo Maria bilang kanyang kahalili sa pagiging Papa.

Ang Kanyang Kabanalan Papa Pedro III. *De Gloria Ecclesiae.* (Simula 22-4-2016 hanggang sa kasalukuyan). Sa mundo, Markus Josef Odermatt, pagkaraan naging Obispo Padre Eliseo Maria. Siya ay ipinanganak sa Stans, Nidwalden, Switzerland. Siya ay galing sa angkan ni San Nicolas ng Flue, isang ermitanyo noong ikalabing limang siglo, pinagpipitagan sa Switzerland bilang Ama ng kanyang Bayan, na ang tanging pagkain sa loob ng dalawampung taon ay Banal na Komunyong, at siya ay nagtagumpay na palayain ang kanyang bansa sa mapanganib na digmaang sibil, at himalang tinulungan ang Switzerland na hindi madamay sa Una at Pangalawang Digmaang Pandaigdig. Ang Bandila ng Nidwalden Canton ay nakalarawan ang selyo ng papa na Susi sa Kaharian ng Langit para sa pagpupugay sa kanilang patron na si San Pedro Apostol. Si Obispo Padre Eliseo Maria ay lumahok sa Order of Carmelites of the Holy Face noong 1985, at naging misyonero sa Timog Amerika sa loob ng labingwalong taon. Siya ay Kalihim ng Estado sa buong panahon ng pagiging Papa ng ex-Papa Gregoryo XVIII. Noong 2013 ay itinalaga siya ni ex-Papa Gregoryo XVIII bilang kahalili sa Katedra o Trono ni San Pedro. Si Papa Pedro III ay pinanatili ang bagong kalendaryo sa Banal na Araw ng Palmarian, na nagsisimula sa ika--20 ng Marso at natatapos sa paggunita ng Linggo ng Muling Pagkabuhay, sa ika-27 ng Marso; at ang ika-25 ng Marso, ang araw na kung saan ang Ating Panginoong Hesukristo ay namatay, ay laging sa Paggunita ng Biyernes Santo, kahit na ano pang araw ng linggo ito ay pumatak. Sa mundo ng pangkalahatang pag-aapostata, ang Kanyang Kabanalan Papa Pedro III, bilang Mabuting Pastol ng mga kaluluwa, sa paraan ng kanyang mga Apostolikong Sulat, ay matapang na ipinaglalaban at inihahayag ang Sakrosanto o Pinakabanal na Doktrina at Morals, sa paraang ito ay nilalabanan ang mali at iba pang pagkabulok ng moralidad.

Galing sa Mistikal na Disyerto ng El Palmar de Troya, Ang Kanyang Kabanalan Papa Pedro III, bilang Tunay na Bikaryo ni Kristo, ay patuloy na pinapastulan ang kawan ng Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmariang Simbahan na ipinagkatiwala sa kanya ng Banal na Nagtatag, ang Ating Panginoong Hesukristo. Sa mundo ng pangkalahatang pag-aapostata, itong Dakilang Caudillo del Tajo ay matatag at buong tapang na nilalabanan ang kasalukuyang mga mali at kabulukan, sa ganitong paraan ay inihahanda niya ang pagdating ng apokaliptikong mga kaganapan, na matatapos sa Maluwalhating Ikalawang Pagdating ni Kristo, na ngayon ay napakalapit na.

Ang Simbahang Palmarian, bilang nangungunang Prekursor o tagapagdala ng balita, ay naghahanda ng daan para sa Pagbabalik ni Kristo upang itatag ang Kanyang Misyanikong Kaharian sa Mundo, nakikipagdigma nang buong tapang sa panahong ito ng Apokaliptikong Kasaysayan sa mga mali at panlilinlang na ikinalat ni Satanas, na hindi magtatagal ay ipapakilala na ang kanyang sarili sa publiko bilang ang antikristo, ang tao ng kasamaan.

Panuntunan ng Palmarian sa Pagiging Desenteng Kristiyano

sa pagpasok sa Bakuran ng Simbahan sa El Palmar de Troya

Mga Lalake

Pantalón: Ang mga lalake ay dapat laging nakasuot ng mahabang pantalon. Dapat ay hindi hapit, nababakat o naaninag.

Polo o damit pang-itaas: Dapat ay mahaba ang manggas hanggang sa pagitan ng kamay at braso, nakabutones lahat hanggang kolar, para ang braso at dibdib ay kumpletong natatakpan hanggang sa pagitan ng leeg at balik. Dagdag pa, ang polo o damit pang-itaas ay dapat hindi hapit, nababakat o naaninag.

Medyas: Kahit na anong edad, ang mga lalake ay obligadong magsuot ng medyas na natatakpan ang kahit hanggang bukong-bukong.

Jeans o Pantalóng Maong: Ang maong ay hindi pinapayagang isuot sa pagpasok sa Banal na Bakuran ng El Palmar.

Mga Desenyo, mga letra at mga logo: Ipinagbabawal ang pagsuot ng damit pang-ibabaw na may anumang uri ng malaking mga letra o disenyo (hayop, sasakyan...) o brand name o logo.

Sapatos: Ang sapatos na pang-isports o gamit sa gym ay hindi maaaring isuot sa Bakuran ng Palmar, at pati na sa loob ng Simbahan.

Buhok: Hindi ito kinakailangang mahaba, may kulay o nakatayo sa dulo. Hindi rin maaaring magsuot ng hikaw o magpabutas ng katawan o magkaroon ng tattoo.

Doon sa ang edad ay mababa sa katorse: Maaari silang magsuot ng maikling pantalon na natatakpan ang tuhod, subali't sa lahat ng iba pa ay tulad ng disiplina sa nakatatanda sa kanila.

Mga Babae

Damit: Dapat ay mahaba ang manggas hanggang sa pagitan ng kamay at braso, at maliban dito dapat ay natatakpan hanggang sa pagitan ng leeg at balik para maiwasan ang pagiging haka. Dapat ay hindi hapit, nababakat o naaninag, at dapat katamtaman ang haba para, kapag nakaupo, ay hindi nakikita ang tuhod. Dapat ay walang bukas o "slits".

Palda: Hindi dapat deretso ang tabas o "tube skirts", hindi rin pwede ang hapit, nababakat at naaninag at dapat katamtaman ang haba para, kapag nakaupo, ay hindi nakikita ang tuhod. Dapat ay walang bukas o "slits".

Pantalón: Kahit na sa anumang dahilan ang babae ay hindi maaaring magsuot ng pantalon, dahil ang damit na ito ay naaayon lamang sa lalake.

Blusa: Dapat ay mahaba ang manggas hanggang sa pagitan ng kamay at braso, at dapat natatakpan hanggang sa pagitan ng leeg at balikat para maiwasan ang pagiging haka. Dapat ay hindi rin ito hapit, nababakat o naaninag.

Jeans o Pantalong Maong: Ang maong na pananamit ay hindi pinapayagan sa pagpasok sa Sagradong Bakuran ng El Palmar.

Mga Desenyo, mga letra at mga logo: Ipinagbabawal ang pagsuot ng damit pang-ibabaw na may anumang malaking mga letra, mga disenyo (hayop, sasakyan...) o brand name o logo.

Sapatos: Ang sapatos na pang-isports o gamit sa gym ay hindi maaaring isuot sa Bakuran ng Palmar, at pati na sa loob ng Simbahan.

Medyas/Stockings: Ang mga babae ay dapat magsuot ng stockings na dapat ay makaabot man lang hanggang tuhod, o kaya ay tights na gawa sa anumang materyal.

Doon sa ang edad ay mababa sa katorse: Sila ay magsusuot ng kahit medyas, subali't sa lahat ng iba pa ay tulad ng disiplina sa nakatatanda sa kanila. Maliban dito, doon sa mababa sa katorse ang edad, kung nais nila, maaari silang magsuot ng stockings o tights.

Dagdag pa, sa pagpasok sa Sagradong Lugar ng Lentisko, ang mga babae ay dapat may takip na belo ang kanilang ulo, at ang mga lalake ay wala.

PALMARIAN CHRISTIAN CHURCH

OF THE CARMELITES OF THE HOLY FACE

“Finca de Nuestra Madre del Palmar Coronada”,

Avenida de Jerez, No 51

41719 El Palmar de Troya,

Utrera, Seville, Spain

Sa iba pang katanungan, sumulat sa: Apartado 4058, 41080 Seville, Spain